

Sermon: “No Condemnation” (Rom. 8:1-3)

 treasuringchristph.org/2020/06/01/sermon-no-condemnation-rom-81-3

Bago mag-lockdown, nasa series tayo ng **1 Corinthians**. Natapos natin hanggang chapter 11. Then nung April, nagseries tayo ng **Habakkuk**. Then halos buong May, after a break ng isang Sunday, meron tayong mga guest preachers. Iniisip ko kung kelan mag-resume ang 1 Corinthians. Pero sa tingin ko ay mas makakabuti kung ituloy natin ‘yan kapag nakakapag-gather na tayo ulit as a church.

Ngayong online pa lang ang connection natin, I am excited to announce na magsisimula tayo ngayon ng bagong series sa buong chapter ng Romans 8. Twelve (12) weeks siguro ‘yan, at least. Di naman natin kailangang madaliin ‘to, at mahirap mabilisan. Mas maganda dahan-dahan, hinihimay mabuti, tinitikman at nilalasap ang sarap ng mga salita ng Diyos na nagbibigay sa atin ng comfort and assurance lalo na ngayong mapait ang mga nararanasan natin dahil sa coronavirus pandemic (globally) at iba-iba pang pain and sufferings and struggles na nararanasan natin (personally).

Nananatiling unwavering ang conviction ko as your pastor—at prayer ko na kayo rin as Christians—na ang kailangan nating sandalan at tayuan sa mga panahon ngayon ay hindi kung anu-anong ideya o opinyon lang ng tao kundi ang matibay na katotohanan at doktrina na nanggagaling sa Bibliya. We need solid food, hindi sweet candies or junk food.

Kaya pag-aaralan natin ang Romans 8. Medyo meron din akong personal bias dito. Kasi ito ang pinakapaborito ko sa lahat ng chapters sa Bibliya. This is—for me and for many others—the most wonderful, the most magnificent chapter in all of Scripture. Lahat naman mahalaga sa Bibliya, siyempre. “All Scripture is...profitable” (2 Tim. 3:16). Pero meron talagang sadyang nangingibabaw sa lahat tulad ng Romans 8. And as a pastor, kapag pinuntahan ko kayo sa ospital o sa bahay and you are dying—ilang oras na lang ang binibilang mamamatay ka na—hindi Habakkuk, hindi 1 Corinthians, hindi Leviticus ang babasahin ko sa inyo. Guess what? Romans 8!

‘Yan ang binasa ko kay Nanay Edna, late last year, sa ospital ilang araw bago siya mamatay dahil sa cancer. At hindi lang kapag mamamatay ka na siyempre, kundi lalo na ngayong buhay na buhay pa tayo pero nararamdaman natin na ang buhay ay “fragile: handle with care”—yung panahong tulad nito na we need assurances and comfort at hinahanap natin kung saan manggagaling ang mga yun. Hindi naman sa tao, hindi sa circumstances natin. Kasi pabago-bago ‘yan, it may change for the better, or for the worse. Para lang tayong mga damong malalanta, “but the word of the Lord remains forever. And this word is the good news that was preached to you” (1 Pet. 1:24-25).

Salita ng Diyos ang kailangan natin, mabuting balita. Hindi na natin kailangang hanapin, kasi nandito na, nakasulat sa Romans 8. Heto ang ilang sample:

- There is therefore now no condemnation for those who are in Christ Jesus. (v. 1)
- For if you live according to the flesh you will die, but if by the Spirit you put to death the deeds of the body, you will live. (v. 13)
- The Spirit himself bears witness with our spirit that we are children of God, and if children, then heirs—heirs of God and fellow heirs with Christ, provided we suffer with him in order that we may also be glorified with him. (vv. 16-17)
- For I consider that the sufferings of this present time are not worth comparing with the glory that is to be revealed to us. (v. 18)
- Likewise the Spirit helps us in our weakness. For we do not know what to pray for as we ought, but the Spirit himself intercedes for us with groanings too deep for words. (v. 26)
- And we know that for those who love God all things work together for good, for those who are called according to his purpose. (v. 28)
- What then shall we say to these things? If God is for us, who can be against us? (v. 31)
- He who did not spare his own Son but gave him up for us all, how will he not also with him graciously give us all things? (v. 32)

- Who shall separate us from the love of Christ? Shall tribulation, or distress, or persecution, or famine, or nakedness, or danger, or sword? As it is written, “For your sake we are being killed all the day long; we are regarded as sheep to be slaughtered.” No, in all these things we are more than conquerors through him who loved us. For I am sure that neither death nor life, nor angels nor rulers, nor things present nor things to come, nor powers, nor height nor depth, nor anything else in all creation, will be able to separate us from the love of God in Christ Jesus our Lord. (vv. 35–39)

I-memorize mo lahat ‘yan. Actually, mas maganda kung buong chapter. So that is my challenge to you. Every week, memorize yung passage natin, then dagdagan the following week, hanggang makumpleto mong makabisado ang buong chapter. Nung nasa courtship stage pa lang kami sa relationship namin ni Jodi, kinabisado namin ‘yan. Mas lalo kaming na-inlove sa isa’t isa. (Yung mga singles diyan, tip ito sa inyo.) But really, mas mai-in-love ka kay Lord. Kasi may mga panahon—and maybe nangyayari during quarantine ngayon—na nanlalamig ang pag-ibig mo sa Panginoon. Natatabunan na ng ibang mga kinahuhumalingan mo. O baka dahil sa hirap ng panahon ngayon, nagkakaroon ka na ng pagdududa sa pag-ibig ng Diyos sa ‘yo. Akala mo nanlalamig ang pag-ibig niya para sa ‘yo kasi continuous ang mga struggles mo sa kasalanan, o walang katapusan ang kahirapang dinaranas mo.

“Blessed Assurance”

Tulad ng classic hymn na “Blessed Assurance”—na siyang title ng series natin—yan din ang prayer ko na maranasan nating lahat—kung ano ang tamis ng nakay Jesus, sabi nga sa salin sa Tagalog ng awit na ‘yan. Sa paglalakbay natin verse by verse sa chapter na ‘to, prayer ko rin na matuklasan natin—at ito ang magbibigay sa atin ng mas matibay na assurance—“How the Gospel Leads Me Home” (na siya namang subtitle ng series). Mula sa v. 1 na message na “no condemnation” hanggang sa v. 39 na message na “no separation”, let us pray for these words from God sink deeper sa isip at puso natin at hindi na mabunot pa ng anumang hirap, sakit, at pagdurusa na mararanasan natin sa buhay.

Nakasulat sa Romans 8 ang “vast rhapsodic (meaning, extravagantly emotional) expansion of the analysis of Christian assurance and hope contained in 5:1–11. Paul wants the glory of their salvation, rather than the depressing reminder just given of their continuing sinfulness, to fill his readers’ minds and bring joy to their hearts” (The Reformation Study Bible). Yes, we don’t deny or minimize yung mga struggles natin sa kasalanan, we don’t deny or minimize yung mga sufferings na nararanasan natin. Pero hindi tayo dun nakafocus. Hindi yun ang pinagtutuunan natin ng pansin. Dahil kung yun ang focus natin, we will be more depressed, mababawasan lalo ang assurance natin, panghihinaan tayo ng loob. Anumang takot, pangamba, pag-aalala, kabalisahan ay nag-uugat sa pag-focus natin masyado sa kung ano ang ginawa o ginagawa natin, o sa sarili nating determinasyon na gawin ang mga dapat gawin, sa halip na alalahanin ang mga gospel realities—kung ano ang ginawa ng Diyos para sa atin, our new identity in Christ, at sa kanyang unwavering commitment na tuparin at tapusin ang lahat ng ipinangako niya para sa atin. Ito ang sinimulan niyang ipaalala sa atin sa vv. 1–4:

There is therefore now no condemnation for those who are in Christ Jesus. For the law of the Spirit of life has set you free in Christ Jesus from the law of sin and death. For God has done what the law, weakened by the flesh, could not do. By sending his own Son in the likeness of sinful flesh and for sin, he condemned sin in the flesh, in order that the righteous requirement of the law might be fulfilled in us, who walk not according to the flesh but according to the Spirit.

Romans 8:1-4 ESV

No Condemnation (v. 1)

Simula pa lang sa v. 1, jam-packed na ng solid gospel realities. “There is therefore now no condemnation for those who are in Christ Jesus” (ESV). “Kaya nga, wala na ngayong kahatulang parusa sa sinumang nakay Cristo Jesus” (my translation). Yung salitang “therefore”/”kaya nga” ay nag-uugnay sa mga naunang sinabi ni Pablo. Kung babasahin mo ang chapter 7, wala namang klaro at direktang koneksyon dito. Maliban na lang siguro dun sa problemang dulot kapag maaalala mo ang laki ng kasalanan mo—in the past, pati sa ngayon. “Oh wretched man that I am” (7:24)! So gustong i-address ni Pablo ang problemang yun. Siyempre kailangan nating alalahanin yung bad

news of our sinful condition apart from grace—pero mas dapat nating alalahanin yung good news. Ito ngayon ang pinapaalala ni Pablo, na restatement lang din at hawig sa chapter 5. Parang itong chapters 6–7 ay parenthesis sa flow of thought ni Paul (ayon kay Martyn Lloyd-Jones) to deal with a specific issue tungkol sa kung patuloy bang magkakasala gayong pinatawad na ang mga kasalanan natin at itinuring na matuwid dahil kay Cristo (justification by faith alone).

Sabi niya kasi sa 5:1, “Therefore, since we have been justified by faith, we have peace with God through our Lord Jesus Christ.” Ayos na ang relasyon natin sa Diyos—justified na tayo, itinuring na matuwid by grace alone through faith alone in Christ alone. Pero dito sa 8:1, hindi lang sinabi ni Paul na “there is therefore now justification for those who are in Christ Jesus.” Pwede naman. Pero negative ang restatement niya. “No condemnation.” Yung salitang “no” ay nasa simula ng sentence sa Greek, may diin o emphasis. Bakit? Kasi kailangang ipaalala ito. Kasi alam natin “justified” na tayo. Na parang sa hatol sa korte, tinanggap na natin yung “no guilty”/“you are free” verdict. Pero ang problema natin, paano kung makagawa tayo ulit ng krimen? Hahalutan ulit tayo? Paparusahan ulit tayo? Ikukulong ulit tayo? No! Sabi ni Pablo. Yung justification natin ay past event yes, pero ang reality nito ay nananatili hanggang ngayon, hanggang bukas, hanggang sa katapusan.

So yun ang gustong bigyang-diin ni Pablo, “There is therefore now no condemnation...” Yung “now” or present status natin, yun din ang forever status natin (magiging klaro yan as we go along sa Romans 8). Dati kasi “under condemnation” tayo. Yun ang point ng first section ng Romans (1:18–3:20). Ibig sabihin ng salitang ito ay “punishment following condemnation” (Thayer’s). Hindi lang tayo basta hinatulan ng guilty of crime against the King of the Universe. May sintensya, kailangan mong panagutan ang kasalanan mo. Itong salitang ito (“condemnation,” noun form) ay tatlong beses lang ginamit sa New Testament. Dito sa 8:1, at dalawang beses sa chapter 5—kaya sinabi ko kanina na he’s picking up from his theme sa chapter 5.

- And the free gift is not like the result of that one man's sin. For the judgment following one trespass brought *condemnation*, but the free gift following many trespasses brought *justification*. (5:16)
- Therefore, as one trespass led to *condemnation* for all men, so one act of righteousness leads to *justification* and life for all men. (5:18)

So ang kabaligtaran ng condemnation ay justification. Wala na tayong sa hatol ng parusa ng Diyos. Itinuring na tayong matuwid. Kaya nung sinabi ni Paul dito sa 8:1 na “no condemnation” na ang present status natin, it is “not to be understood as descriptive of their present state merely, but of their permanent position. They are placed beyond the reach of condemnation. They shall never be condemned” (Charles Hodge, *Commentary on Romans* 249). So walang anumang kasalanan mo ngayon ang makapagbabalik sa ‘yo sa “condemnation” status mo dati, walang anumang kasalanan gagawin mo bukas ang magbabalik sa ‘yo sa korte ng Diyos para hatulan ulit ng parusa. Our status is secured. Delikado daw ang ganitong doktrina sabi ng ibang religious groups dahil baka magbigay ito ng lisensya sa mga Cristiano na magpatuloy sa kasalanan (licentiousness/antinomianism). But we will deal with that later.

For now, alalahanin muna natin kung para kanino ang gospel reminder na ‘to. “...for those who are in Christ Jesus.” Wala nang kahatulang parusa sa sinumang nakay Cristo. Every Christian, every one in Christ by faith (1:16–17; 3:22; 4:5; 5:1). So this assurance of “no condemnation” and all other assurances in Romans 8 are not for all, but only for those who are in Christ Jesus. This is crucial. You are either in Christ or outside of Christ. Pwede mo lang panghawakan ang “no condemnation” status kung ikaw ay kabilang kay Cristo.

Kung hindi? Paalala ito na hindi mo matatagpuan ang assurance by being in the church, or by being religious, or by doing good works. Panawagan ito na magtiwala kay Jesus, ibaling ang tiwala sa kanya at hindi sa relihiyon o anumang gawa mo, kundi sa natapos nang gawa ni Cristo sa krus para sa ‘yo.

If you are already in Christ? Believe this truth of your justified status before God. Alalahanin mo. Paniwalaan mo. Panghawakan mo. Wag mong pakinggan ang sinasabi ng Diyablo tungkol sa ‘yo o sa status ng relasyon mo

sa Diyos kapag nagkakasala ka o nahihirapan ka sa buhay. Wag kang makinig sa ibang tao. Wag kang makinig sa sinasbai ng sariling puso mo. “Who shall bring any charge against God’s elect? It is God who justifies. Who is to condemn? Christ Jesus is the one who died—more than that, who was raised—who is at the right hand of God, who indeed is interceding for us” (8:33–34). Ang sagot? Walang sinuman ang dapat nating pakinggan ang hatol laban sa atin. Pakinggan natin—don’t forget, don’t fail to preach this gospel to your heart daily—”wala na ngayong kahatulang parusa sa sinumang nakay Cristo.” Wala na, kahit isang poryente lang, wala na. Kahit bukas. Kahit sa isang taon. Kahit sa pagtanda mo. Kahit sa huling hininga mo. Wala nang condemnation for you, Christian—ever. Do you believe that?

Set Free (v. 2)

Bakit mapanghahawakan natin nang matibay na wala nang condemnation para sa atin na nakay Cristo? Ang sagot—dahil nabago na ang kalagayan natin at hindi na maibabalik sa dati. Secured na yung freedom natin. Yun ang dahilan na sinabi ni Paul sa v. 2, “For (heto ang dahilan, heto ang basis ng sinabi ko sa v. 1) the law of the Spirit of life has set you free in Christ Jesus from the law of sin and death.” “Sapagkat sa pakikipag-isa kay Cristo Jesus ay pinalaya ka na mula sa kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritung nagbibigay-buhay” (my translation).

Yung salitang “law” (Gk. *nomos*) ay merong at least three different meanings depende sa konteksto ng pagkakagamit ni Pablo sa Romans. (1) Pwedeng tumutukoy ito sa isang principle or system or power at work; (2) pwedeng expression ito ng kalooban ng Diyos, yung moral law in general; or (3) maaaring tumukoy sa Kautusan na ibinigay ng Diyos sa Israel (Mosaic Law). Dito sa v. 2, yung unang kahulugan ang tinutukoy ng law, isang principle or power at work, kaya sa salin ng ASD ay “kapangyarihan ng kautusan... kapangyarihan ng Espiritu...” At tinutukoy nito ang dalawang magkasalungat na prinsipyo or dalawang magkasalungat na kalagayan ng buhay ng isang tao.

Yung una, negatively, “law of sin and death.” Heto ang sistema o kalakaran ng buhay natin dati—before Christ). Ang kasalanan at kamatayan di

mapaghihiwalay. Sabi sa 6:23, “The wages of sin is death.” Kasalanan ang nagdudulot ng kamatayan—not just physical death, but more fundamentally spiritual death. Meaning, dahil sa kasalanan, nahiwalay tayo sa Diyos na siyang pinagmulan ng buhay. Nagsimula ito nang kainin nina Adan at Eba ang bunga ng Tree of the Knowledge of Good and Evil, na sinabi ng Diyos na “you will surely die.” At bakit naman hindi yung sa Tree of Life ang kinain nila? At ganyan ang kuwento ng buhay natin, pinipili natin ang kasalanan at kamatayan sa halip na ang buhay na galing sa Diyos.

Biyaya lang ng Diyos ang pag-asa natin, “...but the free gift of God is eternal life...” (6:23). At itong ang ikalawa at kasalungat na prinsipyo ng “kasalanan at kamatayan”—“the law of the Spirit of life.” Ito yung greater principle or power at work in our life to rescue us from a humanly impossible situation. Paalala ito sa atin na ang kaligtasan ay hindi nakasalalay sa gawa ng tao, kundi sa gawa ng Diyos. Ang Espiritu at ang buhay ay hindi rin mapaghihiwalay, mula pa sa paglikha sa tao nang hingahan tayo ng Diyos para magkaroon ng buhay, hanggang sa pagliligtas sa atin ng Diyos nang buhayin niyang muli ang patay nating espiritu (in regeneration). Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay, not just physical life, but, more so, spiritual (Spirit-ual) life.

Isa o dalawang beses lang binanggit ang Spirit sa chapters 1-7, pero dito sa chapter 8? 20 times! At dito sa v. 2, ano ang ginawa niya for our salvation? “The law of the Spirit of life has set you free.” Set free, pinalaya na. At tense ng verb na ‘to (aorist in Greek) ay nagpapahiwatig na ito ay tapos na, it is a done deal. Wala nang kailangan pang gawin. Pinalaya na tayo mula sa pagkakaalipin sa kasalanan, mula sa death sentence hanging over our heads. At mananatiling “malaya” ang status natin—noon, ngayon at magpakailanman. Kaya nga masasabi nating wala nang kahatulang parusa sa atin na mga nakay Cristo. Hindi na tayo ikukulong ulit sa pagkaalipin sa kasalanan. The Holy Spirit will make sure of that.

At paano tayo pinalaya? Paano ‘yan na-accomplish ng Holy Spirit sa atin? “...in Christ Jesus.” Ganyan din sa 6:23, “...but the free gift of God is eternal life in Christ Jesus our Lord.” Sinabi niya sa v. 1, sinabi na naman niya sa v. 2 at paulit-ulit sa mga sulat ni Pablo. Ang kaligtasan natin ay nakay Cristo,

matatagpuan lang kay Cristo at wala nang iba. In Christ—justification, freedom, life. Outside of Christ—condemnation, bondage, death. Alalahanin mo ang kalagayan mo kay Cristo, kapatid. Pinepersonal ka ng salita ng Diyos dito. Yung personal pronoun na “you” (“set you free”) sa Greek ay singular, “Pinalaya ka na...” Ikaw, kapatid, ang kausap. Ikaw na nagdududa sa kasapatan ng ginawa ng Diyos para sa ‘yo kasi ang tinitingnan mo ay ang kakulangan at kalikuan ng mga ginagawa mo. Ikaw, naniniwala ka ba sa sinasabi ng Diyos tungkol sa kalagayan mo kay Cristo—ngayon at bukas? Kung ikaw ay nakay Cristo, wala nang natitirang kahatulang parusa laban sa ‘yo. Ang dahilan? Dahil pinalaya ka na, at irreversible na ang bago mong kalagayan sa buhay. Bakit? Ano ba ang ginawa ng Diyos para mangyari ‘yan?

What God has Done (v. 3)

“For (heto ang dahilan kung bakit ko sinabing pinalaya ka na at sa gayo’y no more condemnation) God has done what the law, weakened by the flesh, could not do. By sending his own Son in the likeness of sinful flesh and for sin, he condemned sin in the flesh.” “Sapagkat ginawa ng Diyos ang hindi kayang gawin ng kautusan dahil pinahina ito ng taong makasalanan. Nang isugo niya ang kanyang sariling Anak sa anyo ng taong makasalanan at para [maging handog] sa kasalanan, hinatulan na niya ng parusa ang kasalanan sa pamamagitan ng kanyang pagiging tao” (my translation).

Dalawang magkasalungat na bagay na naman ang sinabi ni Pablo dito – yung gawa ng Diyos at yung gawa ng kautusan. Yung “law” (Gk. *nomos*) dito ngayon ay tumutukoy sa kautusan ng Diyos, o yung moral law. Sabi ng Diyos, “You shall therefore keep my statutes and my rules; if a person does them, he shall live by them: I am the Lord” (Lev. 18:5; cited in Rom. 10:5). Mabubuhay, magkakaroon ng buhay kung...magagawa ang lahat ng utos ng Diyos. Yun ang problema. Aminado si Pablo diyan, “The very commandment that promised life proved to be death to me” (7:10). Kaya sabi ni Pablo na “ginawa ng Diyos ang hindi kayang gawin ng kautusan.”

Kasi walang kaligtasan, walang kalayaan sa pamamagitan ng kautusan. Hindi naman “law” ang problema. Bigay din naman ni Lord yun at meron siyang good purposes for that. “The law is holy, and the commandment is

holy and righteous and good” (7:12). Nasaan ang problema? Kahinaan at kasalanan ng tao ang problema! Tayo ang may problema. Here, sinabi ni Paul kung bakit di maibibigay ng “law” ang kailangan natin for our salvation, dahil ang law ay “weakened by the flesh.” Yun ang problema—yung flesh na tumutukoy sa makasalang pagkatao natin, our depravity, our corruption, our inability to obey the law. “Weakened” daw ang kautusan, pinahina, parang may sakit, disable, powerless, walang bisa, walang magagawa. Walang bisa noon, walang bisa hanggang ngayon. Hindi kailanman magkakaroon ng power ang law for our salvation. So, why put your trust sa mga listahan ng rules o kung ano ang dapat mong gawin at di dapat gawin? You cannot find needed assurance in that!

The gospel is not about do this or that, don’t do this or that. The gospel is the good news of “done”—na may gumawa ng hindi natin magagawa. The gospel remains the only power of God for salvation (1:16). What the law could not do, God has done! Ang Diyos ang solusyon. The Lord is our salvation. Christianity is not a self-salvation project. Kung hihintayin ng Diyos na tayo ang gumawa, walang mangyayari! Ano nga ba ang magagawa ng patay?

The gospel is not good advice (“heto ang gawin mo”), it is good news (“heto ang ginawa ko”). So, ano ang ginawa ng Diyos na hindi magagawa ng kautusan? Paano niya ginawa ang hindi natin magagawa? “By sending his own Son” (8:3). Ipinadala niya, isinugo niya. Hindi ang isa sa mga anghel o hindi lang isa sa mga tao. Sarili niyang Anak. Later sa Romans 8, ipapaalala din sa atin na tayo’y mga anak ng Diyos—adopted children. Hindi “sariling” Anak na tulad ni Jesus. This reminds us of the unique relationship na meron ang Diyos Ama at Diyos Anak sa simula’t simula pa—from eternity past.

Dito sa Romans 8:3, ipinapaalala din ni Pablo kung paano niya ipinadala si Jesus at anong layunin. In what manner and for what purpose. “...in the likeness of sinful flesh and for sin...” Ang pagparito ni Jesus ay “in the likeness of sinful flesh...” Yung flesh dito tumutukoy sa tao. “Sa anyo ng isang makasalanang tao.” Hindi sinabing “in the likeness of flesh”—kasi hindi lang siya anyong tao, nagkatawang-tao siya. Totoong tao siya.

Kailangan ang Diyos maging tao na tulad natin para siyang maging Tagapagligtas natin (1 Tim. 2:5). Hindi rin sinabi dito na “in sinful flesh.”

Lalabas na makasalanan din si Jesus na tulad natin. That will contradict yung sinlessness ni Cristo na itinuturo ng Hebrews 4:15—tulad natin tinukso din siya sa iba't ibang paraan, “yet without sin”; 1 Peter 2:22—“he committed no sin”; at 1 John 3:5—“he appeared in order to take away sins, and in him there is no sin.” Naparito nga siya para solusyunan ang kasalanan natin. Kung meron siyang kasalanan, siya mismo ay kailangan ng Tagapagligtas.

“In the likeness of sinful flesh.” Ibig sabihin, para maging representative natin. Totoong tao. Nararanasan ang kahinaan, limitasyon, sakit at hirap nating mga tao. Sa anyo ng isang makasalanan, to identity with us sinners. Yung sinfulness natin reminder na kailangan natin ng Savior. But, “the sinlessness of Christ is our salvation” (Dane Ortlund, *Gentle and Lowly*).

Yung sin offering dapat without blemish (Lev. 4:3). So dahil walang kasalanan si Jesus, matuwid siya, nararapat lang na siya ang maging handog na pambayad sa ating mga kasalanan. Yun naman ang goal ng Diyos sa pagsugo kay Jesus. “...in the likeness of sinful flesh and for sin...” (Rom. 8:3). For sin, or as a sin offering. “Christ died for our sins” (1 Cor. 15:3). “For our sake he made him to be sin who knew no sin, so that in him we might become the righteousness of God” (2 Cor. 5:21). That’s the gospel—ginawa ng Diyos ang hindi magagawa ng kautusan, ang hindi natin magagawa, isinugo niya ang kanyang Anak na si Jesus, namuhay siya na matuwid at walang kasalanan, sa krus itinuring siyang makasalanan, sa kanyang kamatayan inako niya ang kahatulang parusa para sa ating mga makasalanan. Para ano? Para maituring tayo na matuwid sa harap ng Diyos, para mapalaya tayo sa pagkakaalipin sa kasalanan at para magkaroon tayo ng bagong buhay.

Ano ang na-accomplish ng Diyos “by sending his own Son in the likeness of sinful flesh and for sin”? “He condemned sin in the flesh” (8:3). Suporta pa rin ito sa argumento niya sa v. 1. No condemnation para sa atin na nakay Cristo dahil ang condemnation ay ibinuhos na sa kasalanan nang ang katawan ni Cristo (“in the flesh”) ay mabayubay sa krus. Meron nang nagbayad—it is finished!—hindi na tayo sisingilin pa at pagbabayaran sa parusang nararapat sa kasalanan natin. Tapos na yun! Hindi na hahalungkatin ng Diyos. Burado na. Case closed. Wala nang aapela. Wala

nang magsasampa ng kaso laban sa atin. Hindi na magbabago ang isip ng Diyos sa hatol niya sa atin. At good news ito dahil ito ay gawang lahat ng Diyos. Wala tayong contribution dito. Sino ang gumawa ng hindi magagawa ng kautusan? Ang Diyos! Sino ang nagsugo ng Tagapagligtas? Ang Diyos! Sino ang humatol sa kasalanan para di na tayo husgahan nito? Ang Diyos!

Ang Diyos—Diyos Ama, Diyos Anak, Diyos Espiritu—isang Diyos, tatlong persona sa Trinity nagtutulong-tulong para malubos ang kaligtasan natin mula sa simula hanggang sa katapusan. Mula sa pagpaplano ng kaligtasan, hanggang sa pagsasakatuparan ng kaligtasan, hanggang sa paglalapat nito sa bawat isa sa atin na mga nakay Cristo. Ito ang “blessed assurance” ng bawat isang Cristiano. Bakit ka titingin sa ginawa mo dati, o sa kakulangan ng ginagawa mo ngayon, o sa potential mo sa gagawin mo in the future? Nasaan ang assurance dun? Wala! Kung ang kaligtasan natin ay nakadepende sa atin—kahit isang porsyento lang—babagsak tayo, wala tayong pag-asa. Ang assurance natin ay wala din sa ibang tao o sa church natin o sa estado nating pinansiyal. Ang katiyakan natin ay nasa kapangyarihan at mabuting kalooban ng Diyos na ang sinimulan niya ay tatapusin niya (Phil. 1:6).

Sermon: “Flesh and Spirit” (Rom. 8:4-8)

 treasuringchristph.org/2020/06/08/sermon-flesh-and-spirit-rom-84-8

Memorize na ba ninyo ang Romans 8:1-3?

There is therefore now no condemnation for those who are in Christ Jesus. For the law of the Spirit of life has set you free from the law of sin and death. For God has done what the law, weakened by the flesh, could not do. By sending his own Son in the likeness of sinful flesh and for sin, he condemned sin in the flesh.

Wag nating kalimutan ‘to. At talagang hindi naman tayo dapat mag-move on sa katotohanan ng ating “no condemnation” status dahil kay Cristo.

“No Condemnation” in the Story of David and Shimei

Sa Bible reading natin this week sa life story ni King David, makikita natin ang pagkakatulad nito pati rin ang pagkakaiba sa ginawa ni David kay Shimei.

Matinding panlalait at paglapastangan ang mga binitawang salita ni Shimei noong tumatakas si King David sa kanyang anak na si Absalom, na siya namang naghimagsik laban sa kanya at gustong agawin ang trono sa kanya. Sinabi ni Shimei na si David ay “worthless man” (2 Sam. 16:7). Gusto siyang putulan ng ulo ni Abishai dahil sa paglapastangan niya sa hari. Pero di pumayag si David, trusting in God’s sovereign hand in everything and entrusting that to his future justice.

Nang mamatay na si Absalom, nabalik na ulit ang trono kay David, lumapit si Shimei kay David at nagmakaawa, humingi ng tawad. “I have sinned,” sabi niya (19:20). Heto na naman si Abishai, pinapayuhan ang hari na ipapatay si Shimei dahil sa kanyang paglapastangan at panlalait na ginawa noon. Well, he deserves to die naman talaga. Malaking kasalanan ang paglapastangan sa hari na itinalaga ng Diyos, the Lord’s anointed (Exod. 22:28; 1 Sam. 2:10). Pero ang sabi ni David kay Shimei, “You shall not die” (2 Sam. 19:23). Siguro naalala din ni David yung siya naman ang nagkasala, sinabi niya, “I have

sinned.” Sabi sa kanya ni Lord, “You shall not die” (12:13). Kung ano ang awa at grasya na tinanggap niya sa pagpapatawad ng Diyos, ganun din ang ginawa niya kay Shimei.

David chose not to condemn Shimei. Although deserving si Shimei, although pwede at dapat lang siyang parusahan ni David, consistent naman yun sa justice. It reminds us na “there is therefore now no condemnation for those who are in Christ Jesus” (Rom 8:1). Hindi nga si David ang nagpapatay kay Shimei. Kasi meron siyang oath. Pero bago siya mamatay, binilinan niya ang anak niyang si Solomon na alalahanin ang kasalanan ni Shimei and not to hold him guiltless (1 Kings 2:8, 9). Eventually pinapatay siya ni Solomon, after some years (2:36-46). Hindi mapanghahawakan nang matibay ang salita ni David na “you shall not die.”

Pero pag Diyos ang nagsabi, we can have assurance that we shall not die, really. Dahil kay Cristo, na siya nang namatay para sa atin at umako ng mga kasalanan natin, we will be forever guiltless, no more condemnation.

Hangga’t ang Diyos ang nasa trono at may hawak ng hatol natin, irreversible yun. Hangga’t nananatiling faithful ang Diyos, perfectly just, overflowing in mercy, at immutable – and he will remain true to his character – no condemnation para sa atin na lumapastangan din nang mahabang panahon sa Diyos. That is grace, assuring grace.

Justification *and* Sanctification (v. 4)

Can we continue in sin kung ganun? Sabi ni Paul sa Rom. 6:1-2, No! No! No! Dahil ang layunin ng Diyos para sa ginawa ni Cristo, para sa kaligtasan at kalayaang meron tayo ngayon ay hindi lang para ituring tayong matuwid sa harapan niya (justification), kundi baguhin tayo at gawing matuwid (sanctification). Hindi lang para bihisan at balutan ng external righteousness ni Cristo (justification), kundi para buhusan at punuin ng internal righteousness sa pamamagitan ng Espiritu na nasa atin (sanctification).

Mahalaga yung dalawang theological terms na ‘to. Magkaiba, at wag nating icoconfuse ang meaning nito. Yung justification minsanan lang, nung oras na tayo ay nagsisi sa kasalanan at sumampalataya kay Cristo, pinatawad na tayo at itinuring na matuwid, justified. Past event, pero nananatiling present

reality, at forever reality. Hindi na magbabago yun. Ito ang nagbibigay ng assurance sa atin. Yung final verdict ng Diyos sa atin – not guilty! righteous in Christ. At yung assurance na meron tayo dahil kay Cristo ay magdudulot naman ng pagbabago sa klase ng buhay natin–sa pakikipaglaban sa kasalanan at pamumuhay sa kabanalan.

So yung justification natin hindi nakasalalay sa sanctification natin. Pero yung sanctification natin nakasalalay sa justification natin. Magkaiba itong dalawa, pero hindi pwedeng paghiwalayin. Walang justified Christian na hindi being sanctified Christian. Kasi ‘yan ang layunin ng Diyos sa ginawa niyang pagliligtas sa atin at hindi mababali ang layuning iyan ng Diyos.

Malinaw ‘yan sa verse 4. Karugtong ‘yan ng v. 3. Dito sa v. 4 sinasagot ni Pablo yung tanong na ano daw ang layunin ng Diyos sa pagpapadala kay Jesus, sa kamatayan ni Jesus sa krus, sa paghatol sa kasalanan, sa pagliligtas sa atin?

...in order that (hetong yung purpose ng Diyos sa ginawa niya) the righteous requirement of the law might be fulfilled in us, who walk not according to the flesh but according to the Spirit.”

[Ginawa ito ng Diyos] upang ang makatuwirang itinakda ng kautusan ay magkaroon ng katuparan sa atin na lumalakad (namumuhay) nang hindi ayon sa ating makasalanang pagkatao kundi ayon sa Espiritu” (my translation).

Ano daw ang layunin ng Diyos sa ginawa niya in sending his own Son? In **order that the righteous requirement of the law might be fulfilled in us**. Ano ang ibig sabihin nito? Ano ang tinutukoy nito? Yung justification o sanctification? Posibleng justification kasi yung “might be fulfilled” ay nagpapahiwatig ng natapos nang kaganapan. At hindi naman natin perfectly mafufull ‘yang “righteous requirement of the law” – to love God with all our hearts and our neighbor as ourselves. Pero si Cristo natupad lahat ‘yan. “I came to fulfill the law,” sabi niya. So in our justification, itinuring tayo ng Diyos na para bang tinupad natin ang lahat ng utos niya, as if perfectly righteous tayo. At yun naman ang point ni Paul sa vv. 1-3. So yung justification natin kasama sa benefit ng ginawa ni Cristo sa krus para sa atin.

Pero kung titingnan natin yung mga susunod pang sasabihin ni Paul, he’s

moving beyond our justification. Gusto niya nang ikonekta yung sanctification sa justification kasi sabi niya, “might be fulfilled *in us*.” Hindi lang *for us*, kundi *in us*. Hindi nito ibig sabihin na posible ang perfection sa Christian life. No, maliwanag sa mga susunod na sasabihin ni Paul na nakikipaglaban pa rin tayo sa kasalanan. Ibig sabihin, itong perpektong katuwiran ni Cristo na ibinihis sa atin ay unti-unti, araw-araw na isinasakatuparan sa buhay natin at ginagawa tayong matuwid na tulad ni Cristo. So ang malinaw na layuning sinasaad dito ni Paul ay hindi lang ang maituring tayong matuwid sa harap ng Diyos (justified) kundi bigyan tayo ng kapangyarihan na mamuhay nang matuwid (sanctified).

Kasama sa promise ng Diyos sa New Covenant na nakasulat sa Jeremiah 31:33-34 ang parehong justification (“I will forgive their iniquity, and I will remember their sin no more,” v. 34) at sanctification (“I will put my law within them, and I will write it on their hearts,” v. 33). Ang pinagsama ng Diyos sa buhay ng isang Cristiano ay hindi dapat paghiwalayin ng tao!

Nilinaw ito ni Pablo sa sumunod na linya sa v. 4 kung saan isinalarawan niya kung sino yung “us” (si Pablo kasama ang mga Christians sa Rome, at tayong lahat na mga Cristiano sa buong mundo) at ano ang description sa atin.

...who walk not according to the flesh but according to the Spirit.

Magkaiba at magkasalungat ang “flesh” – tumutukoy sa makasalanang pagkatao (fallen human nature) – at “Spirit.” ‘Yan ang pag-aaralan natin sa susunod na tatlong linggo. Ngayon (vv. 4-8) at next week (vv. 9-11), titingnan natin ang malaking pagkakaiba ng buhay natin dati (sa makasalanang pagkatao natin, “in the flesh”) at sa buhay natin ngayon (ngayong tayo ay nakay Cristo na at pinananahanan ng Espiritu, “in the Spirit”). Sa susunod naman (vv. 12-14) titingnan natin kung paano tayo makikipaglaban sa natitira pang kasalanan sa atin.

Kung kanina sinabi kong ang pinagsama ng Diyos ay hindi dapat paghiwalayin ng tao. Ngayon naman alalahanin din nating ang pinaghiwalay ng Diyos ay hindi dapat pagsamahin ng tao – flesh and Spirit.

Theme: Flesh & Spirit

Merong theological at interpretation issue dito. Yung iba kasi sinasabing yung dalawang grupo ng taong binabanggit dito ni Paul – “walking according to the flesh” and “walking according to the Spirit” ay dalawang uri ng Cristiano – yung isa ay “carnal” (of the flesh), yung isa ay “spiritual.” Pero kung konteksto ng sinulat ni Pablo ang pagbabasehan, hindi pwedeng ganyan ang interpretation. Malinaw na ang isa ay hindi Cristiano at ang isa naman ay totoong Cristiano. Magiging malinaw ‘yan sa pagtunghay natin sa vv. 5-8, at mas magiging malinaw next week sa vv. 9-11.

- Sa v. 4, ginamit yung image ng “walk” o paglakad para tumukoy sa general description ng magkasalungat na pamumuhay. Pansinin ang conjunction “but”/”ngunit.” Yung isa ay nasa daan ng kasalanan. Yung isa ay nasa daang pinapatnubayan ng Espiritu.
- Sa v. 5, magkasalungat na mindset o purpose o hangarin sa buhay. Meron na namang “but”/”ngunit.” Yung isa ay para masunod ang makasalanang pagnanasa. Yung isa ay para masunod ang hangarin ng Espiritu.
- Sa v. 6 naman ay yung magkasalungat na kasalukuyang kalagayan at kahihinatnat ng ganung klaseng buhay. Meron na namang “but”/”ngunit.” Yung isa ay kamatayan. Yung isa naman ay buhay at kapayapaan.
- Sa vv. 7-11 naman ay ang magkasalungat na pagtugon sa kautusan at kalooban ng Diyos. Pansinin ang “however” sa v. 9 at “but” sa v. 10. Yung isa kasi ay “in the flesh” at yung isa ay “in the Spirit.” Magkasalungat. Isa ay non-Christian. Isa ay Christian.

Meron lang dalawang klase ng tao sa buong mundo – in the flesh and in the Spirit, non-Christian and Christian. Saan ka kabilang? Yan ang pinakamahalagang tanong na dapat mong sagutin ngayon. Hindi yung DDS ka ba o Dilawan. Hindi yung may Covid ka ba o wala. Hindi yung mayaman ka ba o mahirap. Kasi kung Cristiano ka, yes you still struggle sa paglaban sa kasalanan, yes may mga sufferings pa rin dahil sa kahirapan ng buhay sa mundong ito, yes may mga doubts ka pa rin, pero no matter where you are in your spiritual journey, itong mga sinasabi ni Paul sa Romans 8 ay nais

niyang magbigay ng dagdag na tibay sa assurance na pinanghahawakan mo. Where do you belong? If you are a Christian – no matter where you are in your spiritual maturity – then this assurance is for you.

Totoo na kahit Cristiano na tayo ay may mga oras na namumuhay tayo na para bang mga unbelievers. Hindi lang sa paggawa ng mga kasalanang obvious. Kundi maging sa pagiging relihiyoso natin, sa paggawa ng mabuti na nakadepende sa sariling lakas natin at nakafocus sa sariling performance natin at driven by selfish motivations sa halip na passion to give God glory in everything. Merong pakikipaglaban – flesh vs Spirit – sa puso natin. Ito yung tinutukoy ni Pablo sa Gal. 5:16-24. There are areas of our heart na di pa nakikita ang fruit of the Spirit. And we must do something about that – not to live according to the flesh, but to put sin to death (Rom 8:12-13).

Pero pansinin n'yo na bago pumunta si Pablo sa exhortations na yun, dito sa vv. 4-11 ay walang utos na dapat nating gawin. Lahat ito ay pagsasalarawan ng realidad ng kalagayan natin kay Cristo, na sinimulan niya sa v. 1. Kasi gusto niya na magkaroon tayo ng assurance na di nakabatay sa sarili nating performance, kundi sa natapos nang ginawa ni Cristo para sa atin, sa pakikipag-isa natin sa kanya, at sa gawa ng Espiritu sa buhay natin.

Sa v. 1, yung katayuan natin ngayon na “no condemnation” ay “in Christ Jesus.” Sa v. 2, yung kalayaang tinanggap natin ay “in Christ Jesus.” Sa v. 9, in contrast sa mga non-Christians, tayo ay “in the Spirit.” Sa v. 10, pinapaalala ni Paul na “Christ is in you.” Sa v. 11, “the Spirit...dwells in you... his Spirit who dwells in you.” You see, napakalaki ng pagkakaiba ng buhay na wala kay Cristo at sa buhay na nakay Cristo – magkasalungat.

Magkasalungat na Hangarin (v. 5)

For those who live according to the flesh set their minds on the things of the flesh, but those who live according to the Spirit set their minds on the things of the Spirit.

Sapagkat ang mga namumuhay ayon sa masakalanang pagkatao ay naghahangad ng mga bagay na may kinalaman sa makasalanang pagkatao, ngunit ang mga namumuhay ayon sa Espiritu ay naghahangad ng mga bagay na may kinalaman sa Espiritu (my translation).

Pansinin ang connective na **for** (“sapagkat”) na nag-uugnay nito sa dulo ng v. 4, kung saan sinimulan ni Pablong ipakita ang magkasalungat na pamumuhay (“walk”). Bakit daw magkaiba ang buhay natin sa mga non-Christians? Dahil magkaiba ang hangarin. Magkaiba ang mindset. Yung mga non-Christians, they **set their minds on the things of the flesh**. Pero yung mga Christians, **on the things of the Spirit**. Ibig sabihin ng “to set the mind” (Gk. *phroneo*) literally ay yung pag-iisip, paghusga, pagmamasid.

Kaso baka mamisinterpret na para bang yun na ang constant thought o palaging iniisip at wala nang iba. Tulad sa salin sa ASD, “walang ibang iniisip,” pero meron naman di ba? Yung mga non-Christians, di naman palaging iniisip na gumawa ng kasalanan. Tayong mga Christians di naman natin palaging iniisip na sumunod sa nais ng Diyos. Mas okay ang salin ng MBB, “pinapahalagahan.” Pero mas preferred to yung “hangarin” o hinahangad. Nagpapakita kasi ito ng general outlook natin sa buhay, kung ano ang paraan natin sa pagtingin sa realidad, a worldview. Hindi lang kung ano ang iniisip o pinaniniwalaan (intellectually speaking), kundi kung ano rin ang nararamdaman, ninanais, hinahangad, inaambisyon, nilalayon, pinakamimithi. Meron tayong ibang life and heart orientation.

Kung ano ang layunin ng Diyos at paraang itinakda ng Espiritu para sa atin, yun ang pinagtutuunan natin ng pansin. Yan ang bagong buhay ng isang Cristiano. Ibang-iba ito sa nakikita nating kaguluhan sa mga riots kasama na ang mga lootings sa America bilang reaction sa pagpatay ng mga “white” na pulis sa “black” na si George Floyd, na nagsilbing mitsa para sumabog ang matagal na nilang kinikimkim na racial injustice. Kung sa unang tingin merong magandang layunin – justice. Pero ang pamamaraan – violence. Hindi naman ganyan lahat. At yung iba baka nananamantala na lang sa sitwasyon. Pero salamin ito ng human condition apart from the Spirit. Kung sariling hangad at pamamaraan ang nasusunod. Kung ang ninanais lang ay sariling kapakanan at pinagtitiwalaan ay sariling diskarte o pamamaraan.

Yamang binuhay kayong muli na kasama ni Cristo, ituon ninyo ang inyong pag-iisip (ito ang hangarin natin!) sa mga bagay na nasa langit na kinaroroonan ni Cristo, na nakaupo sa kanan ng Diyos. Ang mga bagay na panlangit ang isaisip ninyo (hangarin natin!), hindi ang mga bagay na panlupa, sapagkat namatay na kayo at ang inyong buhay ay nakatago sa Diyos, kasama ni Cristo.

Col. 3:1-3 MBB

Magkasalungat na Kalagayan at Kahihinatnan (8:6)

Magkasalungat ang pamumuhay ng isang Cristiano sa hindi Cristiano (v. 4). Bunga ito ng magkasalungat na pag-iisip at hangarin sa buhay (v. 5). Dahil din naman ito sa magkasalungat na katatayuan o kalagayan at kahihinatnan ng buhay natin. Pansinin ulit yung connective na **for**, na nag-uugnay immediately sa v. 5. Magkalungat ang binanggit dito (connected with **but**). Hindi lang magkaiba. Na para bang yung isa ay okay at mas okay yung isa. Na parang Chocnut at Ferrero. No. Yung isa parang gamot, yung isa lason. It is a matter of life and death, eternity is at stake here. So merong warning for those who are outside of Christ. But what assurance for us who are in Christ.

| For to set the mind on the flesh is death, but to set the mind on the Spirit is life and peace.

“Sapagkat ang paghahangad ng ayon sa makasalanang pagkatao ay kamatayan, ngunit ang paghahangad ng ayon sa Espiritu ay buhay at kapayapaan” (my translation).

Alam natin ang outcome o kahihinatnan sa oras na tayo ay magtiwala kay Cristo. Kaya nga tayo nagtiwala sa kanya, di ba? Kasi “salvation” at “eternal life” ang promise niya. Be believed that kahit di pa natin nakikita. Dito sa v. 6, tinutulungan ng salin ng ASD at MBB ang babasa nito by supplying the words “kahihinatnan,” “nagdudulot,” “naghahatid” to emphasize yung magkaibang outcome o future ng mga nakay Cristo at wala kay Cristo. Pero sa orihinal na sinabi ni Pablo walang nakalagay na “*resulting* in death” at “*resulting* in life and peace.” Totoo naman yun, at isa yun sa implication ng statement niya. Pero hindi future reality ang sinasabi dito ni Pablo na dapat nating alalahanin. Mas forceful ang statement niya. **“For to set the mind on the flesh is death, but to set the mind on the Spirit is life and peace.”** Hindi lang ito future reality. Gusto niyang bigyang diin ang present reality nito. Hindi lang kahihinatnan natin kundi kasalukuyang kalagayan o

kinatatayuan natin.

Iba na, hindi tulad ng mga non-Christians. Para sa kanila ay kamatayan. “For the wages of sin is death” (6:23). Hindi lang physical death, hindi lang yung impiyerno na patutunguhan ng mga namatay na wala kay Cristo, hindi lang yung “wrath to come” (1 Thess. 1:10), yung “wrath and fury...tribulation and distress” (Rom. 2:8-9), hindi lang yung “punishment of eternal destruction, away from the presence of the Lord” (2 Thess. 1:9), hindi lang yung “second death,” yung “lake of fire” na pagtatapunan ng sinumang hindi nakalista sa talaan ng buhay (Rev. 20:14-15). Itong kamatayan ay yun ding kasalukuyang kalagayan ng sinumang wala kay Cristo na nasa ilalim ng hatol ng parusa ng Diyos. Even now, nasa ilalim sila ng poot ng Diyos (John 3:36), spiritually dead (Eph. 2:1), hiwalay sa Diyos na siyang may-akda ng buhay. Ito ang kalagayan ng mga di-Cristiano na higit na mas malala pa kaysa sa sakit at kamatayang dulot ng coronavirus at anumang sakit o sakuna. Humihinga ka, malusog ka, maykaya ka, kinikilala ka ng mga tao, pero kung hiwalay ka kay Cristo, ikaw ay patay! Hindi lang mamamatay, sa kasalukuyan ay patay na, at mananatiling patay! This is not future tragedy. Ito ay trahedyang pangkasalukuyan at dapat katakutan ng sinumang wala kay Cristo, at siyang dapat na magtulak para masumpungan din nila ang buhay at kapayapaan na nasa atin dahil kay Cristo.

Life and peace. Yan ang future natin, eternal life and peace in the presence of God pagkatapos ng buhay natin sa mundong ito at malulubos sa pagbabalik ni Cristo. Pero yung eternal life and peace na yun, nagsisimula na ngayon. ‘Yan ang gustong bigyan diin ni Pablo. Kung ang kamatayan ay pagkahiwalay sa Diyos, ang buhay ay ang mapanumbalik ang nasirang relasyon natin sa Diyos. Prayer ng Panginoong Jesus, “And this is eternal life, that they know you the only true God, and Jesus Christ whom you have sent” (John 17:3). Nangyari ito dahil sa ginawa ni Cristo. “Therefore, since we have been justified by faith, we have peace with God through our Lord Jesus Christ” (Rom. 5:1).

Dati, tayo’y mga kaaway ng Diyos, ngunit tinanggap na niya tayo bilang mga kaibigan (ESV, reconciled) sa pamamagitan ng pagkamatay ng kanyang Anak. At dahil dito, tiyak na maliligtas tayo sapagkat si Cristo ay buháy. At hindi lamang iyan! Tayo’y nagagalak dahil sa ginawa ng Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo, sapagkat dahil sa kanya ay tinanggap tayo bilang mga kaibigan ng Diyos (ESV, reconciliation).

vv. 10-11 MBB

Yung expanded treatment ni Pablo tungkol sa magkasalungat na kalagayan ng nakay Cristo at wala kay Cristo – yung buhay at kamatayan – ay nakasulat sa vv. 12-21. Dahil sa kasalanan, kumalat ang kamatayan at naghahari ang kamatayan (vv. 12, 14). Merong condemnation dahil sa kasalanan pero merong justification and life dahil kay Cristo (v. 18). “Kaya nga, kung paanong naghari ang kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan, gayundin naman maghahari ang kagandahang-loob ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapawalang-sala. Ito’y magdudulot ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo” (v. 21 MBB).

Kung ikaw ay nakay Cristo, anuman ang suffering mo ngayon, anumang kahirapan, anumang sakit, anumang kapighatian, anumang kinakaharap mo ngayon, meron kang buhay at kapayapaan. In the future? Yes, we hope for that. Pero hindi lang yun, you already have life and peace, right now, ngayon na. Sa dami ng mga sakit at kamatayan at kaguluhang nababalitaan natin sa paligid natin, we can find assurance na yung buhay at kapayapaan na dulot ng relasyon natin sa Diyos ay nasa atin na ngayon, hawak-hawak na natin ngayon. At wag na wag mong bibitawan.

Pero kung ikaw ay wala kay Cristo, anumang ginhawa, anumang yaman, anumang saya ang nararanasan mo ngayon sa buhay na ito sa mundong ito, you are still dead. Patay. Walang buhay. Walang kapayapaan. That is your life right now. Hindi mo lang alam. Pero ngayon ay ipinapaalam ng salita ng Diyos sa ‘yo. Nawa’y pagkalooban ka ng Diyos ng tengang makikinig at pusong maniniwala na ito ang malaking problema mo, pinakamalaking problema mo ngayon – hindi ang coronavirus pandemic at yung looming economic crisis.

Magkasalungat na Relasyon sa Diyos (vv. 7-11)

Itong masamang kalagayang ito ng mga wala kay Cristo ang bibigyang paliwanag ni Pablo sa Romans 8:7-8, at yung buhay natin kay Cristo ay ipapaliwanag naman niyang mabuti sa vv. 9-11 (for next week na ‘yan). Ang point niya sa vv. 7-11 ay ang magkasalungat na relasyon o ugnayan sa Diyos ng isang Cristiano sa di-Cristiano. Pansinin ang salitang “however” sa v. 9 at “but” sa v. 10.

Dito sa vv. 7-8, nagbibigay si Pablo ng dahilan (pansinin ang salitang **for/**“sapagkat” sa simula ng v. 7) kung bakit niya nasabing ang mga namumuhay ayon sa makasalanang pagkatao, yung hinahangad ang mamuhay na ayon sa kasalanan – the non-Christian – ay nasa masamang kalagayan ng kamatayan bilang parusa ng Diyos. Baka kasi sabihin ng iba na hindi makatarungan na ganun ang hatol ng Diyos. “Mabait naman sila a, religious nga yung iba.” Yun bang parang isang nahatulan ng kamatayan, nasa death row, pero sasabihin nila na injustice yun, hindi siya deserving nun, inosente siya sa krimen na ipinaratang sa kanya. Posibleng ngang mangyari yun sa korte sa Pilipinas (at sa kahit saan pang bansa!), pero hindi maaaring magkamali ang Diyos sa hatol niya.

Walang sinuman sa atin ang inosente. Lahat tayo ay guilty (outside of the grace we have in Jesus) (see Rom. 1:18, 29-30; 3:9, 23). Walang kinikilingan ang hustisya ng Diyos (2:11). Kahit yung mga inaakala nating mabuti, mga relihiyoso at nagsasabing Cristiano sila, alam ng Diyos na makasalanan ang puso nila, hindi nga lang ganoon kahalata sa paningin ng mga tao.

Heto ngayon ang pagsasalarawan ng Diyos sa mga taong nananatiling “in the flesh.” Tandaang ang mga description na ‘to ay tumutukoy sa lahat ng mga non-Christians: atheist man ‘yan, o debotong relihiyoso, o rebellious, o Cristiano lang sa nguso, lahat ng walang tunay na pananampalataya kay Cristo.

For the mind that is set on the flesh is hostile to God, for it does not submit to God’s law; indeed, it cannot. Those who are in the flesh cannot please God.

Rom. 8:7-8

Sapagkat ang naghahangad ng ayon sa makasalanang pagkatao ay kinakalaban ang Diyos, sapagkat hindi siya nagpapasakop sa batas ng Diyos; at talaga namang hindi niya ito kayang gawin. Ang mga nasa makasalanang pagkatao pa ay walang magagawa para kalugdan ng Diyos.

Ang pagsasalarawang ito ay napakasaklap na katotohanan para sa mga wala kay Cristo. **Hostile to God.** Kung ang pag-iisip at hangarin ng puso mo ay para sa kasalanan, ikaw ay laban sa Diyos. Kaaway mo ang Diyos. Kaaway ka ng Diyos. Naghihimagsik ka. Nagrerebelde ka. Ganyan ang kalagayan natin dahil bilang mga makasalanang (5:8), mga kaaway ng Diyos (5:10). Itong kalagayan natin sa kasalanan ang ipinaliwanag mabuti ni Pablo sa Romans 1-3. Tinatawag na “total depravity,” mula ulo hanggang paa, every fiber of our being, makasalanang tayo. Lahat tayo nasa ilalim ng kasalanan (3:9). Walang matuwid, walang gumagawa ng mabuti kahit isa” (3:10, 12). Hindi natin hinahanap ang Diyos, ni wala tayong takot sa kanya (3:11, 18). “All have sinned and fall short of the glory of God” (3:23). Nilapastangan natin ang Diyos, di natin siya binigyang-karangalan gaya ng nararapat sa kanya, sinamba natin ang nilikha sa halip na ang lumikha sa atin (1:21-25). Dahil dito ay nahahayag ang poot ng Diyos (1:18) at marapat lang ito para sa atin.

Dito sa Romans 8:7, nagbigay si Pablo ng pruwera kung bakit niya nasabing kinakalaban natin ang Diyos. Dahil ang pusong naghahangad sa kasalanan ay hindi nagpapasakop sa batas ng Diyos. ...**for** (heto ang dahilan) **it does not submit to God’s law.** Makasalanang tao hindi dahil sa napipilitan lang tayong gawin ang ayaw nating gawin. Gusto natin, ginusto natin ang paggawa ng kasalanan, ayaw nating sumunod sa batas ng Diyos. Parang sa nangyayari sa America rin. Kahit may batas na stay at home dahil sa pandemic, ayaw sumunod ng mga tao. Buhay daw nila yun, karapatan nilang gawin ang gusto nila, at hindi pwedeng supilin ang kalayaan nila. Mamatay kung mamamatay. Ayun hundreds of thousands na ang patay. Pati sa mga riots, looting, anarchy na nangyayari dahil sa mga protesta tungkol sa racial injustice, wala na ring batas-batas, kung ano ang gustong gawin, gustong nakawin, gustong sunugin, gustong saktan, ginagawa. Gusto nating masunod ang sarili nating batas.

Sa mundo natin may batas, dapat lahat mag-comply sa batas ng Diyos. Pero binabago natin ang batas, gusto natin tayo ang batas, gusto natin tayo ang nasusunod. Natatawa ka kasi sa sinabi ni Kim Chiu na hawig diyan. Pero yang ganyang katotohanan hindi nakakatawa. Ang pagkalat ng virus ay patunay niyan. Ang anarchy sa US ay patunay niyan. Ang racism patunay niyan. Ang buhay natin nang hiwalay kay Cristo ay patunay niyan. This is not a joke. Tawanan mo kung gusto mong mapahamak.

May magagawa ba tayo para solusyunan ang problemang ‘yan? Wala! Kaya binigyang-diin ni Pablo sa dulo ng v. 7, **...indeed it cannot**. Wala tayong kakayahan, wala tayong kapangyarihan, wala tayong magagawa para makasunod sa batas ng Diyos. Napakalaki ng problema ng puso natin. Kung sarili natin ang problema natin. Wala sa atin ang solusyon. We need the gospel, “the power of God for salvation” (1:16).

Ito rin ang sinabi ni Pablo sa 8:8, **Those who are in the flesh cannot please God**. Yung total depravity na kalagayan natin nang hiwalay kay Cristo dahil sa kasalanan ay nangangahulugan din ng “total inability.” Hindi ibig sabihin na ang mga non-Christians ay di makagagawa ng mabuti. Nakikita rin naman natin yung “good works” na gawa nila. Sa mata natin, oo. Pero sa mata ng Diyos? No. Hindi nalulugod ang Diyos sa anumang gawa, mabuti man sa harap ng tao, na hindi glory of God and love for others ang motivation, at hindi nanggagaling sa pananampalataya kay Cristo. Kahit na sa attempt to please God by religious and spiritual activities, hindi nalulugod ang Diyos kung yun ay ginagawa nang hiwalay kay Cristo. Apart from regenerating power of the Holy Spirit, wala tayong kakayahan, wala tayong kapangyarihan, wala tayong magagawa para iligtas ang sarili natin, at makapamuhay nang ayon sa kalooban ng Diyos. Meron bang magagawa ang isang taong patay?

Conclusion

Pero dahil kay Cristo, tayo ay buhay. Yun ang sinasabi ni Paul sa v. 9, “You, however (ibang-iba, salungat na salungat), are not in the flesh but in the Spirit...” Sa susunod na natin pag-aaralan ‘yan. Pero ngayon, sapat na na ipaalala sa atin na kung tayo ay nakay Cristo, magkaibang-magkaiba ang buhay natin sa mga di-Cristiano. Kaya nga naparito si Cristo para tiyakin

ang napakalaking pagbabagong kailangan natin. Kinalulugdan na tayo ng Diyos dahil kay Cristo na Anak niyang minamahal na lubos niyang kinalulugdan (Matt. 3:17). Dahil meron na tayong bagong buhay, bagong puso, nasa atin ang Espiritu, at magagawa na nating magpasakop sa batas ng Diyos, sumunod sa kalooban niya, at maenjoy ang pakikipagkaibigan (reconciled relationship) natin sa Diyos. Ito ang buhay at kapayapaang nasa atin na ang isip, damdamin at gawa ay pinapatnubayan ng Espiritu.

Nagkakaroon tayo ng mga pagdududa at pag-aalinlangan, nagbabagu-bago ang damdamin natin kasi binabatay natin ang assurance natin sa mga bagay na pabagu-bago tulad ng nangyayari sa paligid natin o sa level of our maturity or performance sa buhay Cristiano. And that is our problem kaya di natin naenjoy ang rock-solid and sweet assurance na nais ng Diyos para sa bawat isa sa mga anak niya. At mangyayari lang yun kung ibabatay natin ang katiyakan natin sa di-nagbabagong katayuan at kalagayan natin kay Cristo. He is our Solid Rock. All other ground is sinking sand.

Sermon: “The Spirit Dwells in You” (Rom. 8:9-11)

 treasuringchristph.org/2020/06/15/sermon-the-spirit-dwells-in-you-rom-89-11

What is different about you?

Since last week, pinag-uusapan na natin ang pagkakaiba ng isang Cristiano sa di-Cristiano. Meron pa ring pagkakatulad for sure. Pero napakalaki ng pagkakaiba. Ito ang hindi natin karaniwang nakikita o inaalala kaya nababalisa tayo, natatakot, nawawalan ng assurance sa panahon ng kahirapan o trahedya sa buhay. Sige, subukan mong sagutin yung tanong na yan: Ano nga ba ang pinagkaiba ko sa mga di-Cristiano? Nabaptize ka at meron kang church? May mga non-Christians din na ganyan! Nasa Christian school ang mga anak mo? May mga non-Christians din na ganyan! Wala kang bisyo at medyo maayos ang lagay ng pamilya mo? May mga non-Christians din na ganyan! Hindi ka nagmumura? Hindi ka nanonood ng malalaswang panoorin? May mga non-Christians din na ganyan!

Fundamentally, yung pagkakaiba na pinag-uusapan natin ay wala sa usaping pulitika, edukasyon, ekonomiya o social behavior. Something radically different ang pinag-uusapan natin, ang itinuturo sa atin ni Pablo. Ito ay may kinalaman sa espirituwal na kalagayan natin, yung estado ng relasyon natin sa Diyos. At ang point ni Paul dito sa Romans 8 ay ipaalala sa atin ang mga katotohanang ito para magkaroon tayo ng mas matibay na katiyakan na mapanghahawakan gaano man katindi ang maging struggles natin sa kasalanan sa puso natin (inside of us) at mga sufferings sa mundong ginagalawan natin (outside of us). So, kung Cristiano ka, totoong Cristiano, you can have this assurance, mapanghahawakan mo. Pero kung hindi ka Cristiano, you can never have this assurance, dapat lang na matakot ka sa kalagayan mo ngayon at sa kahihinatnan mo sa darating na paghuhukom ng Diyos. For Christians, the Lord is inviting us to trust in Jesus more and more. For non-Christians, the Lord is inviting you to trust in Jesus now and forevermore.

Not in the Flesh but in the Spirit

Last week, sa pag-aaral natin ng Rom. 8:4-8, nakita na natin ang malaking pagkakaiba ng isang non-Christian (those who “walk according to the flesh”) sa isang Christian (“who walk not according to the flesh but according to the Spirit,” v. 4). Kapag sinabi niyang “flesh” (Gk. *sarx*) karaniwan itong tumutukoy sa makasalanang pagkatao natin, our sinful nature. Tulad sa Rom. 8:3, kung saan sinabi niyang yung “law” ay pinapahina ng “flesh” o makasalanang pagkatao natin. Maliban na lang kung ang “flesh” na tinutukoy niya ay tungkol sa pisikal na katawan ng tao, tulad ng reference kay Cristo sa second half ng v. 3, na tumutukoy sa pagkakatawang-tao ni Cristo at sa kanyang pisikal na kamatayan sa krus, at wala rin naman siyang “makasalanang pagkatao.” Kaya sinabing “in the likeness of sinful flesh.”

So, yung isang taong tinutukoy ni Pablo mula v. 4 hanggang sa text natin ngayon sa Rom. 8:9-11 ay “in the flesh” at ang isa ay “in the Spirit.” Hindi ito paglalarawan ng dalawang uri ng Cristiano – isang carnal Christian at isang spiritual Christian. No. Ang tinutukoy dito ni Pablo ay lahat ng Cristiano. Yun naman ang diin niya mula pa sa simula. Lahat ng Cristiano – ano man ang kalagayan mo sa buhay, ano man ang level of spiritual maturity mo – lahat ng Cristiano ay “no condemnation in Christ Jesus” (Rom. 8:1). Pinalaya na mula sa kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan (Rom. 8:2).

Namumuhay na ayon sa patnubay, pagkilos at kapangyarihan ng Espiritu (Rom. 8:4). Ang hangarin na ay hindi ang masunod ang makasalanang pagkatao – although we still struggle with that, nasa atin pa rin ang sinful nature – pero hindi na yun ang nangingibabaw sa buhay natin, kundi ang masunod ang hangarin ng Espiritu (Rom. 8:5). Wala na tayo sa kamatayan, wala na itong kapangyarihan sa buhay natin. Nasa atin na ang buhay at kapayapaan at maayos na relasyon sa Diyos – now and forevermore (Rom. 8:6). Lahat ng ito – ang kalagayan natin ngayon at ang buhay na darating para sa atin – all of these are secured by the work of Jesus on the cross for us. “He condemned sin in the flesh by sending his own Son in the likeness of sinful flesh as a sin offering” (Rom. 8:3 CSB).

Sabi din ni Pablo, “If anyone is in Christ, he is a new creation; the old has passed away, and see, the new has come” (2 Cor. 5:17 CSB). Mahalaga ring tingnan kung gaano kapangit at kasaklap ang kalagayan mo dati para makita

mo kung gaano kaganda at kainam ang kalagayan mo ngayon. Tulad halimbawa ni Henry Sy, Sr. na nagsimula ng SM Supermalls. Dati mahirap ang kalagayan niya, pero nung yumaman siya ibang-iba na. Ewan ko lang ngayon dahil patay na siya. Pero yung anak niyang si Henry Sy, Jr., mayaman nga ngayon, pero mayaman na rin dati. Hindi ba't malaki ang epekto sa puso mo kung aalalahanin mo na dati ay spiritually bankrupt ka, morally corrupt, spiritually dead? Tulad ng sinasabi ni Pablo sa Rom. 8:7-8. Kinakalaban mo ang Diyos, hindi ka nagpapasakop at sumusunod sa mga utos niya. Ayaw mo. Hindi mo kaya. Wala ka ring magagawa para kalugdan ng Diyos. Those who are in the flesh cannot please God (v. 8). Ganyan ka dati.

The Spirit in You (8:9)

Pero ngayon? Ibang-iba na! O anong yaman, anong tamis, anong sarap, anong inam nang nakay Cristo! See, the new has come! Tingnan mo. Alalahanin mo kung sino ka ngayon. Alalahanin mo kung kanino ka. Alalahanin mo kung ano ang meron ka. Hindi kung ano ang meron ang mga mayayaman o nasa kapangyarihan. Hindi kung ano ang wala sa 'yo o nawala sa 'yo. Kaya sabi ni Paul sa Rom. 8:9 (kung paanong sa v. 4 sinimulan na niyang sabihin 'to), "You, however, are not in the flesh but in the Spirit, if in fact the Spirit of God dwells in you. Anyone who does not have the Spirit of Christ does not belong to him" (Romans 8:9 ESV). My translation – "Ngunit kayo ay wala na sa makasalanang pagkatao kundi nasa Espiritu na, kung totoo ngang ang Espiritu ng Diyos ay naninirahan sa inyo. Kung wala sa isang tao ang Espiritu ni Cristo, siya'y hindi kay Cristo."

"You, however, are not in the flesh but in the Spirit..." Mga Christians sa Rome ang kausap niya – lahat ng Cristiano, hindi lang special class ng mga Christians. All Christians. Wala ka na sa makasalang pagkatao kapatid. Iba na ang tirahan mo, iba na ang address mo. Kabaligtaran ng vv. 7-8 ang totoo sa 'yo – "you, *however*, are not in the flesh." Hindi na kalaban o kaaway ang turing sa 'yo ng Diyos. Bagamat may mga panahong kinokontra pa rin natin ang gusto niya, hindi na yun ang nagdedefine ng relasyon natin sa kanya. Nagpapasakop ka na rin sa batas ng Diyos. Bagamat may mga panahong pinipilit pa rin natin ang sarili nating batas (Rom. 7:17, 20), may kakayahan

na tayong masayang sumunod sa batas ng Diyos (Rom. 7:22). We can submit to God's law. Nalulugod na rin sa atin ang Diyos. Bagamat may mga panahong nakagagawa tayo ng mga bagay na displeasing to God, yung disposition ng puso ng Diyos naka-incline sa atin, natutuwa, nalulugod, nasasabik para sa atin. God is pleased with us and we can please God.

Dahil ba mas edukado tayo, mas sibilisado, mas nakaaangat ang buhay natin kaysa sa mga non-Christians? No! Because we are "in the Spirit." Meron na tayong bagong address o tirahan. Spiritually speaking, hindi na tayo nakatira sa ilalim ng tulay o sa estero o sa basurahan na walang magagawa para baguhin ang kalagayan natin. Nakatira na tayo sa palasyo at nasa atin na ang lahat ng spiritual resources – the Spirit! – na siyang kailangan natin to live a life pleasing to God. Yes, meron pa ring pakikipaglaban (Rom. 7:23) na nasa puso natin. Pero ang kapangyarihang pumapatnubay sa buhay natin ay higit na makapangyarihan kaysa sa kasalanang natitira pa sa puso natin.

At sasabihin ni Paul na itong Holy Spirit ay hindi lang isang outside influence sa atin, but inside presence and power. Hindi lang tayo nakatira sa Espiritu, ang Espiritu rin ay nakatira sa atin. Again, all Christians ang pinaguusapan dito. Kaya dugtong ni Paul, "...if in fact the Spirit of God dwells in you" (Rom. 8:9). Kung totoo ito, at totoo nga kung ikaw ay nakay Cristo! Oh what assurance! This is precious truth!

Kaya sabi ni John Piper:

This is precious because it calls to mind all the inner transformation that makes us free in the service of Christ. The Spirit is not just outside barking commands at us to influence us. He is inside, working a new heart and a mind conformed to Christ, so that we will delight to do what he commands. This is one of the great evidences that he is there."

John Piper, "Christian, Know Whose You Are," Dec. 16, 2001.

Not just outside...he is inside...he is there. Nasa atin. Nasa puso natin. "Dwelling" inside of us. Yung word na "dwell" ay galing sa Gk. *oikeo*, na galing sa *oikos* na tumutukoy sa isang bahay o tirahan o tahanan. Ibig sabihin, ang Espiritu ay nakatira sa atin. Simula nang tayo ay sumampalataya kay Cristo, nag-move-in na ang Espiritu para manirahan sa atin. Hindi para bumisita at magkape. Hindi para tumambay lang nang

matagal-tagal. Hindi para mag-overnight lang. Hindi para mag-staycation lang. Hindi naman parang hotel ang puso natin. Itong katawan natin ang permanent residence niya. The temple of the Spirit (1 Cor. 6:19-20). Dito na siya nakatira. Nakapirmi. Hindi na aalis. Nakalockdown, stay-at-home, and he is here to stay. Kahit gaano ka-messy ang bahay niya sa ‘yo, kahit gaano karami ang sira-sira na kailangang ng repair and renovation, kahit may mga oras na inaaway mo siya, hindi siya aalis hangga’t hindi natatapos ang gawa ng Diyos sa buhay mo. Ibig sabihin, hanggang sa dulo. Yung Visa niya ay hindi single entry o multiple entry na 10 years validity, but permanent residency.

Para matiyak na maririnig natin ang salita ng Diyos, inulit pa ni Pablo nang dalawang beses sa Rom. 8:11 yung phrase na “the Spirit dwells in you.” Sabi Charles Hodge sa kanyang commentary sa passage na ‘to:

The Spirit, so to speak, is the element in which you live. Such the Roman Christians were by profession and by repute, for their faith was spoken of throughout the world. Their real character, however, was not determined either by their professions or their reputation. The apostle therefore adds, if so be the Spirit of God dwell in you. This is the only decisive test. Every other bond of union with Christ is of no avail without this. We may be members of his Church, and united to him by being included in the number of his people, yet unless we are partakers of that vital union which arises from the indwelling of the Holy Ghost, we are his only in name.

Charles Hodge, Commentary on the Epistle to the Romans, p. 257.

Napakahalaga nito. Kung wala ang Espiritu sa ‘yo, balewala kahit nasa ‘yo pa ang bilyun-bilyong kayamanan, o kahit meron kang pangalang tinitingala ng marami, o marami kang kakilalang sikat at powerful sa society. Nothing else matters kapag wala sa ‘yo ang Espiritu. Kaya sabi ni Paul sa dulo ng v. 9, “Anyone who does not have the Spirit of Christ does not belong to him.” Tatlong beses sa isang verse lang binanggit ang Holy Spirit. Kung ngayon ay neglected ang status ng Holy Spirit sa buhay mo, verse 9 helps us pay attention kung gaano kahalaga yung role niya, yung presence niya, yung power niya sa buhay natin. Equally important with the Father and the Son. Tinawag siyang “Spirit”, then “Spirit of God,” then “Spirit of Christ.” Nagpapahiwatig ito ng equal standing niya bilang Diyos.

Nagpapahiwatig din ng intimate relationships meron ang Ama, Anak at Espiritu. Nagpapahiwatig din ito na sa gawa ng Diyos sa buhay natin, wala ni isa mang persona ang gumagawa nang hiwalay sa iba pang persona. They are working together to accomplish salvation for us from beginning to end. Tulad ng napag-aralan na natin sa first three verses, at mapag-aaralan natin hanggang sa dulo ng chapter 8.

So, ang point ni Paul ay ito: Kung wala sa 'yo ang Espiritu at wala ka sa Espiritu, ibig sabihin wala ka kay Cristo, you are outside of Christ, you do not belong to him. You are not a Christian. "If a man does not possess the Spirit of Christ, he is no Christian" (NEB). Package deal 'yan. To be in Christ is for the Spirit of Christ to be in you. Kung nasa atin ang Espiritu, Christ in us. We belong to Christ. We are his possession. Anong katiyakan ang binibigay nito sa atin? Kung pag-aari ka niya, kung sa kanya ka, pababayaan ka ba niya?

Tulad ng sagot sa first question ng Heidelberg Catechism: What is your only comfort in life and death?

That I am not my own, but belong with body and soul, both in life and in death, to my faithful Saviour Jesus Christ. He has fully paid for all my sins with his precious blood, and has set me free from all the power of the devil. He also preserves me in such a way that without the will of my heavenly Father not a hair can fall from my head; indeed, all things must work together for my salvation. Therefore, by his Holy Spirit he also assures me of eternal life and makes me heartily willing and ready from now on to live for him.

The Spirit is Life (8:10)

Sa v. 9, napakahalaga sa atin na alalahanin ang mga totoo tungkol sa atin na hindi masasabing totoo sa mga non-Christians. Meron na tayong tatlo na nakita (1) Ang buhay natin ay nasa patnubay ng Espiritu. (2) Ang Espiritu mismo ay naninirahan sa atin. At (3) tayo ay kabilang kay Cristo. Dito naman sa v. 10, meron pa. "But if Christ is in you, although the body is dead because of sin, the Spirit is life because of righteousness." My translation – "Pero kung si Cristo ay nasa inyo, bagamat patay ang katawan dahil sa kasalanan, ang Espiritu naman ang buhay dahil sa katuwiran."

Yung mga non-Christians they do not belong to Christ. Pero tayo, we belong to him. “But if Christ is in you...” Pareho lang din ‘to nung second truth, “the Spirit is in you.” Dahil yung Spirit na yun ay tinawag ding “Spirit of Christ.” So pwede rin nating sabihing nasa atin si Cristo bagamat alam nating siya ay nasa langit – body and spirit. So, totooong nasa atin siya, kasama natin siya dahil sa presensya ng Espiritu sa buhay natin. Ito ang katuparan ng pangako niyang, “I will be with you always” (Matt. 28:20). Itong pagdating ng Holy Spirit, not just to be “with you” but also “will be in you” (John 14:17) ang promise niya: “I will not leave you as orphans; I will come to you. Yet a little while and the world will see me no more, but you will see me. Because I live, you also will live. In that day you will know that I am in my Father, and you in me, and I in you” (John 14:18-20).

Dumating si Cristo nang dumating ang Espiritu. Nanirahan si Cristo sa atin nang nanirahan ang Espiritu sa atin. So we can also say with Paul, “Christ lives in me” (Gal. 2:20). Wag nating ihihiwalay ang gawa ng Espiritu sa gawa ni Cristo sa buhay natin. Sabi ni Derek Thomas:

It is important for us not to divorce the ministry of the Spirit and the ministry of Jesus. After all, the Holy Spirit is Jesus’ personal representative agent in our hearts. The Spirit’s ministry is to floodlight the ministry of Jesus and to seal His redemptive accomplishments to us.

Derek Thomas, How the Gospel Brings Us All the Way Home

Kung tayo ay nakay Cristo, si Cristo ay nasa atin. Kung si Cristo ay nasa atin, ang Espiritu ay nasa atin. At kung ang Espiritu ay nasa atin? “Although the body is dead because of sin, the Spirit is life because of righteousness” (Rom. 8:10). Bago niya sabihin yung “the Spirit is life” (na sinabi na rin niya sa Rom. 8:6, “the Spirit is life and peace”), binanggit muna niya ang kundisyon natin na hindi pa magbabago (but one day will! sa v. 11 naman yun). Heto naman din yung kundisyon natin na tulad din ng mga non-Christians. Ang tinutukoy niya dito ay ang physical body natin, at sinabi niyang ang katawang ito ay “patay.” Mamamatay, yes (tulad ng salin sa mga Tagalog versions). Pero ang sabi ni Paul, “patay.” Nasa kalagayan na ng kamatayan. Subject to decay na. Tumatanda, nagkakasakit, and eventually mamamatay. Kapag sinabing “no condemnation” na sa atin, kapag sinabing we have “life” in the Spirit, hindi ibig sabihing hindi na tayo magkakasakit at mamamatay.

Sinabi ni Charles Hodge na ang katotohanang ito ay hindi “inconsistent with the perfection of the redemption of Christ,” kapag hindi pa natin matanggap yung benefits of salvation niya “in their fulness” sa oras na sumampalataya tayo sa kanya. Consequences pa rin ito ng kasalanan natin (“the body is dead *because of sin*”). Nandito pa rin tayo sa fallen world (more on that simula sa v. 18). Merong sakit, merong hirap, merong pighati, merong kamatayan. Kasama sa “wages of sin” ang pisikal na kamatayan. Nararamdaman natin ang kamatayan, na malapit ang kamatayan lalo na ngayong may pandemic. Pero sa halip na matakot, magduda at mag-alinlangan sa pangako ng Diyos, heto ang assurance natin sa kasunod niyang sinabi – bagamat pareho tayo ng mga non-Christians na ang katawan ay patay at mamamatay, heto ang pagkakaiba:

“...the Spirit is life because of righteousness” (Rom. 8:10). Most English versions capital S yung “Spirit,” pero sa salin sa Tagalog (ASD & MBB), small “s” spirit o espiritu. Yung Gk. *pneuma* (wind, breathe, spirit) naman kasi ay maaaring tumukoy sa Holy Spirit o sa spirit ng tao (meron tayong physical body, meron ding non-physical, yung spirit). In favor of the translation “Spirit” ay yung kanina pa mula sa simula ng Romans 8 ay Holy Spirit na ang tinutukoy ni Pablo. In favor naman sa small “s” spirit ay yung contrast nito sa “body” sa una niyang sinabi sa v. 10. Pero mas pabor ako na sa Holy Spirit ito tumutukoy. Kasi hindi naman niya sinabi ditong “the spirit is alive” but “the Spirit is life.” Na yung buhay ay principle na ang pinanggalingan ay ang Espiritu as God the author of life. So either way, because the Spirit is life and the giver of life, kaya yung espiritu natin ay buhay or alive kahit na ang katawan natin ay patay at mamamatay.

May buhay tayo ngayon – not just in the future, but now – “because of righteousness.” Pwedeng ang tinutukoy nito ay ang katuwiran ni Cristo na sa pamamagitan niya ay itinuring tayong matuwid ng Diyos kaya meron na tayong buhay (like ASD/MBB translation, see also Rom. 5:18, 21). O kaya naman maaaring tumukoy ito sa pamumuhay natin na lumalakad sa katuwiran (matuwid na pamumuhay) bilang ebidensiya na nasa atin na nga ang Espiritu na nagbigay-buhay sa atin at magagawa na natin ang hindi natin magagawa (to submit to God’s law, to please God) kung wala tayo sa Espiritu. O maaaring gustong ipahiwatig ‘yan pareho ni Pablo kaya hindi

ganun ka-klaro o ka-direkta ang statement niya, tutal di naman pwedeng paghiwalayin talaga ang justification at sanctification sa isang Christian (tulad ng nakita natin sa Rom. 8:4).

Anuman ang tamang interpretation, malinaw na bilang mga Cristiano, nasa atin na ang buhay dahil nasa atin ang Espiritu. The new has come! Makukulubot man ang balat natin, malalagas ang buhok, tatanda, magkakasakit, masisira ang baga, hihina ang daloy ng dugo, tataas ang presyon, aatakehin sa puso, dadapuan ng coronavirus, di na makakahinga, hanggang sa mamatay, but our spirit is very much alive! Gaano man kalala ang sapitin ng buhay mo ngayon, mananatili kang buhay. Hindi tulad ng mga non-Christians, akala mo buhay na buhay pero ang totoo ay patay! Kung nakay Cristo ka, kung nasa yo ang Espiritu, meron kang bagong buhay ngayon at buhay na walang hanggan sa pagbabalik ni Cristo. Yun naman ang v. 11.

Resurrection Life (8:11)

“If the Spirit of him who raised Jesus from the dead dwells in you, he who raised Christ Jesus from the dead will also give life to your mortal bodies through his Spirit who dwells in you” (Romans 8:11 ESV). My translation – “Kung ang Espiritu ng Diyos na bumuhay kay Jesus mula sa mga patay ay naninirahan sa inyo, siya na bumuhay kay Cristo Jesus mula sa mga patay ang siya ring magbibigay buhay sa inyong mga katawang may kamatayan sa pamamagitan ng kanyang Espiritung naninirahan sa inyo.”

Kanina sinabi ni Paul sa v. 10 na “the body is dead.” Patay na. Tiyak na mamamatay. Kaya nga dito sa v. 11 tinawag niya itong mga katawan natin na “mortal bodies.” Lahat tayo “mortal.” Kahit ang pinakamayaman, pinakamakapangyarihan, pinakabanal na tao sa mundo ay mere mortals. Lahat ay mamamatay. Ang Diyos lang ang immortal (Rom. 1:23; 1Tim. 1:17). Pero may promise siya tungkol sa katawan natin. Hindi lang espirituwal na buhay ang gusto niyang ibigay sa atin – at nasa atin na nga. Pisikal din. We are both physical and spiritual beings. Katawan at espiritu. Yung fullness of redemption ay kasali ang katawan natin – “the redemption of our bodies” (Rom. 8:23).

Pero hindi pa yun ngayon dito sa mundong ito. Kontra ito sa itinuturo ng prosperity gospel at word of faith movement. Yes, kayang magpagaling ng Diyos at bumuhay ng patay ngayon kung gugustuhin niya. Pero hindi niya ‘yan pinangako sa lahat. ‘Yan ang pagkakamali ng mga leaders ng Bethel Church. Isa itong theological reason bakit di natin kinakanta ang mga songs nila. Early this year kasi (or last year?) namatay ang two-year old child ng isa sa mga leaders nila. Tapos pinagpray nilang mabuhay. Kaya di agad inilibing. Sa halip na magdalamhati at tanggapin ang kalooban ng Diyos, they were claiming something na hindi naman ipinangako ng Diyos. Very troubling ‘yan. Nagkaroon pa sila ng mga resurrection service, chanting the name of Jesus, and praying in Jesus’ name na buhayin ang patay.

Mahalaga ang tamang theology about the resurrection para magkaroon tayo ng assurance. Bagamat future pa ‘yan, we can have assurance now. Na anumang sakit o hirap o kawalan o kamatayan man ang maranasan natin, hindi ‘yan parusa ng Diyos kundi paraan para dalhin tayo palapit sa kanya. Mamamatay tayo, mamamatay ang mga kapatid natin kay Cristo. But “he will give life to our mortal bodies” (Rom. 8:11). Mangyayari ‘yan sa muling pagbabalik ni Cristo. Ang lahat ng mga patay – kahit ilang daang taon nang patay o ilanlibong taon nang patay ay muling mabubuhay. Yung mga wala kay Cristo ay bubuhaying muli para maranasan ang sakit ng parusa ng Diyos. Tayo na nakay Cristo ay muling bubuhayin para magkasama ulit ang ating espiritu at katawan na maranasan ang kasiyahan sa piling ng Diyos magpakailanman.

Paano tayo nakatitiyak na mangyayari ito? Nagbigay si Pablo ng tatlong garantiya. At pansinin mong itong tatlo ay may kinalaman sa bawat persona sa Trinity. Ama, Anak, Espiritu – tulung-tulong para garantiyahan ang kaligtasan natin mula simula hanggang sa dulo. Oh what a gracious God we have!

Una, **the power of God**. Dalawang beses binanggit ni Paul yung “him who raised Jesus from the dead” / “he who raised Jesus from the dead.” Ang Diyos ang tinutukoy. The author of life, the giver of life. Siya ang nagbigay ng hininga kina Adan at Eba, at sa lahat ng mga taong nabuhay sa mundong ito (creation). Siya ang nagbigay ng bagong buhay sa atin (regeneration). Siya

ang bumuhay kay Cristo mula sa mga patay (Acts 2:24. Rom 4:24; 6:4; 10:9). Siya rin ang bubuhay sa lahat ng mga patay. Ang Diyos lang ang may life-giving power.

Ikalawa, **the resurrection of Jesus from the dead**. Dalawang beses din itong inulit ni Pablo sa verse na ‘to. Ang muling pagkabuhay ni Jesus ang nag-secure ng kaligtasan natin – hindi lang moral or spiritual resurrection in this life, but also physical and bodily resurrection in the life to come. Bubuhayin tayong muli hindi katulad ni Lazarus na namatay ulit. Bubuhayin tayong muli na tulad ng muling pagkabuhay ni Cristo at kailanman ay hindi na tayo mamamatay.

Ikatlo, at ito ang binibigyang diin ni Pablo simula pa v. 9, **the indwelling of the Spirit**. Ang Espiritu na naninirahan sa atin ang garantiya na mamatay man ang katawan natin, mananatiling buhay ang espiritu natin at ang Espiritung nasa atin ang siyang muling bubuhay sa katawan natin sa pagbabalik ni Cristo. The Spirit in us is the Spirit of life – buhay na meron tayo ngayon, at buhay na mapapasaatin in our future bodily resurrection. Siya yung “guarantee (CSB “downpayment”) of our inheritance until we acquire possession of it” (Eph. 1:14). The power of God, the resurrection of the Son of God, and the indwelling presence of the Spirit of God – Ama, Anak, Espiritu tulung-tulong para lubusin ang kaligtasan natin at ihatid tayo hanggang sa dulo.

Assurance for the Embattled Saints

Ito ang assurance, certainty, katiyakan natin na wala ang mga non-Christians. Oo, magkakasakit tayo at mamamatay tulad din ng ibang mga tao, pero hanggang doon lang ang pagkakatulad natin sa kanila. Ang pagkakaiba natin? Napakalaki!

1. Ang Espiritu ng Diyos ay naninirahan sa atin.
2. Ang Espiritu ng Diyos ang pumapatnubay sa buhay natin.
3. Tayo ay kabilang kay Cristo – pag-aari niya, sa kanya tayo.
4. Si Cristo ay nasa atin.
5. Ang buhay natin ay kaloob at pinanatili ng Espiritu.

6. Balang araw, muli tayong bubuhayin mula sa mga patay – isang buhay na kasama ang Diyos magpakailanman.

Alam natin na ang ating katawang panlupa ay parang bahay na ating tinutuluyan habang nasa mundo pa tayo, at ito’y masisira. Ngunit alam din natin na may inihandang katawang panlangit ang Dios para sa atin na hindi mamamatay kailanman. Ang katawang ito ay ginawa ng Dios at hindi ng tao. **2** Dumaraing tayo sa ngayon, dahil pinananabikan nating maisuot na ang katawang panlangit. **3** At kapag nangyari ito, hindi matatagpuang hubad ang ating kaluluwa. **4** Habang nandito pa tayo sa ating katawan, dumadaing tayo dahil sa mga paghihirap. Hindi dahil sa gusto na nating mamatay, kundi dahil sa gusto na nating magkaroon ng bagong katawan, para mapalitan na ang katawang may kamatayan ng katawang walang kamatayan. **5** Ang Dios na rin ang siyang naghanda sa atin para tanggapin natin ang bagong katawan, at bilang katiyakan, ibinigay niya sa atin ang kanyang *Banal na Espiritu*.

2 Cor. 5:1-6 ASD

Ito ang malaking encouragement sa bawat isang Cristiano na nakikipaglaban sa sakit tulad ng cancer o Covid-19. Ito ang malaking comfort na ibinibigay ng Diyos sa mga matatandang miyembro ng church natin na nararamdaman na ang papalapit na kamatayan. Ito ang papawi sa kalungkutan ng sinuman sa atin na mawalan ng isang mahal sa buhay. Ito rin ang pag-asang pinanghahawakan ng lahat ng Cristiano – bata man o matanda – para mapawi ang anumang takot at pangamba tungkol sa kamatayan.

Sermon: “Killing Sin” (Rom. 8:12-13)

 treasuringchristph.org/2020/06/22/killing-sin

Indwelling Sin vs Indwelling Spirit

Paluwag na nang paluwag ang community quarantine sa bansa natin pero patuloy pa rin ang pagkalat ng coronavirus. Hindi lang sa atin, pati sa ibang bansa rin. Milyon ang maysakit, sa atin ay 27000 plus na ang nagkasakit. Although marami na rin ang nakarecover, pero hundreds of thousands ang pinatay nito, sa atin naman ay mahigit isanlibo na. Hanggang ngayon, wala pa ring nadidiskubreng lunas o vaccine para hindi na tayo tablan ng virus na ‘yan. Parang ‘yan na lang ata ang nakikita nating solusyon. Malaking problema ‘to kaya sineseryoso natin, although merong ibang tao na sige lang, mahawa kung mahawa. Itong sakit na ‘to ay malaking problema at kailangan ng solusyon, kailangang maging maingat tayo.

Kaya lang, wag nating kalimutan na meron tayong mas malaking problema. Hindi yung sakit na nitong taon lang kumalat, kundi yung sakit na sa simula’t simula pa ay nasa atin na. Hindi yung sakit na may posibilidad tayong mahawa, kundi yung sakit na nasa atin na. Ang tinutukoy ko ay walang iba kundi ang kasalanan. Kung ikaw ay non-Christian, mas malaki ang problema mo. Hindi lang basta may virus ka ng kasalanan, actually patay ka na, as good as dead. Magkatambal ang kasalanan at kamatayan. Kaya nga may binanggit si Pablo tungkol sa kapangyarihan nitong “kasalanan at kamatayan” (Romans 8:2). Kung ikaw ay nasa kasalanan, “those who live according to the flesh,” “those who set their minds on the flesh” (8:5), kamatayan ang kasakuluyang kalagayan at kahahantungan mo (8:6). Wala ka sa isang hospital ward o ICU. Nasa morgue ka na.

Pero kung ikaw ay nakay Cristo na siyang ipinadala ng Diyos para mamatay at mahatulan as our substitute (8:3), ibig sabihin ay inilagak mo na ang tiwala mo kay Cristo para iligtas ka mula sa kasalanan at kamatayan, wala ka na sa parusang kamatayan, “now no condemnation for those who are in Christ Jesus” (8:1). Pinalaya ka na mula sa kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan (8:2). Hinango ka na mula sa morgue at hiningahan ng Espiritu, at meron nang bagong buhay. Merong ka nang “buhay at kapayapaan” (8:6).

Meron ka nang buhay at namumuhay ayon sa hangarin ng Espiritu (8:5).

Ang sarap na pakinggan ang mga katotohanang ‘yan tungkol sa kalagayan o status o position natin bilang mga Cristiano. Pero hindi naive si Pablo, hindi siya namumuhay sa isang pantasya lang at inaanyayahan tayong samahan siya sa kanyang pantasya. Bagamat totoo ang mga ito, alam ni Pablo na meron pa rin tayong problemang kinakaharap araw-araw, kahit na sinolusyunan na ng Diyos ang pinakamalaking problema natin sa relasyon sa kanya. Nakakapit pa rin sa puso natin ang virus ng kasalanan. Oo nga’t naninirahan na ang Espiritu sa atin, “the Spirit of God dwells in you” (8:9, 11), at hindi ‘yan aalis hanggang sa dulo ng buhay natin tulad ng napag-aralan natin nung nakaraan. Pero meron ding kasalanan, the flesh, ang nakatira pa rin sa katawan natin. Ito yung sinabi ni Paul sa previous chapter na “sin that dwells within me...sin that dwells within me...sin that dwells in my members” (7:17, 20, 23). Gusto nating sundin ang kalooban ng Diyos, gusto nating gawin ang hangarin ng Espiritu, pero dahil sa kasalanang nasa atin pa, sinusunod pa rin natin ang makasariling hangarin natin. Merong away, merong laban, merong digmaan, “waging war” (7:23) inside of us. Flesh vs Spirit, magkalaban, hindi magkakampi, hindi kailanman magkakasundo kahit nasa isang tirahan, “these are opposed to each other” (Gal. 5:17). Ito rin yung tinutukoy ni Pedro na “passions of the flesh, which wage war against your soul” (1 Pet. 2:11).

Kung nagkakaisa ang buong bansa sa pakikipaglaban sa isang invisible enemy, ang coronavirus, ganun din dapat na nagkakaisa tayo bilang isang iglesia sa pakikipaglaban sa isa ring invisible at mas delikadong kalaban, ang kasalanang natitira pa at nakatira pa sa atin. At marahil ay nararamdaman n’yo ngayon ‘yan habang mas lalong tumatagal ang community quarantine at absence ng mga gatherings natin as a church. Noong unang buwan parang medyo okay-okay pa. Mas maraming time sa Bible reading, prayer and family worship. Mas naenjoy ang communion with God. Pero habang tumatagal, heto na nama’t nararamdaman n’yo siguro yung lust o kahalayan dahil sa maraming time mag-isa, feeling boring, lonely, stressed kaya nahuhumaling ulit sa panonood ng porn o paggugol ng maraming oras na sinasayang sa social media at worldly entertainment. O maybe, ang ilan sa inyo ay nag-struggle ulit sa galit, sa

unforgiveness, dahil sa dami n'yo ng time na mag-asawa o magkakapatid na magkakasama sa bahay. O kaya naman ay yung pride o feeling na you are better than other people, o mas morally superior kaysa sa mga nababalitaan mong mga kapalpakan ng mga personalities sa government. O baka katamaran, o baka katakawan, o baka kawalan ng pakialam o apathy sa mga kaguluhang nangyayari sa paligid.

Anuman yun, hindi natin pwedeng sabihing napagtagumpayan na natin ang lahat ng kasalanan. Evidence 'yan ng natitira pang pride and self-righteousness sa heart natin. Sabi ni Pablo na wag mong isiping matatag ang pagkakatayo mo at baka mabuwal ka (1 Cor. 10:12). Hindi mo pwedeng sabihing tapos na ang laban. Hindi pa nagto-throw ng towel ang kalaban, hindi pa nagwe-wave ng white flag, hindi pa 'yan sumusuko. Totoong justified na tayo, yung hatol sa atin ng Diyos na "not guilty" at "righteous in Christ" ay nasa atin na. No more condemnation, yes. Pero yung sanctification, progressive 'yan, nagpapatuloy, hindi pa tapos. Hangga't may natitira pang kasalanan sa atin. Masasabi mo bang wala ka nang kasalanan? Hangga't meron pang bahagi ng puso at karakter natin na di pa lubusang katulad ni Cristo. Masasabi mo bang you are now 100% like Christ?

Pastoral Concern for Sanctification

So, kailangan merong tayong "wartime mentality" (John Piper's term). Ang daling mag-relax ngayon at nakakalimutan nating merong giyera. So, ang prayer ko ay magsilbing panggising sa inyo ang tekstong pag-aaralan natin ngayon. At para naman sa iba sa inyo na damang-dama ninyo ang giyera sa puso ninyo, at pagod na pagod na kayo at parang susuko na kasi bumagsak kayo sa tukso, nasubsob sa laki ng kasalanang nagawa n'yo, at feeling mo talunan ka na, loser, defeated ng kasalanan, may this serve as good words of encouragement sa 'yo para bumangon ulit at magpatuloy na lumaban.

Two verses lang, Romans 8:12-13, pero ayon kay Martyn Lloyd Jones ito ang pinakaimportanteng mga talata tungkol sa sanctification sa buhay Cristiano. Actually, four sermons ang inilaan niya para diyan! In a way, itong two verses na 'to ay nagsisilbing major turning point sa Romans 8.

Bago natin basahin yun, pansinin mo muna kung paano niya pinasimulan yung v. 12, “So then, brothers...” (Ginamit na rin niya itong affectionate address na ‘to sa 1:13; 7:1, 4.) Tinawag niya ang mga Christians sa Rome na mga kapatid sa Panginoon bagamat hindi pa niya sila nakikita. Hindi naman din siya ang pastor nila at hindi rin siya ang nagplant ng church dun. Pero naging malapit na sila sa puso niya dahil kapatid sila sa Panginoon. Concern si Pablo hindi lang para maturuan sila ng mga dapat nilang malaman, kundi para magabayan sila kung paano dapat mamuhay. Paalala ito sa atin na kung babasahin natin ang book of Romans hindi lang ito basta isang “theological masterpiece” kundi isang “pastoral/missionary letter.” Hindi lang puro doktrina, napakapraktikal din, lalo na pagdating sa chapter 12. And doctrine is practical and relevant sa buhay Cristiano.

Up to this point sa pag-aaral natin, mapapansin n’yong ang ginagawa lang ni Pablo ay nagbibigay siya ng description ng buhay Cristiano, kung ano ang kalagayan o status natin kay Cristo. Pero dito ngayon, meron nang practical application. Although wala naman din siyang sinabing diretsang utos na dapat nating gawin, pero kung papakinggan mo kung gaano kaseryoso yung tono ng pananalita niya dito—kapag ganito ang ginawa mo, ganito ang mangyayari, at kung hindi ay ganito naman, yung actions natin na may consequences—mauudyukan tayong gawin at seryosohin kung ano ang duty o responsibility natin bilang mga Cristiano as justified sinners. Yes, merong dapat gawin. Konektado ang duty sa doctrine. Konektado ang application sa theology. Konektado ang mga dapat nating gawin sa natapos nang ginawa ni Cristo para sa atin. Konektado ang sanctification sa justification. Hindi pwedeng paghiwalayin.

The necessity of holiness, therefore, is absolute. No matter what professions we may make, or what hopes we may indulge, justification, or the manifestation of divine favour, is never separated from sanctification.

Charles Hodge (Commentary on Romans, p. 264).

Kaya bungad ni Pablo, “So then...” Literally, sa Tagalog, “Kaya nga, dahil dito...” Redundant. For emphasis. Na itong conclusion ng mga sinabi niya sa vv. 1-11 ay hindi optional but absolutely necessary. Kung paanong masaya ang puso natin sa pakikinig ng mga assurances na meron tayo because of the

work of the Father, the Son and the Spirit, ganun din dapat ang damdamin natin kapag pinapaalala sa atin ang mga obligasyon natin sa buhay Cristiano.

Pakinggan mo ang salita ng Diyos para sa atin ngayon: **“So then, brothers (and sisters), we are debtors (or, under obligation, obligated), not to the flesh, to live according to the flesh. For if you live according to the flesh you will die, but if by the Spirit you put to death the deeds of the body, you will live.”** “Kaya nga, mga kapatid, wala tayong pananagutan sa makasalanang pagkatao natin para mamuhay ayon sa makasalanang pagkatao. Dahil kung patuloy kayong namumuhay ayon sa makasalanang pagkatao, tuluyan kayong mamamatay. Pero kung sa pamamagitan ng Espiritu ay pinapatay ninyo ang mga makasalanang gawa ng katawan, mabubuhay kayo.”

Christian Duty

Pinapaalala dito ni Pablo na oo nga’t pinalaya na tayo mula sa kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan, the law of sin and death (v. 2), nananatiling meron tayong obligasyon o pananagutan. Pero merong malaking pagbabago. Sabi niya, “We are debtors...” Yung salitang ito (Gk. *opheiletes*) literally ay tumutukoy sa isang tao na may pinagkakautangang pera sa iba. Pero bilang pagsasalarawan o metaphor, it means “to be under obligation to do something for someone” (Thayer’s). Kaya salin sa MBB ay “may pananagutan” (sa ASD ay lost in translation, “dapat”). Ginamit na ito ni Paul sa Rom. 1:14 para sabihin sa kanila yung nararamdaman niya na meron siyang dapat gawin, “I am under obligation...”, para i-preach ang gospel sa lahat ng uri ng tao.

Dito naman, nasaan daw ang pananagutan natin? “...not to the flesh...” Wala na sa makasalanang pagkatao natin, our old sinful nature. Ito nga ang dahilan kung bakit di tayo makasunod sa utos ng Diyos (8:3). Ito nga ang umalipin sa atin, nagmalupit sa atin at sumira ng relasyon natin sa Diyos. Pinalaya na nga tayo. Hinatulan na nga ng Diyos ang kasalanan through the death of Jesus on the cross. Wala ka nang pananagutan na bigyang kasiyahan o pagbigyan man lang ang kasalanan sa puso mo. Imagine na ‘yan ang dati mong amo. Binubugbog ka. Ginagahasa ka. Minumura ka. Sinasakal

ka. At halos patayin ka na. Tinitiiis mo naman kasi kailangan mong may makain para mabuhay at makuha ang sweldo para ipadala sa pamilya mo. Pero isang araw, pinalaya ka na. Meron ka pa bang mararamdamang pananagutan sa dati mong amo at iisiping kailangan mo siyang balikan, kumustahin, ipagluto, pagsilbihan at bigyang kasiyahan? No! No! No!

Meron ka nang bagong buhay, bagong layunin sa buhay. Not “to live according to the flesh.” Kung bago na ang amo mo, bago na rin ang paglilingkuran mo. You are no longer in the flesh. In Christ ka na. In the Spirit ka na. Para ka na sa Diyos. So, positively, hindi man ito sinabi ni Pablo, ito rin ang gusto niyang tukuyin: ang pananagutan natin ay nasa Diyos na, para mamuhay tayo to please God, to serve Christ our new Master, para sundin ang hangarin at naisin ng Espiritung nasa atin. Pinalaya ka na, so live as people who are free. Not free to sin, but free to please your God and Savior.

Malinaw na bilang mga Cristiano, meron pa rin tayong duty at responsibility kung paano mamuhay sa paraang nagpapakita ng realidad at ganda ng buhay na tumanggap ng kaligtasan mula sa Diyos. Pero kapag duty ang pag-uusapan, yung ibang Christians nagiging allergic. Legalism na agad ang nasa isip – yung pagsunod sa kautusan para maging acceptable sa Panginoon. Para eka tayong mga Pariseo kung ganyan! We are saved by grace alone through faith alone! Tama naman. Pero wag nating isiping kapag gospel-centered, wala nang puwang ang “law” sa buhay natin. Ito naman ang error sa kabilang banda ng antinomianism (o anti-law).

Pinalaya na tayo sa parusang dulot ng pagsuway sa kautusan, hindi sa obligasyon nating sumunod sa utos ng Diyos. Ang obligasyon natin bilang mga Cristiano ay hindi anti-grace. There is no such thing as “duty-free” Christian. Iba nga lang ang motivation and source of power kumpara sa mga legalists. Ginagawa natin ang obligasyon natin hindi para mabago ang hatol o pagtingin sa atin ng Diyos. Hindi para ibaling ang puso niya para sa atin. Ginagawa natin ang mga ito dahil wala nang kahatulan sa sinumang nakay Cristo, dahil pinalaya na tayo, dahil ang puso ng Diyos sa atin ay nakabaling na at hindi na magbabago ang kanyang pagtanggap at pagmamahal sa atin dahil kay Cristo.

Living in Sin Leads to Death

At kung iisipin mong dahil diyan—because of the gospel, because of our secured justified status in Christ—ay pwede mo nang gawin ang lahat ng gusto mong gawin at magpatuloy sa kasalanan tulad ng isipan ng mga antinomians, delikado ‘yan, kapatid. Pakinggan mo ang warning ni Pablo. At ito ang dahilang binanggit niya sa v. 13, bungad niya, “For...” Ito ang magiging resulta, nakakatakot na bunga kung ikaw ay mamumuhay na ang sinusunod (at nasisiyahan ka pa!) ay ang mga makasalanang hangarin mo. **“For if you live according to the flesh, you will die.”** Kung magpapatuloy ka sa ganitong klaseng buhay, sabi ni Pablo, tuluyan kang mamamatay.

Anong ibig niyang sabihin dun sa conditional na “if you live according to the flesh”? Hindi niya sinasabi na kung may kasalanan ka pa rin hanggang ngayon. Lahat naman tayo may kasalanan pa rin. He’s not advocating for sinless perfection sa buhay natin ngayon, tulad ng itinuturo ng iba. Nagkakasala pa rin tayo and in some cases meron pa ring habitual sins, at yung iba ay nahulog sa malaking pagkakasala. Naniniwala tayong ang dugo ni Cristo ay sapat, more than sufficient to cover and pay for all our sins. Hindi lang yung kasalanang ginawa natin bago tayo maging Cristiano. Pati rin ang mga kasalanang nagagawa pa rin natin ngayon. Paul wants us to have assurance in that.

Pero may warning siya, and this is a serious warning, para sa mga tao na sinasabing Cristiano sila – that may include some “Christians” in Rome (if you...) – at inaakalang ligtas sila, pero ang isip at puso at pamumuhay ay walang nagbago, walang pinagkaiba sa mga non-Christians. Patuloy na nasisiyahan sa buhay nila na nagtatampisaw sa putikan ng kasalanan, naglalaro ng apoy, at sa pag-practice nila ng Christian religion ay nagpapakita ng patuloy na pagtitiwala sa sariling gawa. Ni walang ebidensiya ng pagbabago. Kung meron man, panlabas lang, pakitang tao lang. Walang senyales na lumalaban sa kasalanan. Hindi na nababagabag sa mga kasalanang scandalous – sa sarili man nila o sa ibang tao. Kung ganito ka, ganito ang kalagayan mo ngayon, this warning is for you.

“You will die.” Hindi ito yung pabirong sinasabi natin na, “hala, lagot ka, patay ka.” This is far more serious. Mas seryoso pa kesa sa coronavirus. Kung natatakot kang lumabas at baka mahawa ka’t magkasakit, o in some cases ay mamatay, mas dapat mo itong katakutan. Kung ang Covid-19 ay may death rate na 2-5%, mataas na kung 10% sa ibang bansa, ang pagpapatuloy sa kasalanan ay may death rate na 100%. Don’t take chances with sin. Hindi ito laro. Hindi ito sugal na pwede kang manalo o matalo. This is a lose-lose situation. Walang panalo sa kasalanan. Lugi ka. Patay ka. “You are about to die; death to you is inevitable” (Hodge, 264). Hindi lang pisikal na kamatayan ang tinutukoy dito kasi lahat naman tayo mamatay eventually. Ito rin yung tinutukoy niya na “to set the mind on the flesh is death” sa v. 6. Pagkakahiwalay sa Diyos. Walang hanggang parusa ng Diyos sa impiyerno. At kung alam mo lang kung gaano kahirap at kasakit ‘yan, you will take Paul’s warning far more seriously.

Kasing-seryoso ‘yan ng sinasabi ni Cristo tungkol sa wartime mentality na dapat meron tayo sa paglaban sa kasalanan, dahil kung hindi? Wag mong sabihing di ka naman pumapatay ng tao, pero kung galit sa puso mo ang kumokontrol sa buhay mo,

“Ang sinumang napopoot sa kanyang kapatid ay mananagot sa hukuman, ang humahamak sa kanyang kapatid ay mananagot sa Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio, at sinumang magsabi sa kanyang kapatid, ‘Ulol ka!’ ay manganganib na maparusahan sa apoy ng impiyerno.”

Mat. 5:22 MBB

Wag mong sabihing hanggang tingin ka lang naman at no big deal ‘yan. Really?

“Ang sinumang tumingin sa isang babae nang may pagnanasa ay nangangalunya na sa babaing iyon sa kanyang puso. Kung ang kanang mata mo ay nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, dukitin mo ito at itapon! Mabuti pang mawalan ka ng isang bahagi ng iyong katawan kaysa ang buo mong katawan ang itapon sa impiyerno. Kung ang iyong kanang kamay naman ay nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, putulin mo ito at itapon! Mabuti pang mawalan ka ng isang bahagi ng iyong katawan kaysa ang buo mong katawan ang itapon sa impiyerno.”

vv. 28-30

Seryoso ang tono ang Panginoong Jesus sa sermon niya. Seryoso si Pablo sa Romans 8:13 sa warning niya. Isang verse lang, pero ito ang basehan ng isinulat na libro ni John Owen (17th century Puritan), *On the Mortification of Sin in Believers*. At karamihan sa mga sasabihin ko ngayon ay mula sa kanya. Sabi niya, “Sin not only troubles us, but if left alone, it produces soul-destroying sins.” We don’t think this way lalo na kung “maliit” pa lang naman ang kasalanan. Mahalay na tingin lang, wala namang physical act ng adultery or rape. Galit pa lang naman, di pa naman pumatay. Konting kupit lang naman, hindi naman plunder. Ang malaking sunog ay nagsisimula sa maliit na apoy. Sabi pa niya:

Sin always aims at the extreme. If it had its way, every time it rises up to tempt or entice, it would go out to the most extreme sin of that kind. If it could, every unclean thought or glance would become adultery. Every covetous desire would become oppression. If it were allowed its own reign, every thought of unbelief would become atheism. Men may reach a point, where sin is so unrestrained, that it no longer stings their conscience. The most outrageous sin no longer seems scandalous. If every impulse of lust were satisfied, it would reach the height of villainy. Sin is like the grave that is never satisfied.

Bakit ka magpapatuloy sa kasalanan, kahit maliit na kasalanan pa lang, kung alam mong magbubunga ito ng mas malaki at mas marami pa, at ang kahahantungan mo sa dulo ay walang hanggang kapahamakan?

Killing Sin Leads to Life

Merong alternative na binabanggit dito si Pablo. Kaya sabi niya sumunod, “But...” Kung ang pagpapatuloy sa kasalanan ay mauuwi sa walang hanggang kamatayan, ang pagpapatuloy sa paglaban at pagpatay sa kasalanan ay mauuwi sa walang hanggang buhay. Notice the irony of what Paul was saying. Yung akala nating way to life, yun pala ang death. Yung para ka mabuhay, merong kailangang patayin. Hindi ibig sabihin nito na hindi pa sapat ang kamatayan ni Jesus to give us eternal life. That will be a denial of the gospel of grace. Hindi ibig sabihin na sa gawa natin nakasalalay ang kaligtasan at buhay na walang hanggan. Ipinapakita dito ni Pablo na yung gospel of grace na yun ay may transforming power para labanan ang kasalanan at tulungan tayong masanay na mamuhay sa kabanalan. Ang patuloy na pakikidigma natin sa kasalanan ay kasama sa paraan at

instrumento ng Diyos para sa atin na mga naligtas na. Kung walang ganitong pakikipaglaban, peke at pakitang tao lang ang sinasabi mong Cristiano ka at ligtas ka na.

Pero kung totooong Cristiano ka, bahagi ng kaligtasang tinanggap natin yung sanctification. And in just a few words, ipinakita sa atin ni Pablo what sanctification looks like. **“If by the Spirit you put to death the deeds of the body...”** Ano yung “deeds of the body” na kailangang patayin? Yung katawan (Gk. *soma*) ay tumutukoy sa pisikal na katawan natin, at hindi yung “flesh” (Gk. *sarx*) na karaniwang tumutukoy sa sinful nature natin. At yung “deeds of the body” ay hindi tumutukoy sa lahat ng ginagawa ng katawan natin. Kasi ang intention ng Diyos for our body is to glorify him (1 Cor. 6:20), at magamit as instruments of righteousness (Rom. 6:13). So yung specific na tinutukoy dito ni Pablo ay yung mga gawa natin na ginagamit nating instrument of unrighteousness yung katawan natin – mata, bibig, kamay, paa, tenga – sa pananakit sa ibang tao o paggawa ng mga makasariling hangarin natin. At hindi lang habits or behaviors ang tinutukoy dito ni Pablo na para bang concern lang siya for us to have good behavior. Madali namang ipakita na banal ka sa ibang tao. Pero hindi mo mapapatay ang kasalanan kung panlabas na manifestations or expressions lang nito ang puputulin mo. We go to the root, our sinful desires. Sabi ni John Owen, “The outward deeds are only expressions of our inner self. Primarily, the intent is to have us deal with the inward cause of those deeds.” That is why we need the Spirit. The war is not mainly physical – though it involves the physical. But mainly spiritual. Primarily internal, not merely external.

So, what does it mean “to put to death the deeds of the body”? Paano mo masasabing pinapatay mo ang kasalanan? Not merely to change habits. Not merely to add spiritual or religious activities like Bible reading, praying, going to church, or ministry activities. Ibig sabihin, tagpasin ang ulo, hukayin at tanggalin ang ugat. Hangga’t wala nang buhay, wala nang kapangyarihan, wala nang impluwensiya sa atin ang kasalanan. “This is a metaphor, taken from putting any living thing to death. To kill a man or other living thing, means to take away all his strength, vigor, and power, so that he cannot act or exert on his own” (Owen).

Ibig sabihin, bagamat patay na tayo sa kasalanan, may buhay pa rin ang kasalananang nasa atin. Hindi ‘yan lying dead inside of us. Buhay na buhay pa. Sumisipa pa. Lumalaban pa. Pinalaya na tayo, pinatawad na sa parusa ng kasalanan (8:1). Pero ang kapangyarihan ng kasalanan sa buhay natin nandyan pa. So, don’t underestimate the power of indwelling sin. In justification – we are rescued from the penalty of sin. In sanctification – we are being rescued from the power of sin. Past tense ang justification. Present tense ang sanctification. Hindi instantaneous. Hindi posible ang sinless perfection sa buhay natin ngayon. Sometimes merong major breakthroughs, yes. Pero hangga’t humihinga pa tayo, meron pang natitirang kasalanan sa atin.

So, kailan matatapos ang laban natin sa kasalanan? How long, O Lord? we cry! “Wretched man that I am! Who will deliver me from this body of death?” (7:24). “The destruction of sin is a slow and painful process” (Hodge, 264). Kapag sinabing “put to death,” present tense ‘yan, continuous, daily battle. Hindi yan parang isang monster na nasa harap mo kapag pinugutan mo ng ulo patay na. Hindi lang patayin ang kasalanan, kundi magpatuloy sa pagpatay sa kasalanan. Paggising sa umaga, simula na ng laban. Hanggang sa pagtulog sa gabi. Sa simula ng buhay Cristiano hanggang sa huling hininga natin ang laban. Non-stop. Don’t expect at any point of your Christian life na pwede mo nang masabi na tapos na ang laban. Be watchful. Be on guard. Don’t be caught of guard by the enemy (1 Pet. 5:8; Gen. 4:7).

Who is responsible sa pagpatay sa kasalanan? “If *you* put to death...” Kasalanan mo ang pinag-uusapan. Hindi kasalanan ng asawa mo, kapitbahay mo, kasama mo sa church, ng rapist na nabalitaan mo, ng presidente ng Pilipinas. Basura mo, linis mo. Kasalanan mo, patayin mo. Hindi ang asawa mo ang papatay niyang kahalayan mo para sa ‘yo. Hindi ang pastor mo ang papatay ng addiction mo. Hindi ang presidente ang solusyon sa problemang nasa puso mo. This is personal.

At yung “you” na yun ay ikaw na Cristiano. Hindi yung mga non-Christians. “This duty is prescribed to you. Imposing this duty on anyone other than a Christian is characteristic of the self-righteousness that the world is full of, the great labor of devout men who are ignorant of the gospel” (John Owen).

You Christian. Kung non-Christian ang papatay sa kasalanan? Impossible! They cannot submit to God's law. Wala silang kapasidad to please God (8:7-8).

You Christian. Meaning, all Christians. Not just those who are obviously struggling. Even the most mature among us ay may responsibilidad na patayin ang sarili niyang kasalanan. "The best believers, who are certainly freed from the condemning power of sin, still need to make it their business to mortify (to kill) the indwelling power of sin in their life...Sin has such an effect on the best of believers that, as long as they live in this world, the constant daily mortification (old English for "killing") of sin remains their obligation" (Owen).

Do you mortify sin in your life? Do you make it your daily work? Always be at this work while you live! Do not miss a day from it. You need to be killing sin, or it will be killing you. Being virtually dead with Christ, being made alive in him, will not excuse you from this work...Now, having a duty to mortify, to kill sin while it is in us, we need to get to work. If someone is appointed to kill an enemy, and he ceases striking before the other ceases living, he does only half his work...When sin lets us alone, we may let sin alone. But sin is never less quiet than when it seems most quiet. Its waters are deepest when they are still. So we need to vigorously root out sin at all times and in all conditions, even where we least suspect it.

John Owen

Tayo ang may tungkulin sa pagpatay sa kasalanan. Not God. God will not kill your sin for you. You have to do it. Hindi ito yung spirituality na "let go and let God." Ikaw ang magsasabi ng No sa kasinungalingan ng kasalanan at Yes sa mga pangako ng Diyos kay Cristo. Ikaw ang papatay sa kasalanan mo, pero hindi ibig sabihing you have to do it alone. Hindi ang Diyos ang gagawa ng assignment mo. Pero bibigyan ka niya – at binigyan na niya tayo – ng lahat ng resources na kailangan natin in this war (2 Pet 1:3). We have great power, we have great responsibility, sabi ng uncle ni Spiderman. Meron tayong great responsibility, titiyakin ng Diyos na we have great power to accomplish that humanly impossible task of killing that monster inside of us.

Paano natin ngayon mapapatay ang kasalanan? "If by the Spirit you put to death..." Meaning? Parang hindi yan practical o concrete. Mas madali pa yung mga usong advice ngayon na how-tos. Pero sinasabi ni Pablo na ito ang

paraan, by the Spirit. This is the only way. Not penance, not by covering your sin with religious activities. Not merely “read your Bible, pray everyday” – though the Spirit uses that as means. Not 10 steps that we should perform. Yes, we are responsible. At may mga dapat tayong gawin. But this is not merely external. Tulad ng problema sa porn. Putulin mo ang Internet at itapon ang gadget, tapos na. Pero yung kahalayan sa puso at isip nandun pa rin. Malaki ang problema natin sa kasalanan, kailangan ng malaking solusyon. Powerful ang kasalanan na nasa atin, kailangan natin ng mas powerful na nasa atin din. Buti na lang.

All other ways of mortifying sin are useless; all other helps leave us helpless. It must be done by the Spirit...Mortification using our own strength, or carried on by ways that we invent, to make ourselves righteous in our own eyes, is the core of every false religion in the world.

John Owen

Paano natin gagawin yun? How do we kill sin by the Spirit? Mukhang isang sermon pa ang kailangan para matalakay natin ‘yan nang mas mabuti. But for now, kailangang alalahanin natin kung ano ang ginawa na ng Diyos para sa atin through the Holy Spirit.

1. **Kill your sin by remembering past grace.** Sa pamamagitan ng gawa ni Cristo sa krus, pinalaya ka na ng kapangyarihan ng Espiritu sa kapangyarihan ng kasalanan (8:2). Preach the gospel to yourself everyday.
2. **Kill your sin with the means of present grace.** We walk according to the Spirit (8:4). We set our minds on the things of the Spirit (8:5). You are in the Spirit (8:9). The Spirit dwells in you (8:9, 11). We are led by the Spirit (8:14). Practically, that is why spiritual (or “Spiritual”) disciplines are crucial. Like Bible reading and listening to expositional preaching, paraan ng Espiritu para ipaalala sa atin ang katotohanan dahil ang puso natin ay paniwalang-paniwala sa mga kasinungalingan at scam ng kasalanan. That is why we give ourselves to prayer. Humihiling tayo sa Holy Spirit na tulungan tayo. That is why Christian fellowship is crucial. Nakikipag-isa tayo sa mga kapatid natin kay Cristo sa church, the temple of the Spirit corporately (1 Cor. 3:16). That is why we long to gather again with God’s people.

3. **Kill your sin by faith in future grace.** Ang Espiritu na nasa atin ang magbibigay ng buhay sa atin at balang araw ay tatapos na sa kasalanang natitira pa sa atin (Rom. 8:11). That is why merong promise na result na kaakibat ng kundisyong pagpatay sa kasalanan. “If by the Spirit you put to death the deeds of the body, *you will live*” (v. 13). Tinatanaw natin na ang katuparan ng mga pangako ng Diyos sa atin in the future ay higit na mas mainam kesa sa temporal and fleeting pleasures of sin. “Blessed are the pure in heart, for they shall see God” (Matt 5:8). We pursue holiness, kasi kung wala tayong ganitong holiness, we will not see the Lord (Heb. 12:14). We sing with the psalmist, “In your presence there is fullness of joy; at your right hand are pleasures forevermore” (Psa. 16:11).

Conclusion

Kung ang pagpatay sa kasalanan ay “by the Spirit,” if you are not a Christian, wala kang sandata para labanan ang kasalanan. Sa halip na magsumikap ka na labanan ‘yan sa sarili mong useless efforts, humingi ka ng tawad sa Diyos sa lahat ng kasalanan mo, sumampalataya kay Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas. Patatawarin ka niya. Palalayain ka niya sa pagkakaalipin sa kasalanan. Bibigyan ka niya ng kapangyarihang labanan ang kasalanan.

Kung ikaw naman ay Cristiano na, pero sa tingin mo ay mature and victorious na ang Christian life mo, mag-ingat ka na ibagsak ka ng pride, self-sufficiency at self-righteousness na obviously ay nasa puso mo pa. Hindi ang maturity mo, o ang laki ng ministry mo, o ang past achievements or victories mo over temptation ang sandata mo. Holy Spirit ang kailangan mo, hindi yung self-assured at strong-willed spirit mo.

Sa mga kapatid ko na nakikibaka pa rin sa mga kasalanang paulit-ulit. O kasalanang naulit na naman during quarantine, na akala mo ay matagal mo nang napagtagumpayan. Oh we feel the power of lust, of pride, of unbelief, of selfishness sa heart natin! Wag kang susuko. Wag tayong susuko. Walang tigil ang kalaban. Wag tayong titigil sa pakikipaglaban. Matindi ang kalaban. Wag mong maliitin. Wag ka rin namang panghinaan ng loob. Ang Espiritu na naninirahan sa ‘yo ay higit na mas makapangyarihan—ininitely more powerful—kesa sa kasalanang natitira pa sa puso mo. Your victory is sure.

Sabi nga ni Richard Sibbes,

Bakit ka maduduwag na lumaban kung sigurado na ang tagumpay mo? Ang matatalo lang sa labang ito ay ang taong hindi lumalaban.

Richard Sibbes, The Bruised Reed

Laban, kapatid. Laban.

Sermon: “We are Children of God” (Rom. 8:14-17)

 treasuringchristph.org/2020/07/06/we-are-children-of-god

Sanctification and Our True Christian Identity

Dalawang linggo ang nakalipas matapos nating mapag-aralan ang **Romans 8:12-13**. Mahabang oras ang inilaan natin para pag-aralan ang tungkol sa duty nating mga Cristiano na patayin ang mga natitira pang kasalanan sa puso natin—not just sinful habits, but sinful desires. Hindi lang itigil ang mga ginagawa nating pagsuway sa utos ng Diyos, kundi tagpasin ang pinaka-ugat nito sa mga sinful at idolatrous desires sa puso natin. Hindi ito madali. Kaya nga giyera ito araw-araw. Hindi pa tapos. How we wish matapos na. Nakakapagod na. At marami din tayong mga failures. Minsan parang gusto mo nang sumuko. Pagbigyan na lang ang kasalanan at hayaan na. Huwag nawang tuluyan kang panghinaan ng loob, kapatid.

Karamihan sa pagbagsak natin at sanhi ng kapaguran at panghihina ng loob natin ay dahil lumalaban tayo sa maling paraan—sariling paraan, sariling diskarte, sariling lakas, sariling pangangatuwiran. Kung sinasarili mo ang paglaban sa sarili mong kasalanan—although this is a personal battle—lalo lang ‘yang ikapapahamak ng sarili mo. Tulad ng sinasabi ni Pablo sa v. 13, papatayin natin ang kasalanan sa pamamagitan ng Espiritu. By the Spirit. Hindi sa pamamagitan ng sarili natin. Kundi sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos na siyang nagpapaunawa sa atin ng Salita ng Diyos, na itinuturo naman sa atin ng mga kasama natin sa Pamilya ng Diyos (the church). We need resources greater than ourselves to win this fight. Salamat sa biyaya ng Diyos nasa atin na yun. Kailangan lang nating gamitin at huwag isantabi ang paraang itinakda ng Diyos para sa labang ito.

Isa pang dahilan kung bakit may mga moments na para bang nagiging talunan tayo sa labang ito. Ito ay ang maling hangarin o mithiin natin sa paglaban sa kasalanan. Siyempre nararamdaman natin ang guilt and shame kapag nagkakasala tayo. Kung mawawala lang, kung mapagtatagumpayan natin ang kasalanan—tulad ng kahalayan, o kayabangan, o katamaran—gagaan sana ang pakiramdam natin. Pero, kapatid, killing sin is not our ultimate goal sa buhay. Pinapatay natin ang kasalanan for a greater goal.

‘Yan ay ang maranasan ang ibayong kagalakan ng merong malapit at mainit na relasyon sa Diyos. Communion and intimacy with God is the goal. Not sobriety sa sexual addiction. Not rehabilitation. Not change of habits. Not becoming more active sa discipleship at missions. God is the goal of our sanctification. Nothing less.

So, anumang paglaban sa kasalanan ay kailangang nakasentro sa Diyos, nakakabit sa tamang pagkakilala natin sa sarili natin in relationship with God. It involves fighting for our true identity. Nang tinukso ni Satanas si Eba, ang sabi niya, “Kapag kinain n’yo ‘to, mabubuksan ang mata ninyo, knowing good and evil, and you will be like God.” Pero teka, hindi ba’t in a way sila ay katulad na ng Diyos, for they were created “in the image of God”? So, kaninong salita ang paniniwalaan mo? Salita ng ahas o salita ng Diyos?

Nang tuksuhin ni Satanas si Jesus, bungad niya, dalawang beses, “If you are the Son of God...” Hindi nagpatukso si Jesus. Hindi niya kailangang patunayan kung sino siya. He was secured in his identity as “the Son of God.” In his unique and intimate relationship with the Father. Nabigo tayong panghawakan yun kapag nahuhulog tayo sa mga tukso ni Satanas. Buti na lang at nagtagumpay si Jesus para sa atin sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Because of Jesus, we have a new identity, a new family.

Sa teksto natin ngayon, vv. 14-17, sa apat na verses na ‘yan ay ipinapaalala ni Pablo ang bago nating identity—our gospel identity—bilang mga anak ng Diyos. We are “sons of God” (v. 14). Tinanggap natin yung “Spirit of adoption as sons” (v. 15). “We are children of God” (v. 16). “If children, then heirs...” (v. 17).

Kinonekta niya ang section na ‘to sa nauna tungkol sa pakikipaglaban natin sa kasalanan gamit ang salitang “for” o “sapagkat” (missing in ASD/MBB). “Sapagkat ang lahat ng pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay mga anak ng Diyos.” Ang patuloy mong pakikipaglaban sa kasalanan ay patunay na ikaw ay pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos na siya namang patunay na ikaw ay anak ng Diyos. At ito rin ang nagbibigay sa atin ng kumpiyansa—ang pagiging anak ng Diyos—na kahit gaano katindi ang mga struggles mo ngayon, kahit gaano kalakas ang dating sa ‘yo ng tukso, ikaw na anak ng Diyos ay

papatnubayan niya, palalakasin niya, tutulungan niya, pagtatagumpayin niya.

Ito ay para lamang sa mga anak ng Diyos, para lamang sa mga tunay na mananampalataya. “But to all who did receive him, who believed in his name, he gave the right to become children of God” (John 1:12 ESV). Hindi ito totoo sa lahat ng tao sa mundo, kundi para lamang sa mga nakay Cristo.

Identity Amnesia

Kung ikaw ay nakay Cristo, ikaw ay anak ng Diyos. Kaso ang problema, sa pakikipaglaban natin sa kasalanan, sa pagtugon natin sa mga sufferings sa buhay, namumuhay tayo na para bang hindi mga anak ng Diyos, kundi parang mga alipin pa. There is a sense, a good sense, that we are slaves of God or slaves of Christ. Ginamit din ni Pablo yung term na ‘yan to refer to our true Christian identity. Pero dito sa v. 15, negative sense ang pagkakagamit niya ng *doulos*. “For—ito ang dahilan kung bakit sa pakikipaglaban mo sa kasalanan ay mapanghahawakan mo ang katotohanang ikaw ay tunay na anak ng Diyos—you did not receive the spirit of slavery (*douleia*) to fall back into fear...” (v. 15). “Sapagkat hindi espiritu ng pagkaalipin ang inyong tinanggap upang kayo’y mamuhay [ulit] sa takot” (MBB). Sa ibang salin, “At ang Espiritu na tinanggap ninyo ay hindi kayo inalipin upang muling matakot” (ASD). Posibleng ang intensyon dito ni Pablo ay ipaalala sa atin na hindi na natin dapat balikan ang dati nating kalagayan dati o kaya ay ituwid ang pagkakilala natin sa Espiritu na naninirahan na sa atin (vv. 9, 11).

So, anuman yung correct translation at interpretation ng first half ng verse 15, malinaw na nagpapaalala si Pablo dito. Kasi nakakalimot tayo. Yung umiiral pa ring mindset sa isip natin, yung “spirit”, yung sistema’t kalakaran sa buhay natin na nahihirapan tayong tanggalin ay yung “slavery” mindset. Na sa pagkakasala natin, para bang yung dating master pa rin natin ang pinaglilingkuran natin. Ito yung “flesh” na tinutukoy niya sa previous verses, yung sinful nature natin. At kung ganito ang sistema sa isip natin, ang resulta nito ay takot. At sino sa atin ang gustong magpatuloy na mamuhay sa takot—sa takot sa masamang mangyayari bukas, sa takot na parusahan ng Diyos, sa takot na sapitin ang kapahamakang dulot ng kasalanan?

Ganito ang mangyayari—maghahari ang takot sa puso mo—kung magpapatuloy ka sa pagrerebelde sa Diyos. Alam mo ang consequences ng kasalanan ay kamatayan (v. 13). Hindi mo mararanasan ang “blessed assurance” kung ganun. Wala ring joy in living your life. Ganun din sa mga nagtatangkang magpakarelihiyoso. Nakakalimutan mo kung sino ka na ngayon. Defective ang pagkakilala mo sa Diyos. Akala mo cruel slavemaster din siya tulad ng master mo dati. So, you are trying to please him, sinisikap mo na magpakabuti kasi natatakot ka na baka parusahan ka niya, baka magalit siya. So you try to please him, fight sin, pursue holiness na iniisip na ‘yan ang paraan to gain his favor, to love you more, to secure his acceptance. No. That is not freedom, that is slavery again. Wala rin joy sa ganitong buhay, but only fear and despair.

Sa approach sa kasalanan, pwedeng rebellion ang maging posture natin, tulad ng isang anak sa parable ni Jesus sa Luke 15 na karaniwan nating tinatawag na siyang “prodigal son.” O kaya naman ay yung posture of religion tulad ng elder brother. Parehong mali. Takot ang dulot ng parehong pagrerebelde at pagiging relihiyoso. Ang totoong assurance and joy sa Christian life ay nasa gospel, sa ginawa ng Diyos para sa atin at nasa tamang pagkilala sa sarili natin in light of who God is and what he has done for us in Christ. Very crucial sa paglaban sa kasalanan ang gospel identity.

The Glorious Doctrine of Adoption

Kaya nga ang transition niya sa second half ng v. 15 ay “but...”/“Sa halip...”—nagsisignal sa atin na baguhin o palitan ang pag-iisip natin tungkol sa identity natin at sa Diyos na pinagmumulan ng identity na yun. “...but you have received the Spirit of adoption as sons, by whom we cry, ‘Abba (Aramaic expression for father)! Father!’” “Sa halip, ang inyong tinanggap ay ang Espiritu ng pagkupkop upang kayo’y gawing mga anak ng Diyos, kaya tayo’y tumatawag sa kanya ng, “Ama (Abba), Ama ko!” (MBB).

Sa verse na ‘to, we are introduced sa isang crucial aspect of our salvation. Napag-usapan na natin sa mga previous sermons yung tungkol sa justification (past aspect—itinuring tayong matuwid ng Diyos), sanctification (present progressive aspect—pinapatnubayan tayo ng Diyos sa paglaban sa

kasalanan at proseso ng pagiging tulad ni Cristo) at glorification (future aspect—tuluyang mawawala ang kasalanan and we shall be like Jesus as he is—more on this sa mga susunod). At ngayon dito sa v. 15 ay itinuturo sa atin ang tungkol sa “adoption.” Di natin madalas napag-uusapan, unlike other aspects of our salvation.

Pero napakahalagang maintindihan natin kung ano ang adoption. “Adoption is an act of God whereby he makes us members of his family” (Wayne Grudem, *Bible Doctrine*, Kindle loc. 8320). Yes, malaking blessing ang justification sa atin. Pero mas precious ang blessings and privileges indicated sa adoption natin.

By adoption the redeemed become sons and daughters of the Lord God Almighty; they are introduced into and given the privileges of God’s family.

John Murray, Redemption Accomplished and Applied, 139

Adoption...is an act of transfer from an alien family into the family of God himself. This is surely the apex of grace and privilege. We would not dare to conceive of such grace far less to claim it apart from God’s own revelation and assurance. It staggers imagination because of its amazing condescension and love. The Spirit alone could be seal of it in our hearts.

Murray, 141

Kaya nga sinabi ni Pablo na ang tinanggap natin ay “Spirit of adoption as sons” (v. 14). Sa oras na tanggapin natin ang Espiritu, tinanggap na rin tayo ng Diyos bilang mga anak niya. Sa Roman at Greek culture, especially sa mga upper classes common itong adoption. Yung salitang ito (*huiothesia*, “adoption as sons”) ay originally ay isang “legal technical term for adoption as a son with full rights of inheritance” (BDAG). Sa atin kasi ngayon, kapag maririnig natin ang “ampon” o “adopted” parang second class, inferior children. “Ampon ka lang!” “Ampon lang ako!” Pero sa biblical usage, walang “lang” na nakakabit sa pagiging “ampon” natin—kung alam mo lang, at buti pinaalam sa atin ng Holy Spirit kung gaano ka-staggering yung reality of our adoption. Hindi ito yung ampon na kinupkop lang sa bahay kasi yung isang batang gusgusin ay walang mga magulang at walang matitirhan.

Our status as children of God is permanent. “We are children of God” (v. 16). “Ang Espiritu ang nagpapatotoo, kasama ng ating espiritu, na tayo’y mga anak ng Diyos” (MBB). Totoong mga anak ng Diyos. Dati tayong alipin, ngayo’y mga tunay na anak na ng Diyos. Ang pagsisilbi ng isang alipin may konting privileges—pagkain, sweldo, kind treatment. Pero ang pagiging anak? More than that! Kung ano ang blessings and privileges na nakakabit sa pagiging anak ng Diyos, sa atin din yun. “And if children, then heirs—heir of God and fellow heirs with Christ...” (v. 17). “At kung mga anak, sa gayo’y tagapagmana—tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Cristo” (my translation). “So you are no longer a slave, but a son, and if a son, then an heir through God” (Gal. 4:7; also Gal. 3:29; Tit. 3:7).

Think for a moment what this means. Hindi natin kasi ito gaanong pinaglalaanan ng panahon para pag-isipan. Dahil ikaw ay nakay Cristo na Anak ng Diyos, kung ano ang turing ng Diyos sa kanya ay ganun din sa ‘yo. Tunay na anak ng Diyos. Hindi tayo Diyos, siyempre, unlike Christ. Hindi tayo natural children siyempre, unlike Christ. But we are truly children of God. Never doubt that for a moment. Ang pagmamahal ng Diyos kay Cristo nasa ‘yo rin. Ang mamanahin ni Cristo dahil sa ginawa niya sa krus para sa atin—the riches, the glory, the honor—kasali din tayo dun. Hindi tulad ng mga anak ngayon na nag-aaway-away sa paghahati ng mana ng lupa at kayamanan galing sa kanilang magulang. Imposible yun para sa atin. Dahil ang riches and joy and blessings ni Lord ay infinite, masasabi natin bilang mga anak ng Diyos. “Blessed be the God and Father of our Lord Jesus Christ, who has blessed us in Christ with every spiritual blessing in the heavenly places” (Eph. 1:3).

Suffering Children of God?

But of course, we struggle to believe that especially during times of suffering. Paano ka nga naman magkakaroon ng assurance na ang pagmamahal, pagkalinga, patnubay ng Diyos ay nasa ‘yo bilang anak niya kung nagugutom ka, kung masakit ang nangyari sa pamilya mo, kung nagkasakit ka at walang katiyakan na gagaling? Ikaw ba, kung tatay o nanay ka, hahayaan mo ba ang mga anak mo na mag-suffer? Isasama mo ba sa homeschooling lesson ang OJT sa suffering? O kaming mga pastor, kasama ba sa discipleship program

natin for church members ang isabak kayo sa suffering—na mula March hanggang ngayon ay stronger faith in suffering ang nakaplanong programa ng church? No! We naturally don't plan suffering for people we love.

Kaya nga itong “prosperity theology” ay itinuturo na ang suffering ay hindi kasama sa plano ng Diyos para sa mga anak niya. Sino nga namang matinong magulang ang paplanuhing isabak sa paghihirap at sakit ang mga anak niya? They think that is cruel and not loving for God to do. But! Sa tingin ba nati'y mas matuwid at mapagmahal pa tayo sa Diyos? Di ba't sinabi rin niya ito—“it has been *granted* to you that for the sake of Christ you should not only believe in him but *also suffer* for his sake” (Phil. 1:29). Granted, biyaya, kaloob, regalo ng Diyos. Not that suffering is good, but God has good intentions for appointing suffering in our life. He is perfectly good—perfect in wisdom and perfect in love.

Ano daw ang nakasamang kondisyon sa ating mga anak ng Diyos bago natin matanggap yung kabuuan ng mamamahin nating pagpapala mula sa Diyos? Ituloy natin yung v. 17, “and if children, then heirs—heirs of God and fellow heirs with Christ, provided we suffer with him in order that we may also be glorified with him.” “Sapagkat kung tayo'y kasama niya sa pagtitiis, tayo'y makakasama niya sa kanyang kaluwalhatian” (MBB). Hindi hadlang ang suffering para ma-enjoy natin ang buhay Cristiano, kundi paraan ng Diyos. Hindi ito balakid sa plano ng Diyos para sa atin, ito ang tulay para makamit natin ang kagalakan at karangalan at kayamanang inilaan na niya para sa atin. No pain, no gain. No suffering, no glory. No crucifixion, no resurrection. Ito ang plano ng Diyos para sa kanyang Anak na si Cristo, ito ang plano ng Diyos para sa kanyang mga anak na nakay Cristo.

Nahihirapan tayong tanggapin yung mga sufferings na itinakda ng Diyos na maranasan natin kasi nakafocus tayo sa kung ano ang nawala sa atin o yung mga gusto nating bagay na mapasaatin pero wala pa rin. Nakakalimutan natin kung ano na ang nasa atin at ano pa ang mapapasaatin. So yung doctrine of adoption ay mahalaga dahil hindi lang past ang aspect nito—we are adopted—kundi present and future din. Presently, nananatili tayong “children of God.” We will not be de-adopted. Di na tayo palalayas sa bahay, “Salbahe kang anak ka, lumayas ka na, simula ngayon hindi na kita

maituturing na anak, wag mo na akong tawaging Ama.” May future aspect din—“we wait eagerly for our adoption as sons, the redemption of our bodies” (8:23). And that future is secure. Our inheritance is sure.

So yung doctrine of our adoption ay malaking assurance sa atin dahil ang pagiging anak natin ay hindi nakasalalay sa ating mga anak niya, kundi sa Diyos na siyang kumuha sa atin para mapabilang sa kanyang pamilya. Nasa mga kamay niya ang katiyakan natin.

Adoption is a Trinitarian Work

So as we talk about adoption, ang focus natin hindi sa kalagayan natin, kundi sa Diyos na naglagay sa atin sa ganitong kalagayan. And when we focus on God, titingnan natin ang Diyos na tatlong persona—the Father, the Son, the Spirit. Ganito na ang nakita natin sa mga previous verses. All persons of the Trinity ay nagtutulung-tulong para tiyakin ang kaligtasan natin from beginning to end. Ganyan na naman dito sa vv. 14-17 when Paul talks about our adoption. Ganun din sa closely parallel passage nito:

But when the fullness of time had come, God sent forth his Son, born of woman, born under the law, to redeem those who were under the law, so that we might receive adoption as sons. And because you are sons, God has sent the Spirit of his Son into our hearts, crying, “Abba! Father!” So you are no longer a slave, but a son, and if a son, then an heir through God.

Galatians 4:4-7

Tulad ng iba pang aspeto ng salvation natin, all three persons are involved in our adoption.

Kanino tayo mga anak ngayon? Mga anak ng Diyos. More specifically, God the Father. Hindi lang siya Ama ng Panginoong Jesus—although merong unique sa relationship ng God the Father and God the Son that we cannot experience—but “our Father.” Hindi ba’t yan ang turo niya sa prayer natin na itawag natin sa Diyos, “Our Father in heaven...” (Matt. 6:9). So, makakatawag tayo sa kanya, “Abba! Father!” (Rom. 8:15). Sa Greek—hetong yung international language noon—isinulat ang New Testament. Yung “father” ay *pater* sa Greek. Pero yung Abba ay Hebrew/Aramaic, yung local language ng mga Judio. Parang sa Tagalog, ito yung heart language natin. May indication ng intimacy na nais ng Diyos na maranasan natin in

relationship with him. Hindi lang siya Diyos natin, Panginoon natin, Hari natin—siya rin ang ating Ama, Tatay, Itay.

At alalahanin nating palagi na this act of adoption is an act of God's free grace. Hindi tayo naturally children of God. Dati nga tayong “children of wrath” (Eph. 2:3). But God adopted us para maging mga tunay niyang anak. Siya ang gumawa nito. Hindi tayo nag-apply at nag-submit ng resumé with all our qualifications. Pinili niya tayo hindi dahil we are better or more worthy or more valuable or more attractive kesa sa ibang mga tao. Our adoption is sheer grace!

And greater grace than regeneration (nung binuhay niya tayo from our spiritual deadness) at justification (pinatawad sa kasalanan at itinuring na matuwid). Bakit? Kasi in adoption, hindi lang siya Judge na inabswelto tayo—no more condemnation—at pagkatapos ay wala nang pakialam sa atin. Pero inilapit niya tayo sa kanya bilang mga anak niya, miyembro ng kanyang pamilya, isinama sa bahay niya, ipinaghanda ng makakain, kasalo sa kainan, kakwentuhan, katawanan, kayakap, kasama sa buhay.

Romans 8:14-17 is greater grace than than Romans 8:1. Oh the good news keeps getting better habang pinag-aaralan natin ang Romans 8! Heto pa, kung tayo'y mga anak, we are also “heirs of God” (v. 17). Tagapagmana. We usually think of inheritance in terms of money or land or property. Ako siguro ang mamanahin ko sa Daddy ko ay...wag muna pala baka mag-away pa kaming magkakapatid! Kaya pagdating sa “mana” natin sa Diyos, materialistic pa rin tayo kung mag-isip. That is the error of the prosperity gospel. We are heirs of God! Hindi lang siya ang magbibigay ng mana sa atin. Siya mismo ang mana na tatanggapin natin. He himself is our Treasure and Joy forevermore. God is the good news of the gospel. Siya ang puno't dulo ng lahat.

Paano tayo naging mga anak ng Diyos? Tayo ang mga anak, sons and daughters, children of God through the Son of God—Jesus. Sa simula't simula pa—from eternity past—Son of God na siya. Pero nung tayo ay naging Cristiano nagsimula rin ang pagiging mga anak natin ng Diyos. Nangyari ito dahil sa ginawa ni Cristo sa krus para sa atin—“But when the fullness of time had come, God sent forth his Son, born of woman, born under the law, to

redeem those who were under the law, so that we might receive adoption as sons” (Gal. 4:4-5)—at napasaatin ang pagiging anak sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo (John 1:12). At ngayong tayo ay nakay Cristo, in union with Christ, itinuturing na rin tayong mga anak ng Diyos. Kaya tayo ay “fellow heirs *with Christ*” (Rom. 8:17). Tatanggap tayo ng mana kasama ni Cristo dahil sa ginawa ni Cristo. At itong union natin with Christ kasama ang suffering na dinanas niya. Hindi tayo exempted, parte ito ng plano ng Diyos, “provided we suffer *with him*.” Para saan? To what end or purpose? “In order that we may also be glorified *with him*.”

Itong “with Christ...with him...with him...kasama ni Cristo” ay may kinalaman sa union natin with Christ. Kaso our words fail to full capture yung reality nun. Parang yung isang taong kasama mong kumain, maglakad, o magkape. Tulad ng asawa mo. But there is a kind of union in marriage—like our union with Christ—na hindi maisalarawang mabuti. But we can only celebrate and rejoice and wonder na itong pakikipag-isa natin kay Cristo ay unbreakable gaano man katindi ang mga struggles natin sa kasalanan o sufferings na mararanasan natin. Dahil sa ginawa ni Cristo, ang pagiging anak natin ay hindi rin mare-revoke, at hindi rin mapapatid ang pag-ibig sa atin ng Diyos. Nothing “will be able to separate us from the love of God (our Father) in Christ Jesus our Lord” (v. 39).

Paano tayo makatitiyak na tayo’y mga anak nga ng Diyos at mananatiling mga anak ng Diyos? Ito naman ang ministry of the Holy Spirit. Siya ang nangunguna at pumapatnubay sa buhay natin (v. 14). Mula sa simula hanggang sa katapusan titiyakin niyang walang sinuman sa anak ng Diyos ang tuluyang malilihis ng landas at maglalayas. Yes, may mga times na nagrerebelde tayo sa Diyos, hinahanap ang aliw at yaman ng mundong ito. Pero tulad ng “prodigal son” mapapagtanto rin nating to be a child of the Father is better than anything this world can offer. Ang Espiritu ang tutulong sa atin na talikuran ang kasalanan at magbalik-loob sa Diyos. Sa mga panahong nagdududa tayo sa katayuan natin kung tunay nga ba tayong anak ng Diyos o baka “illegitimate” o “bastardo” o “black sheep” o “unwanted” ang turing, sa panahong feeling natin yung mga “good” and “high-achieving” Christians lang ang “liked” o kinatutuwaan at favorites ng Diyos, the Holy Spirit assures us. “The Spirit himself bears witness with our spirit that we

are children of God” (v. 16). Nagsasalita siya, nagpapatotoo siya, he is preaching to our hearts, reminding us of the gospel na ang kalagayan natin bilang mga anak ng Diyos ay hindi magbabago. This sense of security is a ministry of the Spirit in our hearts.

Kaya “Spirit of adoption” (v. 15) ang tawag sa kanya. Yung Espiritu na naninirahan sa atin ay siya ring magbibigay assurance sa puso natin na hindang-hindi tayo itatakwil (palalaysin) o aabandunahin (lalayasan) ng Diyos. Yung Espiritu na tinanggap natin ang regalo ng Diyos sa atin, selyo, garanya na hindi babawiin ng Diyos ang mana na nakalaan para sa atin (Eph. 1:14). We will never fall out of God’s favor or lose our inheritance. Hindi buburahin ang pangalan natin sa “last will and testament.”

Permanente yun. Yes, yung mga sufferings ngayon ay ginagamit ng Kaaway to cast doubts sa heart natin tungkol sa relasyon natin sa Diyos. Minsan napapagod ka nang magpray, parang walang nangyayari. O kaya nahihiya ka nang lumapit sa Diyos dahil sa mga kasalanan mo. Pero ang Holy Spirit ang tumutulong sa atin na magpray at kausapin ang Diyos at hingan ng tulong ang Diyos. “...by whom (by the Spirit) we cry, Abba! Father!” (v. 15). Mapag-aaralan pa natin itong tulong ng Holy Spirit sa prayer life natin sa v. 26.

In times of sufferings and struggles with sin, nakakalimutan natin, o nawawala ang paningin natin sa staggering nature of our status and privileges as children of God. Buti na lang may active sa ministry niya ang Holy Spirit na ipaalala at ipakita ito sa atin. “‘Hindi pa nakikita ng mata, o naririnig ng tainga, ni hindi pa sumasagi sa isip ng tao ang mga inihanda ng Diyos para sa mga umiibig sa kanya.’ Ngunit ito’y inihayag na ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng Espiritu” (1 Cor. 2:9-10 MBB).

Application

This doctrine of adoption is very practical. Kung ikaw ay isang kriminal at pulubing palabuy-laboy sa kalye, walang tirahan, sa basurahan lang kumakain, at natatakot na mahuli ng pulis at makulong. Tapos isang araw ay may isang abogado ang nag-abot sa ‘yo ng sulat. Akala mo arrest warrant, yun pala isang katibayan na ikaw yung matagal nang nawawalang anak ng pinakamayaman at pinakamakapangyarihang tao sa buong mundo—at

nakasulat sa dokumentong yun ang pardon para sa ‘yo at ang yaman na mamanahin mo—will it not change the way you live? Will you still live in fear and misery and guilt?

At tayong mga pulubi at mga kriminal na tumanggap ng sulat nito ni Apostol Pablo na galing sa Pinakamayaman at Pinakamakapangyarihan sa buong Universe at sinabing no more condemnation for you, you are now a child of God—how will you then live? Ituturing mo pa ba ang mga sufferings mo ngayon bilang parusa ng Diyos o loving and merciful discipline kasi itinuturing ka niyang anak? Paano nga naman paparusahan pa ng Diyos ang mga itinuturing na niyang mga anak?

Paano naman ito makakaapekto sa pakikipaglaban mo sa kasalanan? You fight sin hindi para maabswelto ka sa kaso mo, kundi para bigyang-kaluguran ang Diyos na nagmamahal at natutuwa sa ‘yo bilang anak niya. You don’t serve God like the elder brother sa story ni Jesus. At kung nagkasala ka, hindi ka maglalayas sa takot na pagbuhusan ng galit ng Diyos. But you run to him fast, dahil nandyan siya na yayakap sa ‘yo kahit gaano ka pa kabaho o karumi. “See what kind of love the Father has given to us, that we should be called children of God; and so we are” (1 John 3:1). And so we seek to imitate him, like Father, like children. “Therefore be imitators of God as beloved children” (Eph. 5:1).

Makapamumuhay lang tayo nang ayon sa kalooban niya kung ganyan ang klase ng pagtingin natin sa relasyon ng Diyos sa atin—as beloved children. Tanong ni Derek Thomas:

How do you view your present relationship with God? Do you see it as one of slavery, a never-ending attempt to win some favor from an otherwise reluctant Father, or one in which you are a son, knowing that your Father in heaven has always loved you and always will?

Wag mong isiping nababawasan ang pag-ibig ng Diyos sa atin kapag nadaragdagan ang mga paghihirap natin. Ito ay mapagmahal na paanyaya sa atin ng Diyos na tumawag sa Diyos, humingi ng tulong sa Diyos. Yung “tumawag sa Diyos na Abba, Ama” sa v. 15 ay literally “we cry, Abba, Father.” Ginamit ang salitang cry in many instances sa New Testament sa pagsigaw ng malakas, tulad ng isang sinasaniban ng masamang espiritu na humihyaw

(Matt. 8:29) o ng isang bulag na nagmamakaawang humihingi ng tulong sa Diyos (Matt. 9:27). At si Jesus nga ginamit ang salitang “Abba” sa prayer niya sa Garden of Gethsemane, habang hirap na hirap ang kalooban niya dahil sa nalalapit na kamatayan niya sa krus, “Abba, Father...” (Mark 14:36). Dahil meron tayong Ama sa langit na nakikinig—

He hears us when we are at our lowest points emotionally and spiritually. Can you think of anything more wonderful and glorious than knowing that your heavenly Father cares about you?

Derek Thomas

—kaya tumatawag tayo sa kanya, nagmamakaawa, humihiyaw, umiiyak, dumadaing, “Abba, Father, tulungan mo kami sa kalagayan namin ngayon. Ang saya naming pamilya nung isang araw dahil sa birthday celebration ng Daddy ko at ng anak ko. Maraming pagkain. Lahat kami kumpleto. Pero itong mga anak mo sa church namin, mga kapatid namin sa Panginoon, hiwa-hiwalay, di pa kami makapagtapon dahil sa banta ng coronavirus. Anumang pinagdadaanan namin ngayon, tulungan mo kami. Anumang struggles namin sa kasalanan, pagtagumpayin mo kami. Anumang hirap na dinaranas namin ngayon, palakasin mo kami. Anumang sakit na meron kami, pagalingin mo kami. Anumang pananabik namin sa pagdating ng Panginoong Jesus, bigyan mo ng katuparan sa lalo’t madaling panahon. Ama, ito ang dalangin namin sa pangalan ng iyong Anak na si Jesus, Amen.”

Sermon: “Not Worth Comparing” (Rom. 8:18-21)

 treasuringchristph.org/2020/07/13/not-worth-comparing

Suffering Children of God?

Natapos na natin yung vv. 1-17, yung first major section ng Romans 8. Napakasarap alalahanin palagi ang glorious realities of the gospel sa buhay natin bilang mga Cristiano. And by remembering these truths, mas tumitibay ang kapit natin sa katiyakang meron tayo sa salita ng Diyos. Mas nadarama natin yung “blessed assurance” to those who are in Christ. Wala nang condemnation para sa atin (8:1). Ginawa na ng Diyos through his Son Jesus yung dapat gawin para iligtas tayo. Tinupad ni Jesus ang requirements ng kautusan ng Diyos, inako ang parusang nararapat para sa atin, satisfying the demands of God’s justice. Pinatawad na tayo, itinuring na matuwid, pinalaya sa parusa ng kasalanan (8:2-3). Nasa atin na ang Espiritu, naninirahan sa atin (8:9, 11). Ang Espiritu ang tumutulong sa atin na labanan ang natitira pang kasalanan sa atin (8:13), gumagabay at pumapatnubay sa atin sa araw-araw na buhay (8:14), nagbibigay katiyakan sa atin na tayo nga ay mga anak ng Diyos (8:15-16), na sa pagbabalik ni Jesus ay muling bubuhayin (8:11) at tatanggap ng mana na nakalaan sa mga anak ng Diyos (8:17).

Napakasarap pakinggan—kung ikaw ay nakay Cristo, kabilang kay Cristo. Dahil kung hindi—kung you are still in the flesh, o wala pa sa ‘yo ang Holy Spirit, you do not belong to Christ (8:8-9)—there is not hope of life for you, but the certainty of death, not just physical death, but eternal separation from God in hell (8:6). As you listen to Romans 8, hindi ito words of assurance for you, but consider this as warning and at the same time an invitation for you to repent and put your trust in Jesus. Siya lang ang kaligtasan mo at garantiya na makakatakas ka sa parusa ng Diyos at mararanasan ang ligaya ng buhay na nasa piling niya.

But it doesn’t mean na kapag Cristiano ka na, ayos na ang lahat. Giginhawa na ang buhay mo at mawawala na ang mga problema mo sa buhay. No. Don’t listen to false teachers na ganyan ang itinuturo! Kaya nga sa dulo ng v. 17—pagkatapos sabihin ang mana na tatanggapin natin bilang mga anak ng

Diyos, at bilang transition sa susunod na major section ng Romans 8 (vv. 18-39)–sinabi ni Pablo na hindi optional ang sufferings sa buhay Cristiano, hindi para sa iilan lang, kundi para sa lahat. “...provided we suffer with him in order that we may also be glorified with him.”

Oo, merong manang tatanggapin, ito yung “glory” o kaluwalhatianang mararanasan natin sa muling pagbabalik ni Cristo. Pero bago natin marating yun, meron muna tayong dadaanan. Hindi pwedeng shortcut, hindi pwedeng mag-apply for exemption. Even the best Christians, the most mature, the most sacrificial in serving Christ may pagdadaanang paghihirap. Kung paanong hindi nilaktawan ni Cristo ang mga paghihirap hanggang sa kamatayan sa krus, hindi rin natin pwedeng laktawan ang mga sufferings na itinakda ng Diyos para sa atin kung gusto nating makasalo sa kaluwalhatianang nakay Cristo.

Itinakda ng Diyos ang mga sufferings sa buhay natin not to torture us but to lead us to glory. Sabi ni Charles Hodge, “The design of God in the affliction of his people is not to satisfy the demands of justice, but to prepare them to participate in his glory.”

Last Friday, while preparing this sermon sa church office, biglang tumawag ang asawa ko. Sinabi umuwi daw ako kasi si Stephen sininghot ang isang part ng Lego at na-stuck sa ilong. Hanap ako ng clinic na may EENT para ipatanggal. Walang available na doctor. Pero nung gabi nagtext yung isang clinic na nandon na si doc. Sabi nung nurse 2500 daw babayaran kasi gabi na. Saka baka makarating daw sa бага yung napasok sa ilong at pwedeng ikamatay. So ayun, kandong ko si Stephen, mahigpit na yakap-yakap. Habang yung mga nurses nakahawak naman sa paanan niya, at ako nag-aalala na baka may covid itong mga ‘to! Umiiyak si Stephen, masakit habang tinatanggal. Pero pagkatapos naman, okay na siya, masaya na. Ako naman ang malungkot, nasaktan ang bulsa!

Yung mga karanasang tulad nito, unexpected, unplanned, ayaw naman nating mangyari pero bahagi pala ng plano ng Diyos para sa atin. Maliit na kaso lang ito kumpara sa iba pang sufferings na pinagdaanan namin sa pamilya. O ng maraming Pilipino na nawalan ng trabaho o nalugi ang negosyo dahil sa pandemic (tulad ng ibang members natin), o dahil sa

paghinto ng prangkisa ng ABS-CBN (tulad ng isang member natin), o nagkasakit ng covid (tulad ng isang dati nating member na nasa Middle East), o sa mga namatayan. Kung tayo ang papipiliin o kung tayo ang magpaplano, o kung tayo ang susulat ng script ng kwento ng buhay natin, gusto nating burahin ang mga ganitong eksena. Kung tayo ang masusunod, we want our sufferings to end now. Sino ba naman ang may ayaw na matapos na itong coronavirus? Natural yun. Kaso ang problema natin, we think our sufferings now are inconsistent with our being children of God. Tagapagmana tayo ng kaharian ng Diyos, tapos ganito ang mararanasan natin? Wala bang exemption for the children of God?

Kaya mahalaga itong susunod na section, vv. 18-25, na pag-aaralan natin in two parts. Actually inisip ko yung sermon series dito magsimula sa v. 18, to give us biblical perspective sa mga sufferings ngayon. Pero maganda nga na mula sa v. 1, para mas makita natin ang sufferings natin in light of God's plan of salvation. Actually mas maganda kung simula chapter 1! Maybe some other time gawin natin 'yan, Lord willing. For now, tingnan natin itong vv. 18-21 at ano ang itinuturo sa atin dito tungkol sa maganda at malaking disenyo ng Diyos sa mga sufferings natin ngayon na kung paniniwalaan natin at panghahawakan natin ay makakatulong sa atin na patuloy na magtiis—at magtiwala at umasa at manabik sa araw na we will “be glorified with him” (8:17).

“The glory that is to be revealed to us” (8:18)

Dito sa v. 18 ay sinasagot ni Pablo yung tanong na bakit hindi inconsistent ang mga sufferings natin ngayon sa pagiging mga anak natin ng Diyos, bakit kailangan nating tanggapin ito bilang bahagi ng plano ng Diyos—mabuting plano ng Diyos—para sa kanyang mga anak. Hetong sagot, hetong dahilan, “For I consider that the sufferings of this present time are not worth comparing with the glory that is to be revealed to us” (8:18). My translation: “Sapagkat itinuturing ko na ang mga paghihirap sa panahon ngayon ay hindi karapat-dapat maihambing sa kaluwalhatiang mahahayag sa atin.”

Itinuturo sa atin dito ni Pablo yung biblical perspective sa sufferings na natutunan din niya. “For I consider...” Sa Greek ay *logizomai*, to reckon, count or decide. Ginamit ito nang paulit-ulit kung paanong “itinuring” tayo

ng Diyos na matuwid—bagamat di tayo matuwid (3:28; 4:3-28). Sa 6:11 naman ay yung duty natin na ituring ang sarili natin na patay na sa kasalanan. Dito naman sa 8:18 ay kung paano natin dapat tingnan ang mga sufferings natin. Hindi ito dapat batay sa personal na opinion lang, o wishful thinking, o kung ano ang popular view. Dapat merong careful deliberation, merong ebidensiya. Hindi yung paghusga na hindi iniintindi kung ano ang facts and reality. Sinasabi dito ni Pablo na patungkol dito merong siyang strong assurance, walang duda. At ito rin ang gusto niya na maging response natin.

This is not to deny, or minimize, or trivialize our sufferings. Haharapin natin ang mga paghihirap na dinaranas natin, di natin tatakasan pero dapat matutunan din nating ikumpara ito sa buhay na nakalaan sa atin in the future. Dapat magkaroon tayo ng tamang “time perspective” – dapat alam natin kung anong oras na ngayon, ano yung panahon ngayon. Yes, maraming sufferings, plural ‘yan. Samo’t sari. Buti kung maliliit at simple lang. Pero paano kung napakabigat na? Paano kung patong-patong na? Paano kung pakiramdam mo hindi mo na kaya? Remember na yung sufferings na ‘to ay “of this present time.” Ibig sabihin, darating ang arar na these will be over. Yehey! Sasabihin natin. Tapos yung iba sasabihan ka, “Wag kang mag-alala, matatapos din ‘yan. Baka mas okay na yung 2021. Ganyan talaga ang buhay, parang gulong, minsan sa ibaba, minsan sa ibabaw. Things will get better soon.” Sarap pakinggan! Pero unhelpful. Bakit? How do you know na mas okay ang 2021? How do you know na yung sakit ng kapatid mo ay gagaling? How do you know na bukas ay magiging okay din ang lahat? You don’t know that! Sa halip na makatulong ka, maybe panandaliang comfort ang maialok mo, but eventually pag magsink in ang reality, mas lalo lang ‘yang madidiscourage.

Ang tinutukoy dito ni Pablo na “present time” ay hind yung “at the moment.” Ito yung kasalukuyang panahon natin ngayon na matatapos lang sa pagbabalik ni Cristo. Yes, everything will be all right for God’s children in the future. Pero yung future na yun ay maaaring hindi pa bukas o sa 2021. Pero garantisado na mangyayari sa pagbabalik ni Cristo. Eto yung “the glory that is to be revealed to us.” Eto yung tinutukoy niyang we will be glorified with Christ sa v. 17. Ngayon sanctification pa, kasama diyan yung sufferings as

means of sanctification ni Lord sa atin. Wala pa yung glorification ngayon. Yes, in a way nararanasan at natitikman na natin yung preview and foretaste of that glory now. Pero meron pa ring kasalanan, meron pa ring struggles sa relationship natin with God, hindi pa buo ang kagalakang meron tayo. But one day, in glory, we will experience sinless perfection, unhindered intimacy with God, perfect righteousness, unending joy in the presence of God.

This glory will be “revealed to us.” Ipapakita, ipapahayag. Yan ang ibig sabihin ng *apokalupto*. Yung nakatago, tatanggalin ang takip. Makikita nang malinaw. Pero hindi ito parang nanonood lang tayo, spectators lang. No. Pwede ring translation nito, “will be revealed *in us*.” Mararanasan natin, matitikman kung ano itong glory na ‘to. Hindi ito baka sakali lang. Tulad ng mga fake news ngayon. Ise-share sa Facebook sasabihin di ko alam kung totoo ‘to, pero mainam nang mag-ingat. Pero ito, alam nating totoo. Di nga lang ganoon ka-obvious ngayon ang glorious reality ng pagiging children of God. Magiging obvious ‘yan pagdating ni Cristo. “Beloved, we are God’s children now, and what we will be has not yet appeared; but we know that when he appears we shall be like him, because we shall see him as he is” (1 John 3:2).

Ang sinasabi dito ni Pablo, tinimbang niya, ikinumpara niya ang sinasapit natin ngayon sa makakamtan natin balang araw. Ang conclusion niya? “Not worth comparing” daw. Di karapat-dapat ihambing. Parang merong timbangan, on one side of the scale yung sufferings natin, mabigat, marami. On the other side of the scale ay yung “weight of glory”, hindi lang mas mabigat, nagmistulang balahibo ng manok ang gaan kung ikukumpara sa bigat at laki at ganda ng mararanasan natin sa pagbabalik ni Cristo. Mabigat na gumastos ako sa doktor ng 2,500 pesos, pero medyo gumaan nang makatanggap ako kinabukasan ng 5,000 pesos na love gift. Pero dito sa sabi ni Pablo, ang tatanggapin natin ay hindi lang doble nang nawala sa atin, but a billion times more. But we’re not talking here about monetary gain. Much more than that! “For this light momentary affliction is preparing for us an eternal weight of glory *beyond all comparison*” (2 Cor. 4:17).

“The revealing of the sons of God” (8:19)

Now, pagdating sa v. 19, nagbigay si Pablo ng dahilan or basis sa sinabi niyang di karapat-dapat ihambing ang mga mga paghihirap natin ngayon sa kaluwalhatian ipahahayag at mararanasan natin balang araw, why this “eternal weight of glory” is “beyond all comparison.” Lumiliit kasi ang paningin natin tuwing nararanasan natin ang matinding suffering. Inaanyayahan tayo ni Pablo dito na palakihin ang abot ng tingin natin, na tingnan natin ang nararanasan natin ngayon in light of God’s redemptive purpose for his whole creation. Concern siya sa ‘yo, he care specifically for you, pero may plano siya, hindi lang sa buhay mo, kundi sa lahat ng nilikha niya. Verse 19, “For the creation waits with eager longing for the revealing of the sons of God.” My translation: “Sapagkat ang sangnilikha ay masidhing inaasam ang inaantay nitong kapahayagan ng mga anak ng Diyos.”

So yung glorification na tinutukoy niya in the future ay tinawag niya ditong “the revealing of the sons of God.” Heto na naman yung word na “revealing”, na tulad ng sa v. 18. Galing sa salitang *apokalupsis*, na siyang pinagbatayan din ng book of Revelation. Sa pagbabalik ni Cristo, main feature siyempre ang revelation of Jesus, ang makita siya in all his glory. Pero dahil tayo ay nakay Cristo, kasama din tayo dun: “...provided we suffer with him in order that we may be glorified with him” (v. 17). Sa panahon ngayon, di naman ganun ka-obvious kung sinu-sino ang children of God at kung bakit glorious ang privileges natin as children of God. Pero sa araw na yun, magiging malinaw ang lahat.

At hindi lang tayo ang naghihintay sa araw na yun. “For *the creation* waits with eager longing...” Ano ang kabilang sa “creation” na tinutukoy niya dito (na siyang subject din ng v. 20, v. 21, v. 22, at v. 23? Malamang tumutukoy ito sa physical part of God’s creation. Hindi tayong mga Cristiano ang tinutukoy dito kasi nakabukod tayo dito sa v. 23, “not only the creation, but we ourselves.” Hindi rin kasali ang mga anghel kasi wala naman sila dun sa “bondage of corruption” na tinutukoy sa v. 21, lalo naman ang fallen angels kasi di naman nila kinasasabikan ‘yang araw na ‘yan. Yung mga unbelievers hindi rin kasali. So malamang na it is God’s natural creation.

Mas magiging klaro ‘yan as we look at vv. 20-22. So kasali sa “creation” na ‘to ay ang bundok, ang dagat, ang puno, ang mga hayop, at lahat ng nasa mundong ito—pati na rin ang ibang planeta sa buong kalawakan. Ito ang “sangnilikha” ng Diyos na sinasabi ni Pablo dito na naghihintay at masidhing inaasam yung pagdating ng araw na mahahayag ang kaluwalhatian natin bilang mga anak ng Diyos. Personification ang tawag dito. Kasi wala namang buhay itong sangnilikha para masabik sila at maghintay. Nagpapahiwatig ito ng ganda at laki ng plano ng Diyos. Yung expression nga na ginamit ni Pablo redundant yung mga words – waiting, longing, waiting eagerly with eager expectation kung mas literal na isasalin. Hindi papasa ito sa writing workshop! Kasi kulang ang salita para i-express yung ganitong klaseng pananabik. Yung bang sabik na sabik na excited na excited pa! Hindi lang ito yun bang sandali ka lang nasabik tulad ng isang bata, tinanong mo, “Ano ang kinasasabikan mong matanggap na regalo sa birthday mo?” Isang araw ang sagot, Lego. Tinanong mo ulit, bike naman. Paiba-iba. Pero itong plano ng Diyos, regalo ng Diyos sa mga anak niya karapat-dapat kasabikan hindi lang ngayon kundi hanggang sa araw na makamit natin ito.

At hindi lang tayo ang nasasabik dito (8:23, 25), buong nilikha ng Diyos! Paalala ito sa atin na oo nga’t personal ang pagliligtas sa atin ng Diyos, pero hindi ito maliit, it is cosmic in scope! God’s plan of redemption does not just include you and me – but the whole cosmos. Merong pagpapanumbalik na mangyayari, hindi lang ng relasyon mo sa Diyos, kundi ng original intention ng Panginoon sa lahat ng kanyang nilikha. Ang intensyon ni Pablo dito ay hindi lang ituro na totoo nga na meron tayong katiyakan sa end-time promises ng Diyos, “but to highlight or magnify the greatness of it” (Charles Hodge). Kasi ang liit ng pagtingin natin sa plano ng Diyos. When we are suffering now, para bang mas makukuntento na tayo kung maayos na ang lagay natin ngayon, o maiibsan na ang sakit na nararamdaman natin ngayon. But God’s plan is much bigger than you or your family or your church. Ang tanong, kinasabikan mo rin ba yun tulad ng sangnilikha ng Diyos na sabik na sabik na sabik na dumating ang araw na yun?

Ano ang dahilan kung bakit sinabi ni Pablo na ang sangnilikha ng Diyos ay sabik na sabik na sabik sa pagdating ng araw na yun? Yung dahilan ay binanggit niya sa vv. 20-21.

“The freedom of the glory of the children of God” (8:20-21)

“For the creation was subjected to futility, not willingly, but because of him who subjected it, in hope that the creation itself will be set free from its bondage to corruption and obtain the freedom of the glory of the children of God.” Sa MBB, “Nabigo ang sangnilikha, hindi dahil sa kagustuhan nito, kundi dahil itinulot iyon ng Diyos. Gayunman, nagbigay rin siya ng pag-asa na ang lahat ng nilikha ay pinalaya ng Diyos upang hindi na ito mabulok, at upang makabahagi ito sa maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Diyos.”

At mahahati itong dahilan na ‘to sa tatlo. Yung una, nabigo ang sangnilikha, subjected to futility. Merong nasira sa ganda ng nilikha ng Diyos. May maganda pa rin kaya nung lumabas kami ng anak ko para maghanap ng doktor, nakasakay kami sa motor, dumaan sa tulay, maya-maya ang sabi niya, “Ang ganda ng creation ni God, no?” Yes, may ganda pa rin. Pero marami ang nasira. Merong pagkabulok (“bondage to corruption”). Paano nangyari ‘to? Yun yung ikalawa, ang Diyos nagpailalim sa buong sangnilikha sa ganitong kabiguan o pagkasira. Not willingly, sa part ng created order ng Diyos. Pero sa mga fallen angels at sa ating mga tao, willingly ang ginawa nating pagrerebelde sa Diyos. Pero sa ibang part of creation, nasira din dahil sa kasalanan ng tao. Hindi si Satanas ang maygawa nito. Ang Diyos ang nagpailalim sa creation sa isang sumpa. Sabi ng Diyos kay Adan,

Dahil nakinig ka sa iyong asawa, nang iyong kainin ang ipinagbawal kong bunga; dahil dito’y sinusumpa ko ang lupa, sa hirap ng pagbubungkal, pagkain mo’y magmumula. Mga damo at tinik ang iyong aanihin, halaman sa gubat ang iyong kakainin; sa pagod at pawis pagkain mo’y manggagaling maghihirap ka hanggang sa malibing. Dahil sa alabok, doon ka nanggaling, sa lupang alabok ay babalik ka rin.

Gen. 3:17-19 MBB

Nasumpa ang lupa at ang iba pang bahagi ng nilikha ng Diyos dahil sa kasalanan ni Adan. Hindi ito ang kalagayan ng mundo dati. At buti na lang hindi rin ganito ang magiging kalagayan ng mundo sa dulo. Ito yung pangatlo, hindi pa tapos ang Diyos. Merong pag-asa. Ginawa ito ng Diyos for a glorious purpose. Yun ang nakasulat sa v. 21. Pero bago natin tingnan yun, basahin muna natin ang isinulat ni John Piper sa **Coronavirus at si Cristo** (chap. 6):

SA KATUNAYAN, ANG KASALANAN ANG PINAGMULAN ng lahat ng paghihirap sa mundo. Makikita sa ikatlong kabanata ng Bibliya kung paano pumasok ang kasalanan sa mundo. Ipinapakita rito na ang kasalanan ang pinagmulan ng mga kasiraan at kahirapang nararanasan sa buong mundo (Genesis 3:1–19). Nagbigay si Pablo ng summary nito sa Romans 5:12: “Ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan sa pamamagitan ng isang tao, at ang kamatayan ay pumasok sa pamamagitan ng kasalanan. Dahil dito, lumaganap ang kamatayan sa lahat ng tao sapagkat ang lahat ay nagkasala.”

Naging masama na ang kalagayan ng mundo simula noon. Masisilayan pa rin natin ang kagandahan sa mundo, ngunit nahaluan na ito ng kasamaan, ng mga sakuna, ng mga sakit at ng mga kabiguan. Perpekto ang paglikha ng Diyos sa mundo. “Pinagmasdan ng Diyos ang lahat niyang ginawa, at lubos siyang nasiyahan” (Genesis 1:31). Totoong marami tayong nasaksihang mga kamangha-manghang bagay sa kasaysayan. Ngunit mula noong mahulog ang tao sa kasalanan hanggang sa mismong araw na ito, ipinapakitang larawan ng kasaysayan natin ang sunud-sunod na parada ng mga bangkay—na para bang nasa isang conveyor belt.

Hindi itinuturing ng Bibliya na natural lang ang pagkasirang ito. Sa halip, ito ang judgment o paghatol ng Diyos sa mundong punong-punô ng kasalanan. Inilarawan ni Pablo sa ganitong paraan ang idinulot ng hatol ng Dios sa mundo dahil sa kasalanan (sa Romans 8:20-22).

Pagkabigo. Pagkaalipin sa pagkabulok. Pagdaing. Ang mga ito ay larawan ng patuloy na pagkasira at kahirapan na dinaranas ng lahat ng tao sa buong mundo mula nang pumasok dito ang kasalanan. At sinasabi ni Pablo na ang

kasiraang ito ay dulot ng paghatol ng Diyos: “The creation was subjected to futility...because of him who subjected it in hope” (8:20). Hindi si Satanas ang maygawa nito. Hindi si Adan ang maygawa nito. Ang Diyos. Pero, “nagbigay rin siya ng pag-asa.” Tulad ng sinabi ni Pablo sa Romans 5:16, “Sapagkat hatol na kaparusahan ang idinulot matapos na magawâ ang isang pagsuway.”

Totoong ang nakasulat dito ay full of hope—“maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Diyos” (Romans 8:21). Merong napakagandang plano ang Diyos para sa isang new creation, kung saan ay “papahirin niya ang bawat luha sa kanilang mga mata” (Revelation 21:4). Ngunit sa ngayon, tayong lahat ay nasa ilalim ng kanyang judgment. Ipinailalim niya ang mundo sa kamatayan, sakuna at paghihirap.

Oo, maging ang kanyang sariling mga anak—tayong mga “pinili niya...upang maging anak niya” (Ephesians 1:5), tinubos sa pamamagitan ng dugo ng kanyang Anak (v. 7), at itinakda niyang tumanggap ng buhay na walang hanggan (v. 18) —maging tayo ay naghihirap at namamatay dahil sa parusang dulot ng pagpasok ng kasalanan. “At hindi lamang ang sangnilikha, kundi tayong mga tumanggap na ng Espiritu bilang unang kaloob mula sa Diyos ay dumaraing din habang hinihintay natin ang paghahayag ng ating pagiging mga anak ng Diyos at ang pagpapalaya sa ating mga katawan” (Romans 8:23). Tinatangay din ng tsunami ang mga Cristiano. Pinapatay din ng mga terorista ang mga Cristiano. Dinadapuan din coronavirus ang mga Cristiano.

Pero iba ang kahulugan nito para sa mga Cristiano—silang mga yumakap kay Cristo bilang kayamanang higit sa lahat o supreme treasure.

Nararanasan natin ang mga ganitong paghihirap at sakit hindi dahil pinaparusahan tayo ng Diyos. Hindi ito condemnation. “There is therefore now no condemnation for those who are in Christ” (Romans 8:1).

“Hindi tayo pinili ng Diyos upang bagsakan ng kanyang poot” (1 Thessalonians 5:9). Namamatay tayo sa sakit at sakuna tulad din ng lahat ng mga tao. Ngunit para sa mga nakay Cristo, ang “kamandag” ng kamatayan ay

tinanggal na (1 Corinthians 15:55). “Ang kamatayan ay pakinabang” (Philippians 1:21). Ang pagpanaw sa mundong ito ay nangangahulugang “makapiling ni Cristo” (v. 23).

Napakalaki, napakaengrande ng future na nakalaan sa mga anak ng Diyos. Sa sobrang laki nito, pati ang buong nilikha ng Diyos ay makakabahagi dito. Kung paanong sa araw na yun ay palalayain na tayo completely sa lahat ng kasalanan, lahat ng kahirapan, at sa kamatayan—eto yung “the freedom of the glory of the children of God”—ang buong nilikha din ay makikihati at makikibahagi sa kalayaang iyon. Palalayain ang buong nilikha ng Diyos sa umaalipin at sumisira dito. Kabahagi sila sa pagliligtas na gagawin ng Diyos para sa atin na mga anak niya.

The Practical Doctrine of the Fall and Restoration of Creation

Isang paraan para magpatuloy tayo sa pagtitiis at manatiling matatag sa gitna ng mga kahirapang dinaranas natin—personal sufferings man o global sufferings—ay kung mauunawaan nating mabuti ang tungkol sa redemptive plan ng Diyos. Maganda ang pagkakalikha niya sa lahat. Pero nasira ito dahil sa kasalanan. Hindi lang si Adan at Eba ang bumagsak, pati lahat ng tao hanggang ngayon ay kasama nilang bumagsak. “All have sinned and fall short of the glory of God” (Rom. 3:23). At hindi lang mga tao, kasama din ang lahat ng bahagi ng nilikha ng Diyos sa pagbagsak at pagkasira. Ang Panginoong Jesus lang ang hindi bumagsak. He is the perfect and fullets expression of the glory of God. Pero sa mundong ito ay naranasan din niya ang kahinaan at kahirapang dulot ng sumpa sa nilikha ng Diyos. Tiniis niya ang lahat ng hrap hanggang kamatayan sa krus para palayain tayo sa pagkakaalipin sa kasalanan at ipanumbalik ang relasyon natin sa Diyos. Kasama sa bunga ng paghihirap ni Cristo ay ang pagpapanumbalik ng buong nilikha ng Diyos sa magandang intensyon niya para dito—kasama tayong mga Cristiano to reflect the glory of our Creator and Redeemer forever and ever.

Anumang sufferings mo ngayon, tingnan mo in light of that big Story. Hindi yung kuwento lang ng buhay mo ang iintindihin mo. Yes, kailangan nating matutunan how to deal with our sufferings now. We will talk more about specific personal response next week. But for now, let this text deal with our limited perspective on suffering. Na mas maging malawak ang pagtingin natin. Hindi pamilya lang natin, hindi church lang natin, hindi lang yung ABS-CBN, not just our country, not just the world. But the whole creation. So, God's plan of redemption is not just for us individual Christians, or for the whole church, or the global church, or universal church of all ages. But for the whole created order. Let us put our sufferings on that perspective. Not to deny it, not to minimize it, not to trivialize it, but to see it in light of God's redemptive plan. At masabi rin natin tulad ni Pablo yung v. 18, "For I consider that the sufferings of this present time are not worth comparing with the glory that is to be revealed to us." Pati yung 2 Cor 4:17, "For this light momentary affliction is preparing for us an eternal weight of glory beyond all comparison."

Sermon: “Groaning, Waiting, Hoping” (Rom. 8:22-25)

 treasuringchristph.org/2020/07/21/sermon-groaning-waiting-hoping-rom-822-25

Nakakadismaya ang mga nangyayari ngayon. Parami na nga nang parami ang mga may covid-19, hindi pa tayo makapag-gather physically as a church family. Although pwede na, hanggang 50% capacity ng worship hall. Pero ayaw naman nating madaliin kasi nga mas delikado pa nga ngayon. Ginagawa naman natin lahat ng dapat gawin para makatulong para di kumalat itong coronavirus, pero nakakadismaya na merong mga government officials na para bang di na nakikita na lumalala ang problema. Kung anu-ano pang solusyon o panukala ang ginagawa, kung anu-ano ang pinagtutuunan ng pansin, kung anu-ano ang sinasabi na lalong nakakasakit sa kalooban.

Nakakadismaya din bilang pastor kasi bukod sa nakakapagod yung new ways of doing ministry ngayon, mababalitaan ko pa yung ibang mga members natin na hindi sabik magjoin sa mga online. Meron namang Zoom, meron namang Internet o data connection. Yung iba naman talaga maiintindihan natin kung walang access sa ganitong means of communication. Nakakadismaya naman sa part ko na nahihirapan kung paano sila aabutin at pangangalagaan as a pastor. Marami tayong frustrations ngayon. Di naman maganda kung itatago lang natin at ipapalagay na okay lahat kasi hindi naman okay lahat. Napapabuntong-hininga tayo sa mga nangyayari. Napapa-“Hay naku!” sa mga balita. Naiinis. Nagagalit din.

And my prayer—at ito naman ang gusto ni Lord for us—na anuman yang mga pagkadismaya, pagkainis, frustrations natin ay magresulta sa greater longing for that day na wala nang sakit, wala nang kasalanan, wala nang ineffective and corrupt government, wala nang kamatayan, maayos na ang lahat, makakasama na natin ang isa’t isa, makakasama na natin ang Diyos full of joy forevermore. This is called glory—our glorification, when we will be glorified with Christ, tulad ng binanggit ni Paul sa Romans 8:17. At sinabi niyang yung glory na ‘to ay pakikibahagi sa kaluwalhatian ni Cristo, na tayo rin ay kasama niya na mamamahin ang mga pagpapala ng Diyos. Ito yung

“revealing of the sons of God” (v. 19) at “freedom of the glory of the children of God” (v. 21) na inaabangan ng sangnilikha, at pinananabikan na makibahagi sa atin. At ngayon naman makikita nating kasama sa glorious future na ‘to yung kinasasabikan nating “adoption as sons, the redemption of our bodies” (v. 23).

Napakaganda ng buhay na inilaan sa atin ng Diyos sa pagbabalik ni Cristo. Pero bago yun, may pagdadaan tayo, walang shortcut—“provided we suffer with him.” Yun yung parte na ayaw natin, yung sandali lang, yung konti lang okay pa. Pero pag antagal na, ang tindi na. Pwede ba mag-skip dyan? Sabi ni Lord, “No!” So dapat tanggapin nating kasama sa buhay Cristiano ‘yan. Hindi lang pang non-Christians ‘yan. Tanggapin natin, embrace that not with doubt, impatience, complaining, but embrace God’s purposes—his good and wise purposes—for his children.

So, we suffer with him in order that we may be glorified with him. Yayakapin natin itong sufferings bilang bahagi ng plano ng Diyos para sa kanya mga anak na meron ding pananabik, pag-asa, pagtingin sa hinaharap, paghihintay sa buhay na nakalaan para sa kanyang mga anak. Pero paano makukumbinsi ang puso natin na sulit maghintay sa pagdating ng araw na yun? Anu-ano ang dahilan na binanggit ni Pablo para tulungan tayong yakapin ang sufferings bilang bahagi ng plano ng Diyos para sa atin. Last week we spent time savv. 18-21, nakita natin ang three reasons why we embrace sufferings as part of God’s plan for his children. At ang focus nitong mga verses na ‘to ay to magnify the glory that awaits us, para ipakita sa atin kung gaano ito kalaki at kaganda, kasi may mga araw—especially in times of loss and suffering—na ang liit ng tingin natin sa buhay na inilaan ng Diyos para sa atin.

1. Sa v. 18, itinuturing ni Pablo na yung bigat ng future glory natin ay di maikukumpara sa anumang bigat ng sufferings natin ngayon.
2. Sa v. 19, sinabi niyang maging ang sangnilikha ay sabik na naghihintay dito sa future glory na mararanasan natin.
3. Sa vv. 20-21, sinabi niyang hindi lang sabik ang sangnilikha, makakabahagi din sila dun sa “freedom of the glory of the children of God.”

Now, sa vv. 22-25, mas personal na. Meron pa tayong dalawang reasons na titingnan why we embrace sufferings now. Sasabihin niyang, yes, dahil meron tayong glorious future, we wait for it with patience (v. 25). Pero! Gaano man kaganda ang inaabangan at hinihintay natin, waiting is hard. Kung single ka, kung after 10 years alam mo na God will give you a perfect partner for you, excited ka. Pero ten years pa! Matagal maghintay! Or sa case ni Abraham, sinabi ni Lord na magkakaanak sila, pero 25 years siyang pinaghintay! Waiting for glory is hard, we want it quick and now. We are not talking here not just about having a covid-free world, but sin-free, suffering-free, death-free, all-the-curse-of-fallen-creation-free!

Our life now, our journey toward glory includes waiting. I do not mean the time we die. Yes, our soul will be with Christ in heaven, but that is not yet our glorified state, wala pa yung resurrected body natin. Mangyayari yun sa pagbabalik ni Cristo. Maghihintay tayo. Pero hindi lang basta maghihintay na passive lang, nagtitiis lang kahit inip na inip na. No. Tulad ng sangnilikha—na naghihintay “with eager longing” (v. 19, Gk. *apokaradokia... apekdechomai*). Tayo rin, we “wait eagerly” (v. 23, Gk. *apekdechomai*), “we eagerly wait” (CSB) (v. 25, Gk. *apekdechomai*). Ginamit din yung salitang ‘yan sa 1 Cor 1:7 (“wait for the revealing of our Lord Jesus Christ”); Phil 3:20 (“we await a Savior, the Lord Jesus Christ”); Heb 9:28 (“those who are eagerly waiting for him”). So kung Cristiano ka, naghihintay ka, sabik ka na naghihintay, inaabangan mo ang pagdating ni Cristo—parang bata na laging sumisilip sa bahay, inaabangan kung nandyan na ba si daddy. Kung hindi mo siya kinasasabikan? You are not a Christian, no matter what you say about yourself.

Bakit na sa halip na maghimutok sa paghihintay ay masasabik tayo (tulad ng creation sa v. 19) sa future glory habang nararanasan natin ang mga sufferings natin ngayon—at masabi rin natin yung damdamin ni Pablo v. 18, “I consider that the sufferings of this present time are not worth comparing with the glory that is to be revealed to us”?

Waiting while Groaning (vv. 22-23)

Isa pang sagot ni Pablo dyan ay nasa vv. 22-23, “For...” Sapagkat...heto ang dahilan. For we know that the whole creation has been groaning together in

the pains of childbirth until now. And not only the creation, but we ourselves, who have the firstfruits of the Spirit, groan inwardly as we wait eagerly for adoption as sons, the redemption of our bodies” (Romans 8:22-23 ESV). My translation: “Sapagkat alam nating hanggang ngayon ay sama-samang dumaraing ang buong sangnilikha dahil sa matinding hrap na tulad ng isang nanganganak. At hindi lamang ang sangnilikha, kundi tayo mismo na mga tumanggap ng Espiritu bilang paunang kaloob mula sa Diyos ay dumaraing din habang sabik nating hinihintay ang ganap na katayuan natin bilang mga anak ng Diyos at ang pagpapalaya sa ating mga katawan.”

Sabik tayo sa paghihintay kasi may dinaraing na sakit ang sangnilikha (v. 22) at tayo na mga anak ng Diyos (v. 23). Ito ang basis or ground for saying that—because we already know something about it. **We know.** It is common knowledge. Hindi dahil natutunan natin sa eskuwelahan o may nagsabi sa atin. Kasi nakikita natin ang ebidensiya sa paligid natin sa araw-araw. Kasi tayo mismo nararanasan natin. Pero bakit sinasabi pa ni Pablo? Alam na natin, pero ipanapaalala. Nakakalimot tayo. At kung hindi man nakakalimutan, nahihirapan tayong ikonekta yung kasalukuyang karanasan natin sa pangako at plano ng Diyos para sa atin. What do we know?

Dumaraing ang buong sangnilikha. “For we know that the whole creation has been groaning together in the pains of childbirth until now” (v. 22). Tulad ng napag-aralan natin last week, yung creation na tinutukoy dito—na siyang subject ng vv. 19-21—ay hindi kasali ang mga tao at mga anghel, kundi yung mga nilikha ng Diyos tulad ng lupa, hangin, tubig, hayop, halaman. Again, this is personification. Tulad ng sa v. 19, ang creation ay sabik na naghihintay. Dito naman ang isa pang dahilan kung bakit sabik na naghihintay ang sangnilikha—dahil dumaraing ang sangnilikha. Wala naman talagang pakiramdam o expression ng feeling ang mga walang buhay na nilikha ng Diyos tulad ng bundok, lupa, tubig, atbp. Pero isinasalarawan sila dito na dumaraing. Hindi lang may iniindang sakit, kundi naririnig natin yung paghiyaw ng nilikha ng Diyos sa sakit o sumpa na dulot ng pagkakasala ng tao. Ito yung “futility” na binabanggit ni Paul sa v. 20.

At ilan lang bang bahagi ng creation ang apektado nito? Siguro naman hindi lahat kasi may makikita pa tayong ganda ng nilikha ng Diyos, mukhang peaceful naman, pwedeng pang-Instagram. Yes, may ganda pa rin. But yung beauty na yun ay corrupted na dahil sa pagbagsak sa kasalanan. Lahat ng bahagi ng creation. Sa v. 19, v. 20 at v. 21, “the creation” ang tinutukoy ni Pablo. Pero dito sa v. 22, to emphasize, to make sure hindi natin ma-miss yung tinuturo niya, sinabi niya, “the *whole* creation.” No part of God’s creation is untouched by the fall. Everything is subjected to futility. Comprehensive ang resulta ng isang kasalanan ng isang tao. Dulot nito ay pagbagsak ng lahat ng tao, at lahat ng bahagi ng nilikha ng Diyos. Kaya naman dumaraing ang nilikha ng Diyos. Sama-samang dumaraing. Malungkot na kalagayan kung parang isang funeral, buong pamilya, lahat ng miyembro umiiyak, humahagulgol sa iyak. O yung isang taong naghihingalo na at malalagutan na ng hininga. Death pangs ang tawag dun.

Pero dito ang pagsasalarawan ni Pablo sa daing ng nilikha ay hindi death pangs, but birth pangs. Daing sa hrap ng isang babaeng nanganganak. Ang mga salitang ginamit dito ni Pablo (*sustenazo*, groan together; *sunodino*, travail together) ay dito lang ginamit sa New Testament. Larawan ito ng matinding sakit na nararamdaman ng nilikha ng Diyos tulad ng binabanggit ni Jesus na “birth pains” sa Matt. 24:8 at Mark 13:8, na tumutukoy sa sakit na dulot ng giyera, taggutom, lindol at iba pang sakit at sakuna. Maging itong coronavirus pandemic ay isang expression ng pagdaing ng nilikha ng Diyos.

Pero ito ay isang sakit na hindi meaningless. May pananabik kasi merong sanggol na ipapanganak. Merong isang bagong mundo na isisilang sa pagbabalik ni Cristo! Masakit, humihyaw sa sakit pero sulit ang paghihirap nito. Yung unang panganganak ng asawa ko di naman masakit kasi CS, saka may anesthesia. Masakit talaga, di lang ganun naramdaman. Masakit lang sa bulsa. Pero nung nasingil na ang Philhealth at SSS, kumita pa! Yung si Stephen naman, normal na. Masakit na. Masakit recently kay Kyrie, nung pumutok na yung panubigan niya, andun na kami sa lying-in clinic, hrap na hrap na siya sa sakit. Ako iniisip ko na ipa-CS na sa ospital. Pero iniisip ko rin ang laki ng babayaran! Nung nandun na siya sa delivery room, naririnig ko yung daing niya sa sakit. Ako naman walang magawa.

Kinakabahan din. Kasi anything can happen. Pero nung marinig ko na ang iyak ng baby namin, ang laki ng tuwa. Ang saya. Although hindi lahat ng nanganganak ganito ang karanasan. Merong nauuwi sa kalungkutan dahil maaaring yung baby o yung nanay ang mamatay. Pero itong pagdaraing ng nilikha ay mauuwi hindi sa kamatayan kundi sa tiyak na kapanganakan ng isang bagong mundo sa pagbabalik ni Cristo. 100 percent sure yun, hindi 50/50.

Pero hanggang ngayon nasa labor pa rin ang mundo. Humihyaw pa rin sa delivery room. Hindi pa tapos, ang pagdaing nito ay “hanggang ngayon,” “until now.” Not yet over. But will be over when Christ returns. Kaya naman nasasabik tayo kahit na dumaraing sa mga paghihirap sa mundong ito na nararanasan din natin ngayon—tulad ng coronavirus pandemic.

Kaya dugtong ni Pablo sa v. 23, “And not only the creation...” Literally, sinasabi ni Paul, “At hindi lang yun!” Heto mas personal na sa atin. “...but we ourselves who have the firstfruits of the Spirit, groan inwardly as we wait eagerly for adoption as sons, the redemption of our bodies.” Sino daw ang dumaraing din kasama ng sangnilikha? Tayo mismo. Tayong mga Cristiano. Hindi kasali dito ang mga non-Christians. Oo dumaraing din sila, pero dahil gusto lang nilang matapos ang mga paghihirap sa mundong ito. Pero tayo, mas nararamdaman natin ang pagdaing nang matindi kasi may inaasahan tayong darating. Meron tayong preview nung future glory na yun, at nararamdaman natin ang laki ng disparity ng buhay natin ngayon sa buhay na darating. Nagkakasakit din tayo, magkaka-virus din tayo, nagugutom din tayo, dumaranas din tayo ng mga kalamidad, namamatayan din tayo.

Malinaw na mga Christians ang tinutukoy dito ni Paul kasi sinabi niya tungkol sa “we ourselves” — **“who have the firstfruits of the Spirit.”** Christians, hindi lang mga apostol tulad ni Pablo, hindi lang mga Christians, but all Christians. Nasa atin na ang Espiritu, at nararanasan na natin yung preview at foretaste ng buhay na nasa Espiritu. To be in the Spirit doesn’t mean to be free from sufferings. Pinadala ng Diyos ang Espiritu sa atin—nananahan sa atin (vv. 9,11)—not to shield us from sufferings but to sustain us in the midst of sufferings. At isang paraan para ma-sustain tayo ay bigyan tayo ng assurance sa katiyakan ng buhay na darating para sa atin.

Kaya sabi dito ni Paul, “firstfruits” ang Holy Spirit o yung buhay na nararanasan natin ngayon being led by the Spirit. Itong firstfruits ay tumutukoy sa Jewish practice ng pagdadala ng mga naunang inani nila sa templo para ihandog sa Diyos, to signify God’s ownership of everything they have. Dito naman, isinalarawan ni Pablo ang Espiritung nasa atin bilang firstfruit, ibig sabihin, paunang handog o kaloob ng Diyos sa atin na nagbibigay katiyakan sa atin na meron pang kasunod, marami pang kasunod. “They contained the evidence and assurance of the whole harvest being secured” (Hodge, 275). Pauna lang. May kasunod pa. Garantisadong lahat ng pagpapalang nasa atin sa pakikipag-isa kay Cristo ay mapapasaatin in its fullness. Garantisado (Eph. 1:14).

That is why we cry! Kasi nasasabik tayo dun! And sometimes we express that groaning. Pero most of the time “inwardly” – di man natin i-express sa ibang tao o sa Diyos pero nararamdaman natin yun. Itong sakit na ‘to, itong mga sufferings na ‘to, itong nangyayari sa mundo ngayon, nararamdaman natin na something is wrong. Napapa-buntong hininga tayo, napapa-“haay...” sa mga nangyayari. Itong “groaning” natin ay parehas na salita ang ginamit sa “groaning” ng creation sa v. 22. Maging ang Panginoong Jesus, because he is fully human and in touch with the sufferings around him, nararamdaman din ‘to (see Mark 7:34).

Ang gusto natin ay hindi lang malampasan ang mga hirap na ‘to tulad ng mga non-Christians. Ang end goal ng minimithi natin ay ang makasama ang Panginoong Jesu-Cristo, to be in the presence of our Father in heaven forever. Dumadaing tayo kasi may hinihintay tayong pinananabikan natin. **“As we wait eagerly for adoption as sons.”** We are already adopted children of God, napag-aralan na natin ‘yan sa vv. 14-17. Totoong mga anak na tayo, hindi half-half pa lang, hindi probationary pa lang. Pero, yung kabuuan ng karanasan ng pagiging anak ng Diyos di pa natin nakukuha, hindi pa natin nare-realize yung kabuuuan ng status natin bilang children of God. “There is more to adoption into the heavenly family than we now experience” (Morris, 324). Kumbaga, yung mga blessings na na-eejoy natin ngayon as children of God, hindi pa whole package yun. Buti na lang! More

to come. Patikim pa lang ‘to. A greater feast awaits. Preview pa lang ‘to. Darating ang araw masisilayan natin ang kinasasabikan ng puso natin—ang makita nang mukhaan ang Panginoong Jesus.

Hindi pa lubos yung experience natin as children of God kasi hindi pa natutubos o napapalaya sa pagkakaalipin ang mga katawan natin. Spiritually speaking, malaya na tayo. Pero yung katawan natin, apektado pa rin ng sumpa ng kasalanan. Kaya nga nilinaw ni Pablo kung ano ang tinutukoy niyang “adoption as sons”—yun yung “the redemption of our bodies.” We usually use the word redemption sa spiritual aspect ng salvation natin. Pero dito ang tinutukoy niya ay ang darating na resurrection of our bodies. Hindi lang tayo kaluluwa sa kabilang buhay. Sa pagdating ni Jesus, muling bubuhayin ang mga katawan natin, pagsasamahin ulit ang kaluluwa’t katawan natin. Napag-aralan na natin ‘yan sa v. 11. ‘Yan din ang itinuturo ni Paul sa 1 Cor 15:23. 1 Thess. 4:16.

Anumang dinaraing mo sa katawan mo, yung sakit na nararamdaman mo, yung katawan mong tumatanda, humihina, nakukulubot and eventually ay mamamatay ay senyales na balang-araw babaguhing lahat ‘yan ng Diyos. Sabi rin ni Pablo sa 2 Corinthians:

Dumaraing tayo sa ngayon, dahil pinananabikan nating maisuot na ang katawang panlangit. 3 At kapag nangyari ito, hindi matatagpuang hubad ang ating kaluluwa. 4 Habang nandito pa tayo sa ating katawan, dumadaing tayo dahil sa mga paghihirap. Hindi dahil sa gusto na nating mamatay, kundi dahil sa gusto na nating magkaroon ng bagong katawan, para mapalitan na ang katawang may kamatayan ng katawang walang kamatayan. 5 Ang Dios na rin ang siyang naghanda sa atin para tanggapin natin ang bagong katawan, at bilang katiyakan, ibinigay niya sa atin ang kanyang Banal na Espiritu.

2 Cor. 5:2-5 ASD

Magkakaroon ng bagong langit at bagong mundo (Rev. 21:1-2). At tayong mga Cristiano ay titira doon na may bagong katawan—wala nang sakit, wala nang hirap, wala nang luha, wala nang kamatayan (21:4).

Waiting while Hoping (vv. 24-25)

Bakit ka hindi masasabik na hintayin ‘yan? Oo, mahirap ngayon. Pero tiyak ang pag-asa natin. Yun naman ang sumunod na sinabing dahilan ni Pablo kung bakit dapat nating panabikan yung future glory habang yinayakap naman natin ang mga paghihirap ngayon bilang bahagi ng plano ng Diyos para sa kanyang mga anak. “For [hetong ang isa pang dahilan] in this hope we were saved. Now hope that is seen is not hope. For who hopes for what he sees? But if we hope for what we do not see, we [eagerly, CSB] wait for it with patience” (Romans 8:24-25 ESV). My translation: “Sapagkat sa pag-asang ito tayo ay naligtas. Ngunit ang pag-asang nakikita na ay hindi matatawag na pag-asa. Sapagkat sinong tao ang aasa pa kung ito’y nakikita na niya? Ngunit kung umaasa tayo sa hindi pa natin nakikita, sabik na hinihintay natin iyon nang buong tiyaga.”

Two verses lang ‘to pero siksik sa pag-asa! Yung “hope” (noun form “pag-asa” at verb form “aasa/umaasa”) ay apat na beses na ginamit dito ni Pablo. Yung una ay sinabi niyang, “For in this hope we were saved...” (v. 24). Yung “hope” na tinutukoy niya dito ay yung object of our hope—yung future glory, yung fullness of our status as children of God, yung resurrection natin, yung eternal life with God. Future pa yun. Meron ba tayong katiyakan na mapapasaatin yun? Yes! Kaya remarkable yung pagkakagamit ni Pablo dito nung verb na “save.” Hindi niya sinabing “we will be saved” (future tense, referring to our glorification). Hindi niya sinabing “we are being saved” (present tense, referring to our sanctification). Sabi niya, “we were saved” (past tense, sa Greek grammar aorist tense, tapos na!). ‘Yan yung “justification” natin. There is therefore now no condemnation for those who are in Christ Jesus (v. 1). Iniligtas na tayo ng Diyos at siguradong lulubusin niya ang kaligtasan natin hanggang sa dulo. He will not “undo” our being saved. Yun ang hope natin.

At kapag sinabing hope, oo nga’t tiyak na mapapasaatin at mararanasan natin, pero wala pa sa atin at sa future pa natin mararanasan. Kaya nga dugtong ni Paul sa v. 24, “...Now hope that is seen is not hope. For who hopes for what he sees?” Yung sinasabi niya dito ay hindi kumplikado. Napakasimple ng logic. Kung inaasahan mo ang asawa mo na nasa ibang bansa na makauwi na at umuwi na nga, nasa harap mo na. Aasahan mo pa ba? Hindi na kasi nakikita mo na. Kung inaasahan natin na dumating ang

araw na magkita-kita at magkasama-sama ulit tayo as a church family, tapos next Sunday nangyari na, nandun ka na sa gathering natin sa worship service, wala na sa Zoom. Aasahan mo pa ba kung nararanasan mo na? The answer is obvious. Madali sa paliwanag, madaling intindihin, pero in real life mahirap. Mahirap mangulila sa pamilya. Mahirap dumanas ng pagkakasakit. Mahirap mamatayan ng mahal sa buhay. Mahirap tamaan ng krisis sa pinansiyal. Gusto natin matapos na agad-agad. Pero ang katiyakan nating mga Cristiano ay wala dun sa immediate relief o comfort na ineexpect natin, kundi nandun sa future glory na inaasahan natin.

Ito ang kaibahan nating mga Cristiano sa pagharap sa krisis tulad ng coronavirus pandemic. Hindi tayo umaasa sa pwede nating makita ngayon sa plano at istrategiya ng gobyerno, sa pakikiisa ng mga tao, sa pagkakadiskubre ng vaccine. Umaasa tayo sa hindi natin nakikita.

Sasabihan tayo ng mga tao na parang hibang, na parang umaasa sa wala. Pero alam nating meron. Kasi yun ang sinasabi ng Salita ng Diyos. Kasi yun ang totoo. Kasi hindi siya nagsisinungaling. Kaya kahit di natin nakikita, naniniwala tayong totoong mangyayari. Minsan nakakakaba kasi di mo pa nakikita, minsan may pagdududa. Pero merong pananabik, excitement na marealize. Wag tayong panghinaan ng loob, mga kapatid.

Kaya't hindi kami nasisiraan ng loob. Kahit na humihina ang aming katawang-lupa, patuloy namang pinalalakas ang aming espiritu araw-araw. Ang bahagya at panandaliang kapighatiang dinaranas namin ngayon ay magbubunga ng kagalakang walang hanggan at walang katulad. Kaya't ang paningin namin ay nakatuon sa mga bagay na di-nakikita, at hindi sa mga bagay na nakikita. Sapagkat panandalian lamang ang mga bagay na nakikita, ngunit walang hanggan ang mga bagay na di-nakikita.

2 Cor. 4:16-18 MBB

Ang pananampalatayang meron tayo ay may kakabit na pag-asa. “Ang pananampalataya ay katiyakan na mangyayari ang ating mga inaasahan, at paninindigan tungkol sa mga bagay na hindi nakikita” (Heb. 11:1). Kaya sinabi ni Pablo sa last verse ng text natin ngayon, **“But if we hope for what we do not see, we (eagerly) wait for it with patience” (Rom. 8:25).** Kung ang inaasahan natin ay hindi pa natin nakikita, at matagal pa nating makikita, hindi lang tayo nasasabik maghintay. Kasi kung hanggang sabik lang, maiinip ka kapag tumagal at humirap pa ang sitwasyon. Kaya

sabi niya dito, we eagerly wait for it with patience. Mas tumpak yung translation na “endurance” o perseverance (yun naman ang pagkakasalin sa Rom. 5:3, “suffering produces endurance”). So, ang paghihintay natin ay hindi lang may pananabik, meron ding pagtitiyaga. Hindi kasi ito panandalian lang, kailangan natin ng pangmatagalan, yung matibay sa paghihintay. Ito yung “steadfastness of hope” na tinutukoy ni Pablo sa 1 Thess 1:3. Ito yung tatag ng taong isinasalarawan sa Psa. 112:6-8:

Tiyak na magiging matatag ang kanyang kalagayan
at hindi siya makakalimutan magpakailanman.
Hindi siya matatakot sa masamang balita,
dahil matatag siya at buong pusong nagtitiwala sa Panginoon.
Hindi siya matatakot o maguguluhan,
dahil alam niyang sa bandang huli’y makikita niyang matatalo ang kanyang mga kalaban. (ASD).

Mangyayari lang ‘to sa atin kung sa salita ng Diyos tayo umaasa. “Panginoon, ako’y naghihintay sa inyo, at umaasa sa inyong mga salita” (Psa 130:5 ASD).

Sabik tayo sa paghihintay. Dumaraing, yes. Pero may pag-asa. Tiyak na pag-asa. Kaya hindi lang sabik ang paghihintay natin, may pagtitiyaga rin. Paano kung sabik lang, wala namang pagtitiyaga? Halimbawa, may ayuda si Mayor. Isang kilong bigas, at isang lata ng sardinas sa bawat pamilya. Pero pipila ka, at pang-500 ka sa pila, nakabilad pa sa init, di mo pa sigurado kung may matitira pa sa ‘yo. Nasabik ka nung una kasi libre. Pero nung nahirapan na, nangawit na, napagodd na, ayoko na, sa inyo na lang ‘yan! Pero Pero paano kung 100,000 pesos ang pipilahan mo? Kahit magutom ka, kahit mapuyat ka, kahit mabilad ka sa araw, sige! titiyagain ko yan! At kung alam lang natin ang buhay sa presensiya ng Diyos na nakalaan sa atin na higit pa sa anumang kayamanan at karangyaan sa mundong ito, anumang hiraap titiyagain din natin.

Hindi lamang iyan. Ikinagagalak din natin ang mga kahirapang ating tinitiiis, dahil alam nating ito’y nagbubunga ng pagtitiyaga. 4 At ang pagtitiyaga ay nagbubunga ng mabuting pagkatao, at ang mabuting pagkatao ay nagbubunga ng pag-asa. 5 At hindi tayo binibigo ng pag-asang ito sapagkat ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos na sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ipinagkaloob sa atin.

Rom 5:3-5 MBB

Conclusion

So, kung ikaw, wala kang masyadong dinaraing ngayon. Maybe kumportable ang buhay mo kahit hirap na hirap ang mga tao sa paligid mo. Look at the world around you. Tingnan mo ang daming nagdurusa, ang daming mali sa mundong ito, ang daming kailangang ayusin. And also look at yourself. Tingnan mo ang puso mo na nahuhumaling pa rin sa kasalanan, nakatali sa mga bagay sa mundong ito. Hindi ka dumaraing kasi baka dinedeny mo lang o itinatago o pinagtatakpan ang sakit na nararamdaman mo. Pero dapat mong harapin yan. Kaya siguro di ka rin nasasabik sa pagdating ni Cristo. Masyadong nakatali ang puso mo sa mga bagay na inaalok ng mundong ito. Gumising ka, kapatid. Lahat ng kinakapitan mo ngayon maliban kay Cristo ay maglalahong parang bula. Madidismaya ka rin. Sigurdao yun.

At sa ‘yo naman, kapatid, na ang daming dinaraing, hirap na hirap sa kalagayan ngayon, feeling mo wala nang pag-asa. Wag mo lang tingnan ang mga nangyayari sa paligid mo at sa buhay mo. Lalo namang wag mong titigan. Tumingala ka. Tanawin mo ang buhay na nakalaan sa ‘yo bilang isa sa mga anak ng Diyos dahil sa pakikipag-isa mo kay Cristo. Kasabikan mo ang araw na yun. Marami kang bad news maririnig araw-araw. Pakinggan mo ang good news ng salita ng Diyos para sa ‘yo araw-araw. Wag mong ilagak ang tiwala mo sa mundong ito—sa mga tao at bagay sa mundong ito. Put your hope in God. Hindi ka niya bibiguin. Promise niya ‘yan. Wala pang pumalya kahit isa man lang sa mga salitang binitawan niya. Panghawakan mo ‘yan. Higpitan mo ang hawak. Wag kang bibitaw. Dahil di ka naman niya bibitawan.

Sermon: Help in Weakness (Rom. 8:26-27)

 treasuringchristph.org/2020/07/28/help-in-weakness

Hope in Times of Suffering

Malaki ang epekto nitong coronavirus sa buhay natin ngayon. Obviously, dun sa mga nagkakasakit at pamilya nila, matinding sufferings ang pinagdadaanan nila. Pero tayo rin, dahil din sa pangamba na mahawa tayo o mahawaan natin ang iba, pinaghihinaan din tayo ng loob. Pero hindi lang ito dahil malakas tayo dati, pero nanghihina dahil sa pandemic na 'to. Tulad din ng iba pang mga sufferings nararanasan natin, isang epekto nito ay ipakita sa atin na talaga namang mahina tayo. Ayaw lang nating aminin. Gusto lang nating ipakita sa mga tao na malakas tayo, kaya natin 'to at kahit ano pang pagsubok ang dumating. Pero ang totoo, mahina tayo. Kailangan natin ng tulong.

At salamat sa Panginoon dahil sapat ang tulong na ibinibigay niya lalo na sa mga salitang pinag-aaralan natin sa Romans chapter 8. Ito yung mga salitang nagbibigay sa atin ng assurance na bilang mga anak ng Diyos (v. 16)—kung ikaw ay isa sa mga anak ng Diyos, nakay Cristo (v. 1) at pinananahanan ng Espiritu (vv. 9, 11)—kahit ano man ang mangyari ngayon, lumala man ang sitwasyon makakaasa tayo sa pangako ng Diyos na mana (v. 17), isang magandang buhay sa piling ng Diyos magpakailanman. Ito yung fullness of our adoption as children of God sa pagbabalik ni Cristo (v. 23), our being glorified with him (v. 18), the redemption of our bodies (v. 23). Oo nga't pangangalagaan natin ang katawan natin ngayon, pero may pag-asa tayo—unlike yung mga unbelievers—na magkasakit man ito, mamatay, at mabulok, balang araw ang Diyos mismo ang muling bubuhay sa atin (v. 11). Anuman ang hirap na dinaranas natin ngayon, hindi ito mapapantayan ng kaluwalhatiang naghihintay sa atin sa pagbabalik ni Cristo (v. 18). Ito ang pag-asa nating mga Cristiano.

Si Cristo at ang mga pangako ng Diyos na nakakabit sa pakikipag-isa natin kay Cristo ang Batong tinatayuan natin ngayon. Sabi ni John Piper sa *Coronavirus at si Cristo* (pp. 19-20).

Ang Batong binabanggit ko ang siyang kinatatayuan ko ngayon. Pwede ko itong sabihin dahil ang pag-asa ko para sa kabilang buhay ay pinanghahawakan ko sa ngayon. Ang sinasandalan ng pag-asa ko ay sa future pa. Ang para sa ngayon ay ang experience ko ng pag-asang ito. At ang ganitong karanasan ay mabisa't makapangyarihan.

Hope is power. Malaki ang epekto nito para sa ngayon. Ang pag-asang ito ang nagbibigay ng dahilan—sa ngayon—kung bakit marami ang hindi nagpapakamatay. Ito ang nagtutulak sa mga tao—sa ngayon—na bumangon sa umaga para magtrabaho. Ito ang nagbibigay-kahulugan sa pang-araw-araw na buhay—sa ngayon—kahit naka-lockdown, naka-quarantine, at nakapirmi sa bahay. Pag-asa ang nagpapalaya—sa ngayon—mula sa selfishness na nakikita sa takot at kasakiman. Ito rin ang nagbibigay ng lakas ng loob sa atin—sa ngayon—para magmahal, magsakripisyo at gawin ang dapat gawin anuman ang kahinatnan.

So, 'wag mong basta-basta mamaliitin ang pagpapahalaga't paghahanda para sa kabilang buhay. Pwede naman kasing kung anong ganda at tibay ng inaasahan mo sa kabilang buhay, ay siya ring tamis at pakinabang ang mararanasan mo sa buhay mo ngayon.

Ito rin naman ang huling talata na pinag-aralan natin sa Romans 8, “Now hope that is seen is not hope. For who hopes for what he sees? But if we hope for what we do not see, we wait for it with patience” (vv. 24-25). Ang pag-asa natin sa future na inilatag sa atin ng Diyos ay ang sustaining power na ginagamit ng Diyos para harapin natin ang lahat ng “sufferings of this present time” (v. 18). Pero bukod dun, meron pa! At ito ay ang Espiritu na nasa atin na. This present ministry of the Spirit in our lives ay siya ring sustaining power na kailangan natin to face our sufferings with hope. Itong ministry of the Spirit sa ating mga believers ay hindi bagong tema dito sa kasunod nating pag-aaralan ngayon savv. 26-27, pero karagdagang katuruan para palakasin tayo sa gitna ng nakapanghihinang mga sufferings sa buhay.

Kaya dugtong ni Pablo, “Likewise the Spirit helps us in our weakness. For we do not know what to pray for as we ought, but the Spirit himself intercedes for us with groanings too deep for words. And he who searches hearts knows what is the mind of the Spirit, because the Spirit intercedes for the saints according to the will of God.” My translation: “Gayundin naman, tinutulungan tayo ng Espiritu sa ating kahinaan sapagkat hindi natin alam kung paano manalangin nang nararapat, ngunit ang Espiritu ang namamagitan para sa atin sa pamamagitan ng mga daing na hindi natin

kayang sabihin. 27 At siyang sumisiyasat sa ating mga puso ang siyang nakakaalam kung ano ang naisin ng Espiritu, sapagkat ang Espiritu ay namamagitan para sa mga pinabanal (saints) ayon sa kalooban ng Diyos.”

The Spirit Helps Us in Our Weakness

Paunang salita pa lang sa verses na ‘to, napakalaking encouragement na sa atin sa mga pinagdaraan natin ngayon. “Likewise the Spirit helps us in our weakness.” Mahirap maghintay lalo na’t kung matatagalan pa ang hinihintay nating future glory, lalo na kung mas magiging malala pa ang sitwasyon natin ngayon. Pero dito sa verse na ‘to, ipinapaalala sa atin na hindi mauubos ang tulong na galing sa Diyos. Hindi kailangang mangutang ng pamahalaan ng Diyos para ipondo sa ayuda na kailangan natin. There is enough help available for every Christian. Kahit gaano tayo karami, kahit gabundok ang mga problema natin, sapat at umaapaw ang tulong na galing sa Diyos.

We need help. But this help is not available for those who won’t admit that they need help. Tinatanggal ng pandemyang ito ang natitira pang yabang at self-sufficiency sa puso natin. Nasasayo na yun kung hanggang ngayon magmamatigas ka pa rin. At bakit naman kailangan natin ng tulong? “The Spirit helps us *in our weakness*.” Kasi mahina tayo. Kahit meron tayong kahinaan. Yung salitang pinanggalingan ng “weakness” o “kahinaan” ay translated din in other places na “illness” o kaya ay “infirmities.” Totoo ngang kasama dito yung mga sakit na nararamdaman natin sa katawan natin, pero hindi lang yun ang gusto niyang tukuyin dito. Sa Rom. 6:19, ang translation nito ay “human limitations.” Ito ay tumutukoy sa kahinaan na natural sa tao. Ito yung kahinaan na epekto na rin ng pagkakahulog ng tao sa kasalanan. Pero don’t equate “weakness” with “sinfulness.” Hindi kasalanan ang tinutukoy niya dito na kailangan nating patayin o mapagtagumpayan tulad ng sa 8:13. At ang kahinaang ito ay maaaring mauwi sa kasalanan kung sa sariling diskarte natin gagawan ng paraan at hindi natin sa Diyos ipagkakatiwala. So, kung di tayo hihingi ng tulong sa Diyos, maaaring maging dahilan ng pagbagsak natin ang kahinaang ito.

Hindi niya tinutukoy dito ang isang specific na kahinaan, hindi niya sinabing “our weaknesses,” but “our weakness,” referring to our human weakness in general. Hindi lang ito para sa mga ilang mga weak and immature Christians, kundi karanasan ito ng lahat, even the most mature and spiritual. Kaya sabi ni Paul, “The Spirit helps *us* in *our* weakness.” Hindi, “The Spirit helps *you* in *your* weakness.” Kasali ako dun, sabi ni Pablo. Maging si Pablo inamin ang kahinaan niya (see 1 Cor. 2:3; 2 Cor. 11:30; 12:5, 9, 10; Gal. 4:13). And even the Lord Jesus as our high priest who can sympathize with our weakness (2 Cor. 13:4; Heb. 4:15; 5:2). Kaya kailangan natin ng tulong ng Panginoon, at available yung tulong na yun. Dahil kung hindi, dahil sa kahinaan natin, patuloy nating pagdududahan yung “no condemnation” status natin sa oras na bumagsak tayo sa tukso, patuloy na susubukan nating labanan ang kasalanan sa sariling lakas natin, patuloy tayong matatakot, pagdududahan ang status natin as children of God, mapapagod at aayaw na sa tagal ng paghihintay at pagdaing natin dahil sa dami ng sufferings natin sa buhay.

Karaniwan kapag ganito ang nangyari, we try to excuse ourselves, to justify our responses, “Tao lang kasi. Mahina.” Totoo naman, but we must not make our weakness an excuse para manatiling nakasubsob sa mga problema! Sa halip, maging dahilan ito para tumingala tayo at humingi ng tulong sa Diyos.

Tumitingin ako sa mga bundok;
saan kaya nanggagaling ang aking saklolo?
Ang tulong para sa akin ay nanggagaling sa Panginoon,
na gumawa ng langit at ng lupa.
(Salmo 121:1-2 ASD)

Ang tulong na kailangan natin ay nanggagaling sa Panginoon na gumawa ng langit at lupa. Kung langit at lupa may kapangyarihan siyang gawin, paano pa ang tulong na kailangan mo sa araw-araw? The Lord’s creative power will also be your sustaining power in times of sufferings. Ang Diyos–Diyos Ama, Diyos Anak, Diyos Espiritu–tatlong persona ay tulung-tulong na ibigay ang tulong na kailangan natin.

At dito sa v. 26, binibigyang-diin ni Pablo ang tulong na galing sa Espiritu. Alam na naman natin dapat yun kasi sinabi na niya sa mga naunang verses

na namumuhay tayo ayon sa patnubay ng Espiritu (vv. 4-5, v. 14). Nananahan siya sa puso natin hindi para tumambay kundi para tulungan tayo (v. 9). Kung siya ang bubuhay sa atin sa muling pagbabalik ni Cristo (v. 11), paano namang hindi niya tayo tutulungan sa buhay natin ngayon? Siya ang tumutulong para labanan natin ang kasalanan (v. 13). Siya ang tumutulong para magkaroon tayo ng katiyakan na tayo nga ay mga anak ng Diyos, para makatawag tayo sa Diyos ng “Abba! Father!” (vv. 15-16). Tinutulungan tayo ng Espiritu. Not just sa mga critical moments of our lives, hindi lang pag may 911 emergency, kundi araw-araw, moment by moment ang tulong na ibinibigay niya sa atin. He *helps* us, present help for our present sufferings.

Nang umalis si Jesus, hindi niya iniwan sa ere ang mga disciples niya. Ipinadala niya ang Holy Spirit to be another Helper (though a different word in Greek) tulad niya (John 14:16, 26; 15:26). At kapag sinabing “help” dito sa text natin, merong aid or support ang binibigay niya para maibsan yung bigat ng burden na dala-dala natin. Hindi common yung word na ginamit niya dito (Gk. *synantilambánomai*), dalawang beses lang ito ginamit sa New Testament at yung isa ay sa Luke 10:40 nang sabihin ni Martha kay Jesus na sabihin ang kapatid niyang si Mary na “tulungan” siya sa mga inaasikaso niya sa kusina. Mabigat na, hindi niya kaya mag-isa, kailangan ng katulong. Para pagtulungang buhatin ang mabigat na pasanin.

Hindi ibig sabihing Diyos na ang bubuhat lahat, na siya na ang gagawa lahat. Hindi ito “let go and let God.” “Lord, hindi ko na kaya, ikaw na ang bahala diyan.” Though it sounds an act of great faith, but the Spirit helps does not negate our acting. His help is alongside us, sasamahan niya tayo, bibigyan niya tayo ng lakas para gawin yung mga dapat nating gawin na hindi natin magagawa sa sarili lang natin dahil sa taglay nating kahinaan.

Oo nga’t mahalaga ang tulong ng mga kapatid natin sa Panginoon, kaya humihingi tayo ng tulong sa iba sa mga panahong may problema tayo o meron tayong tukso na kinakaharap. Pero ultimately, all human help will fail kung wala rin naman ang tulong ng Espiritu. So take heart, kapatid, lalo na kung bigat na bigat ka na at inip na inip na. Ang tulong na kailangan mo hindi malayo pa at maglalakbay pa para makarating sa ‘yo. The help you

need—the Holy Spirit—is already inside of you. Ang tulong na kailangan mo ay hindi matagal pa at kailangan mo pang maghintay ng ilang taon. Matagal na siyang dumating simula pa nang sumampalataya ka kay Cristo. Ang tulong na kailangan mo ay hindi mo kailangang pagdudahan kung kakayanin niyang tulungan ka. Siya nga ang bumubuhay sa mga patay!

Don't underestimate the help available for you, fellow Christian. This is wonderful news. Pero siyempre kailangan mo munang aminin na mahina ka. Kung patuloy ka sa pagyayabang—Kaya ko 'to!—you will not find the help you need. Cry out to God, "Help me." Sasabihin ni Lord, "Tutulungan kita. Lagi naman." But don't expect him to remove your weakness. Anuman 'yan — maaaring sa pagpapastor, o pagpapalaki sa mga anak mo, o something about your personality. Tulad ni Pablo, nagpray siya na tanggalin yung "thorn in the flesh." Pero sabi ni Lord, No! Hindi ko tatanggalin ang kahinaan mo. Pero sapat ang biyaya ko para sa 'yo. My power is made perfect in weakness. My grace is sufficient for you (2 Cor 12:9). Sa oras nararamdaman mo ang matinding kahinaan mo, mararanasan mo ang lakas ng kapangyarihan ni Cristo.

Our Weakness in Prayer

Pagkatapos na mahabang talakayin natin ang tungkol sa kahinaan natin in general, nagbigay naman si Pablo ng isang specific example ng kahinaan natin at specific na tulong na ibinibigay ng Holy Spirit. Verse 26 pa rin tayo! "For we do not know what to pray for as we ought..." Dito, binabanggit ni Pablo ang isang kahinaan natin pagdating sa prayer life natin. Bakit sa dami ng pwedeng talakayin, bakit prayer life ang tinumbok ni Pablo? Kasi yun ang karaniwang tinatamaan kapag may mga sufferings tayo. Alam natin kailangan natin lalo na magpray. But do we? Alam natin na yung relasyon natin sa Diyos bilang mga anak niya ang pinakamahalaga, at isang expression nito ay ang pakikipag-usap natin sa kanya in prayer. Pero yun ba talaga ang ipinapakita nating pinakamahalaga sa atin during this time o nagiging mas mahalaga pa ang 3,458 friends mo sa Facebook kesa sa pag-awit ng "What a Friend We Have in Jesus":

What a friend we have in Jesus
All our sins and griefs to bear
And what a privilege to carry
Everything to God in prayer

Oh, what peace we often forfeit
Oh, what needless pain we bear
All because we do not carry
Everything to God in prayer

Have we trials and temptations?
Is there trouble anywhere?
We should never be discouraged
Take it to the Lord in prayer

Can we find a friend so faithful
Who will all our sorrows share?
Jesus knows our every weakness
Take it to the Lord in prayer

Kung tayo ay anak ng Diyos, at ang Diyos ang ating Ama, hindi ba't natural at simple at madali para sa isang bata na umiyak, humingi ng tulong at makipag-usap sa daddy niya. Hindi naman siya stranger. Hindi naman siya VIP na wala tayong access. But we have to admit, even for us na matagal nang Christians, we still struggle sa prayer. It seems like beginners tayo palagi sa prayer. Nangangapa, nag-aadjust, sobrang basic sa Christian life, yet we find it so hard many times. Especially in times of suffering. Kung Christian ka, meron kang desire to pray. At alam naman natin na dapat tayong magpray. May mga times na mali talaga yung hinihiling natin kay Lord (tulad ng mga disciples sa Matt 20:22). Itinuro din naman ng Panginoon kung ano ang mga dapat nating ipagpray. Alam natin, pero yung alam natin hiram tayo to put into practice. Minsan mali naman talaga yung hangarin ng puso natin (tulad ng James 4:3). Pero maraming beses okay naman yung desires natin, at kahit nandun yung desire to pray, nandun yung frustrations na ang hiram magsalita, di mo alam kung ano ang dapat sabihin. Mas madali kung prayer in public. Pero yung mag-isa lang tayo, minsan nangangapa na tayo kung ano ang sasabihin kay Lord tungkol sa pandemic ngayon, o sa gobyerno natin, o sa member natin na maysakit, o sa

sarili mong problema at iniinyak kay Lord. We find it hard to say the words in prayer. “Our needs go far beyond the power of our speech to express them” (Knox, cited in Morris, 327).

When we face these frustrations, yung iba ang tendency wag na lang magpray. Ayoko na. Akala ko madali lang kasi nakaattend ako ng seminar “how to rejuvenate your prayer life” pero ang hirap pa rin. Pwede namang humingi ng tulong kay Lord, yun nga ang ibig sabihin ng pray. Maybe ang prayer mo dapat ngayon, “Lord, tulungan mo akong magpray. Nahihirapan ako.”

The Spirit’s Help in Prayer

O kahit di mo man masabi ‘yan, merong tulong na ibinibigay sa atin ang Espiritu. Ang tulong na kailangan natin ay hindi yung prayer list na ibibigay ni pastor, kundi yung tulong na galing sa Espiritu. Kaya emphasis ni Paul sa susunod nating titingnan, “The Spirit himself...” Siya mismo ang tutulong sa atin, hindi ipapaubaya ang tulong sa iba, hindi magpapadala lang ng representative niya. Siya mismo! Ituloy natin yung v. 26 hanggang v. 27, at tingnan natin kung ano ang specific na tulong na ibinibigay sa atin ng Espiritu na magbibigay encouragement sa atin sa mga times na we feel very frustrated sa prayer life natin: “...but the Spirit himself intercedes for us with groanings too deep for words. And he who searches hearts knows what is the mind of the Spirit, because the Spirit intercedes for the saints according to the will of God.”

I will try to answer three questions from this passage. Una, para kanino ang tulong na ‘to? Ikalawa, paano tayo tinutulungan ng Espiritu? Ikatlo, bakit epektibo ang pagtulong na ito ng Espiritu?

Una, **para kanino ang tulong na ‘to?** The Spirit himself intercedes *for us...*” (v. 26). Para sa ating mga Cristiano. Specific para sa atin, hindi para sa lahat ng tao. Malinaw yun sa v. 27, “The Spirit intercedes *for the saints...*” Lahat ng Christians ang tinutukoy diyan. Hindi yung mga na-canonized lang dahil sa exemplary Christian living nila, kundi lahat ng struggling and suffering saints. Kung nasayo ang Holy Spirit, kung ikaw ay nakay Cristo, you are a saint. Ibinukod ng Diyos. Pinabanal at pinababanal ng Diyos. Sabi

ni Martyn Lloyd-Jones, yung mga pagdaing natin sa kahirapan ay ginagamit ng diyablo na ebidensiya para akusahan tayo o kaya'y tuksuhin tayo na pagdudahan ang katotohanan ng pagiging anak natin ng Diyos. Pero dito binabaligtad ni Pablo yun at sa halip ay ginagamit niyang ebidensiya yung mga daing natin, yung struggles natin sa prayer na tayo nga ay tunay na anak ng Diyos!

No one else sighs in this way, no one else knows anything about this groaning. And the Spirit produces the groaning in the saints alone, in those who are children of God. The groanings, therefore, are a guarantee as well as an absolute proof of your final, ultimate, complete salvation... So far from being depressed and discouraged by your wordless groanings, lift up your head, it is an absolute proof that you are a child of God.

Kung anak ka, tutulungan ka.

Ikalawa, **paano tayo tinutulungan ng Espiritu sa prayer life natin?** He is praying for us. Tulad din ni Jesus na intercessor natin sa langit (Heb. 7:25) na nakaupo sa kanang kamay ng trono ng Diyos—that is why we pray in Jesus' name—ang Espiritu naman ay intercessor natin dito sa lupa at siyang nasa nakaupo sa trono ng puso natin (CSB Study Bible). He “intercedes for us...intercedes for the saints.” Sa Tagalog, “namamagitan.” Pero sa Greek, magkaibang salita ang ginamit dito. Yung unang “intercede” ay may diin sa role ng Spirit na siyang kumakatawan o nagrerepresent sa atin. Kumbaga parang yung may problema tayo, o may sinampang kaso sa atin, pero siya yung “attorney” na tutulong at dedepensa sa atin sa pagharap sa korte. We don't have to face the judge ourselves. Siya ang bahala sa atin.

Yung ikalawang “intercede” naman ay siyang humihiling para sa atin, parang padrino, you need someone higher in status o malapit dun sa isang VIP na hihingan mo ng tulong. Mahina tayo, pero merong sapat na tulong para sa atin, lalo na sa prayer life natin. Ang Espiritu at tayo ay hindi equal partners in this labor, na tulad nina Martha at Maria na same status lang. O tulad ng dalawang business partners na merong equal amount of investment, o tulad ng dalawang teammates sa badminton. Mahina tayo, makapangyarihan siya. Meron tayong mga limitasyon, marami, wala siyang limitasyon. Makasalanan tayo, siya ay banal. Tao tayo, siya ay Diyos.

Followup question dito sa ikalawang tanong, paano niya tayo tinutulungan magpray? "...with groanings too deep for words." May mga panahon na wala talaga tayong masabi. And even yung nararamdaman natin we cannot express into words. Groaning na lang, pagdaing, tulad din ng groaning ng creation (v. 22) at yung "groaning inwardly" natin (v. 23), may mga ganitong daing tayo sa prayer at sinasabi dito ni Pablo na, take heart, galing din ito sa Espiritu. Kahit di natin ma-express, "too deep for words," yung Greek diyan dito lang makikita sa New Testament, ang Holy Spirit na ang bahala diyan na dalhin sa Panginoon at i-express sa Panginoon.

Yung iba naman sasabihin pa na itong "groaning too deep for words" na gawa ng Espiritu sa atin ay tumutukoy sa "speaking in tongues," yun bang sobrang emotional na sa prayer kaya ganun. Ang "speaking in tongues" may salitang lumalabas, eto wala; ang speaking in tongues spiritual gift sa ilang mga Christians hindi sa lahat, eto para sa lahat ng Christians. Ang speaking in tongues a form of praise, dito ang tinutukoy ni Pablo ay intercession (Morris, *Romans*, 328). At kung speaking in tongues ang tinutukoy dun, how can that encourage us in times of suffering at sa mga difficulties natin sa prayer?

Pero ang sinasabi ni Pablo dito ay encouragement sa atin. Na hindi tayo dapat mag-alala na baka di tayo pakinggan ni Lord kasi di natin nasabi nang maayos yung prayer natin. Reminder ito sa atin na biblical praying is not about saying the right words na para bang merong magic formula o incantation para mapakilos natin ang Diyos. Prayer is about the Spirit bringing our heart's desires kahit yung mga unspoken words papunta sa Diyos, at kapag ginawa niya yun tiyak na sasagutin ng Panginoon.

Bakit? Yun ang huling tanong, **bakit epektibo ang pagtulong na ito ng Espiritu?** Dahil ito sa unbreakable unity at deep intimacy na meron ang relasyon ng Holy Spirit sa Diyos. Ang prayer kasi hindi nakadepende sa kalidad ng relasyon natin sa Diyos, although indicative ito ng klase ng relasyon natin sa Diyos. Pero buti na lang success in prayer is not dependent sa human achievement natin. This is encouraging, and also humbling. Wala

tayong maipagmamalaki sa Panginoon. And it is ironic na prayer life pa natin ang ipagmamalaki natin kasi by definition, prayer is about humbly relying on God's help and provision for our needs.

“And he who searches hearts knows what is the mind of the Spirit” (v. 27). Hindi binanggit kung sino itong “he who searches hearts” pero wala namang iba ‘yan maliban sa Diyos (Ps 7:9; Prov 17:3; Acts 1:24; 1 Thess 2:4; Jer 17:10). So kung alam ng Diyos ang lahat ng nasa puso natin? Sabi ni Martyn Lloyd-Jones, “So words are not always necessary. When you are dealing with God you can, if necessary, do without words, because God knows our hearts. So when we are in such trouble that we cannot find words, and cannot express our feelings except in wordless groanings, God knows exactly what is happening. He knows all about our feelings, all about our desires. I know of nothing which gives greater comfort and consolation than this realization.”

At dahil ang Espiritu niya mismo ang nasa atin, he “knows what is the mind of the Spirit.” Hindi lang ito intellectual knowledge, but about deep intimacy within the Trinity (1 Cor. 2:10-11). Sa lalim ng pagkakilala mo sa asawa mo, tingin pa lang niya, alam mo na ang gustong sabihin! Words are not necessary. Lalo naman sa Diyos Ama at Diyos Espiritu. Alam ng Ama ang nais ng Espiritu. Alam din ng Espiritu ang kalooban ng Ama. Kaya ang panalangin niya para sa atin ay palaging “according to the will of God” (literally, “according to God”). May kumpiyansa tayo na sasagutin ng Diyos lahat ng prayers natin yun ay kung prayer yun according to the will of God (1 John 5:14). At minsan nag-aalinlangan tayo na manalangin kasi baka hindi naman yun ang kalooban ng Panginoon. So yung Holy Spirit ang nagtuturo sa atin ng Salita niya, para matuto tayo to pray in ways na ayon sa kalooban niya at layunin niya.

Pero dito, sinasabi ni Pablo na kahit sa mga panahon na di natin masabi kung ano ang dapat sabihin sa Panginoon, we have the Holy Spirit bringing the deepest desires of our heart to the Father at ang hinihiling niya para sa atin ay laging ayon sa kalooban ng Diyos. Meron tayong mga ipagpepray na maaaring makasama sa atin, pero ang prayer ng Spirit for us ay laging kung

ano ang makakabuti para sa atin—dahil yun naman ang layunin ng Diyos para sa bawat isa sa kanyang mga anak (pero sa Romans 8:28 na natin pag-aaralan ‘yan sa susunod).

But for now, I hope and pray na anumang dissatisfaction meron ka dahil sa mga nangyayari sa buhay mo, o sa prayer life mo, be encouraged na meron kang powerful intercessor at palaging nananalangin para sa ‘yo ayon sa kalooban ng Diyos (Morris, 329). The Father will not say “No” sa prayer ng Holy Spirit for you. So?

Manalangin kayo sa lahat ng oras sa tulong ng Banal na Espiritu. Ipanalangin n’yo ang lahat ng dapat ipanalangin. Huwag kayong magpabaya; patuloy kayong manalangin lalo na para sa lahat ng mga pinabanal.

Efeso 6:18 MBB

Sermon: All Things for Good (Rom. 8:28)

 treasuringchristph.org/2020/08/03/all-things-for-good

Uncertainties

Life is full of uncertainties. Marami tayong hindi alam sa mga nangyayari ngayon. Pati yung mga alam natin hindi natin lubos na nauunawaan. Marami rin tayong mga inaasahang mangyari, kaso nakakapagod din na wala ka namang magawa para mangyari yung mga inaasahan mo. Nakakainip din. Alam naman nating may plano ang Diyos sa lahat ng nangyayaring ito, pero gusto na nating makita kung ano yun.

We are getting ready na sana for physical gathering ngayong Sunday. Kasi last Friday, naibalik tayo sa GCQ, na hanggang 10% lang ang allowed sa mass gathering. At kung matuloy man yung physical gathering natin, marami rin sa members natin hindi makakadalo. Tapos meron ding mga mixed feelings about it. Excited siyempre, tapos mabalitaan mong nagkaroon ng 25 new cases ng Covid-19 as a result of a church gathering sa Bataan.

Oh how much we really need the Word of God sa mga panahon ngayon! Lalo na yung Romans 8! Lalo na yung text natin ngayon – Romans 8:28, “And we know that for those who love God all things work together for good, for those who are called according to his purpose.” This single verse is so staggering na hindi lang natin dapat kabisaduhin kundi talagang ibaon nang malalim sa puso natin para magsilbing isang malaki at matibay na bato na magbibigay ng katiyakan, kapanatagan, at kapayapaan sa buhay natin na puno ng kahirapan at kaguluhan. Pero para mangyari yun, kailangang maunawaan nating mabuti kung ano ang itinuturo nito.

Misinterpretations and Misapplications

Pero bago natin tingnan kung ano ang ibig sabihin niyan at paano natin siya ilalapat sa buhay, tingnan muna natin yung ilang mga ilan sa maling paraan kung paano ito naiinterpret at naiaaply. Wrong interpretation leads to wrong application. Kaya mahalagang pag-aralang mabuti. Isang verse lang tayo ngayon, dahil sobrang importante nito. Saka sobrang popular at misused din ng ibang mga Christians. Nagpost ako sa Facebook about this, ilan ito sa

sinabi ng mga nagcomment na mga common misinterpretations at misapplications ng verse na ‘to:

- Eyriche: “There are those who think that only good things will happen to them based on this verse.” Pero hindi sinabing good things lang ang mangyayari sa atin. “All things” sabi ni Paul, kasama dun yung sufferings na tema niya simula pa sa v. 17.
- Rico: “May narinig ako dati, ginamit po ito para sabihin sa mga taong kapag nagtayo sila ng negosyo, dahil nasa Panginoon sila all things work together for good magtiwala daw po..not connecting it sa future hope natin sa Panginoon na sinasabi ng talata.” Ito yung short-sighted view ng text na ‘to.
- Allan: “Ipinapaliwanag ang verses po na ito apart from verse 29.” Kumbaga, out of context. Kaya namamali ang definition ng “good.” Sinabi ni Neil na ganito rin daw ang nangyayari kaya naaabuso ang pagkakagamit ng Jeremiah 29:11.
- Gilbert: “...kapag nagkamali sa ‘starting point’ na tiningnan... kapag tiningnan natin na wala sa picture ang Diyos...” Malaking problema talaga kung hindi nakasentro sa Diyos ang interpretation.
- Ganun din sabi ni Aris: “We fail to see what the is meaning of good and how will it apply to us.” So, crucial talaga maintindihan natin kung ano yung “good.”
- At kung maintindihan na natin, dapat maingat din tayo how to apply this. Sabi ni Jodi, “It can also be unintentionally used to brush off or belittle the difficulties and struggles that a Christian is going through.” Halimbawa, “Wag kang mag-alala, sis. Okay lang ‘yan. Makakabuti ‘yan sa ‘yo.” We can use this verse in insensitive ways.

Context and Author’s Intent

Napakaganda naman talaga ng Romans 8:28, at sayang if you will miss the point. Kaya mahalaga ang konteksto (kasama ng teksto). Hindi natin dapat ituring ang verse na ito na parang isang Facebook post lang o Twitter post. Don’t disconnect v. 28 sa mga naunang talata, at sa mga sumunod. Buti na lang napag-aralan na natin ang vv. 1-27, so malaking bagay yun. Nagsimula ang v. 28 sa word na “And...”, ibig sabihin kadugtong ‘yan, hindi

nakahiwalay. Yung v. 29, nagsimula sa “For...”, ibig sabihin nakasuporta ito sa v. 28. So let’s read v. 28 with vv. 29-30. And we know that for those who love God all things work together for good, for those who are called according to his purpose. For those whom he foreknew he also predestined to be conformed to the image of his Son, in order that he might be the firstborn among many brothers. And those whom he predestined he also called, and those whom he called he also justified, and those whom he justified he also glorified (ESV).

Sa ASD, “Alam natin na sa lahat ng bagay, gumagawa ang Dios para sa ikabubuti ng mga umiibig sa kanya, na kanyang tinawag ayon sa kanyang layunin.” Sa MBB, “Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa mabuti kasama ang mga nagmamahal sa kanya, silang mga tinawag ayon sa kanyang layunin.” Sa Ang Bibliya (2001), “At alam nating ang Diyos ay gumagawa ng lahat ng bagay para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa kanya, sa kanilang mga tinawag ayon sa kanyang layunin.” My translation: “At alam nating para sa mga nagmamahal sa Diyos ay gumagawa siya para ang lahat ng bagay ay maging para sa ikabubuti, para sa mga tinawag ayon sa kanyang layunin.”

Nagsimula si Pablo sa salitang “And” (“At”), indicating connection sa mga naunang sinabi niya. Ano ang koneksiyon? Kung direkta itong nakakabit sa vv. 26-27 — kung saan napag-aralan natin ang ministry ng Holy Spirit na tulungan tayo sa kahinaan natin, particularly yung struggle natin sa prayer — so isa pang karagdagang ministry o tulong ng Holy Spirit sa atin ay tiyaking lahat ng bagay sa buhay natin ay maging para sa ikabubuti natin. Possible.

Pero sa tingin ko ay transition ito sa susunod na bahagi o section ng argumento o paliwanag ni Pablo para magbigay ng additional assurance sa atin sa gitna ng mga kahirapang dinaranas natin. Particularly yung vv. 17-18. Sa v. 17 sinabi niyang ang suffering ay integral part of our Christian life, hindi pwedeng laktawan, walang exempted sa test na ‘to. “...provided we suffer with him, in order that we may also be glorified with him.” So dito sa v. 28, makikita natin yung connection ng present suffering and future glory natin, na hindi lang ito sequence in time, but our sufferings are actually

contributing in some way sa future glory na yun. At sa v. 18 sinabi niya na “the sufferings of this present time cannot be compared with the glory that is to be revealed to us.” So dito sa v. 28 magiging malinaw na hindi lang parang insignificant ang sufferings compared to our future glory. Actually, they were instrumental, ginagamit ng Diyos for that end.

So kung nakikita natin yung koneksyon na yun, mababago ang outlook natin sa pagtingin sa mga sufferings. Na hindi lang ito isang bagay na dapat pagtiisan at lilipas din ito. Hindi ito meaningless. But actually meaningful, and even instrumental in bringing to pass the purposes of God for his children. Mababago rin nito ang pagtingin natin sa Diyos dahil pinapakita nito ang puso ng ating Ama na binibigyan tayo ng more and more reasons to be assured. Kasi ito ang kailangan natin for our doubting, fickle, and impatient heart. And God is gracious to give us that. Paul purpose here is “in order to provide us with a full assurance, an absolute certainty of our ultimate, final, complete salvation and deliverance from everything that sin has ever done to us” (MLJ, Romans 8B, ch. 13). Napakabuti ng Diyos for giving us this word. Alam na natin ‘to.

Theology and Amnesia

And we know... So itong message ng v. 28 ay hindi bagong kaalaman na itinuturo ni Pablo. Alam ito ni Pablo, alam din ito ng mga Christians sa Rome. Alam din natin ito. Ginamit niya rin ang salitang ito sa v. 22, at doon ay sinabi niyang alam natin ang pagdaing ng sangnilikha ng Diyos. We have that knowledge base sa naoobserbahan natin sa nangyayari sa paligid natin. At sa v. 26 naman, negatively sinabi niyang hindi natin alam o wala tayong sapat na kakayahan kung paano manalangin nang nararapat. Sa v. 27 para tukuyin na ang Diyos ang may alam ng iniisip ng Espiritu, meron siyang intimate at experiential knowledge of the mind of the Spirit. Dito naman sa v. 28, alam natin na lahat ng bagay ay gagamitin ng Diyos para sa ikabubuti natin.

Paano natin nalaman? Siyempre itinuturo ng Salita ng Diyos, ipinapaunawa ng Banal na Espiritu na nasa atin. Kaya mahalaga ang theology. Right theology is important to give us rock-solid assurances in times of suffering. Even before reading v. 28, they already knew this truth. Kung alam natin at

nasa puso natin ang message of the gospel of salvation, then we have this assurance. Na kung ano ang sinimulang gawang mabuti ng Diyos sa buhay natin ay tatapusin niya, at walang anumang pangyayari sa buhay natin ang makahahadlang dun (Phil. 1:6). Alam natin, pero nahihirapan tayong ipaliwanag kung paano mangyayari yun. At kung maunawaan man natin, hirap tayong tanggapin. At nakakalimutan din natin. So dito, pinapaalala sa atin ni Pablo kung ano ang alam na natin.

Marami tayong hindi alam sa mga nangyayari ngayon, o sa mangyayari bukas. Kaya napapraning tayo, nababahala, nag-aalala masyado. Pero marami man tayong hindi alam, kung alam natin itong isang verse na ‘to, sapat ito para lagyan ng bakal ang puso nating gegewang-gewang dahil sa mga nangyayari ngayon.

For Christians Exclusively

Pero itong alam natin, dapat malaman din natin kung para ba kanino ‘to. Kasi kung nakatanggap ka ng message at sinasabi na tagapagmana ka ng isang bilyonaryo, dapat tiyakin mo muna kung ikaw ba talaga ang recipient nun, o baka wrong send. Kasi itong “all things work together for good” gusto rin naman ng mga non-Christians. And for the mean time, nakapagbibigay naman ng comfort and encouragement sa kanila. “Wag tayong mag-alala. Matatapos din ito. Magiging maayos din ang lahat.” They can think positively about the negative things na nangyayari ngayon, pero sa bandang huli, they cannot claim this assurance as their own. Bakit?

Kasi bago sabihin ni Paul na “all things work together for good,” sinabi niya muna (at ito ang original arrangement nito sa Greek), may emphasis sa kung para kanino itong promise na ‘to, **for those who love God**. At para maging malinaw kung sino ang mga ito, sinabi niya pagkatapos ng “all things work together for good,” so nakasandwich ang promise sa statement kung sino ang recipients nito, **for those who are called according to his purpose**. Malinaw na ito ay para lamang sa mga tunay na Cristiano. And Paul wants to make that clear. If you are not a Christian, you may claim this pero false assurance lang yun. Only true Christians can have this

assurance. Yun naman ang tinutukoy niya sa buong Romans 8, yung mga nakay Cristo (v. 1), yung kabilang kay Cristo at pinananahanan ng Espiritu (v. 9), yung mga anak ng Diyos (v. 14).

Ang mga non-Christians, those who are “in the flesh”, they are “hostile to God” and “cannot please God” (vv. 7-8). So, hindi sila nagmamahal sa Diyos, kundi lumalaban sa Diyos. They may appear religious and God-lovers, pero deep inside nagrerebelde sila sa Diyos. Only true Christians “love God.” Totoong nagmamahal sa Diyos. Oo, hindi perpekto ang pagmamahal natin sa Diyos. At minsan ang puso natin ay hati sa pagmamahal sa Diyos at sa mundong ito. Pero binigyan na tayo ng bagong puso para mahalin ang Diyos nang higit sa lahat. Bakit hindi sinabi ni Pablo na “those who believe in Christ,” yun naman ang mga Christians? Kasi gusto niyang bigyang diin na itong pananampalataya kay Cristo ay merong bunga ng pagmamahal sa Diyos – “faith working through love” (Gal. 5:6). Pwede mong sabihing you believe in Christ at sabihing para din sa ‘yo ang pangakong ito, pero meron bang ebidensiya? Meron bang bunga? Do you truly love God? If yes, kahit pa hindi pa ‘yan malalim o mainit at paandap-andap pa minsan, but you really love God, this promise is for you!

At para naman wag nating isipin na dahil nagmamahal tayo sa Diyos ay mas nakaaangat tayo sa iba, and feel proud about ourselves, sinabi ni Pablo kung paanong tayo ay naging mga anak ng Diyos na nagmamahal sa kanya at ang kapitbahay natin ay hindi. We are “those who are called according to his purpose.” Sa pag-aaral natin ng vv. 29-30 sa susunod pag-uusapan nating maigi kung ano yung “purpose” ng Diyos na tinutukoy diyan. Pero ngayon dapat makita natin na ang promise ni God ay para sa mga tinawag niya. Kung ito ay tumutukoy sa mga tunay na Cristiano, itong “tinawag” dito ay hindi tumutukoy sa lahat ng nakarinig ng gospel invitation, kasi hindi naman lahat nagrespond positively by faith. Totoong “many are called, but few are chosen” (Matt. 22:14), pero hindi ito yung “called” na tinutukoy dito sa Romans 8:28. Hetong mga “chosen” ones, yung mga nakarinig ng gospel invitation (external call), binago ng Espiritu ang puso para tumugon nang may pananampalataya kay Cristo (internal call). (See also Rom. 9:24; 1 Cor. 1:9; Gal. 1:15; 2 Tim. 1:9).

Gustong bigyang diin ni Pablo na recipient tayo ng promise na ‘to hindi dahil tayo ang unang nagmahal sa Diyos, kundi dahil siya ang unang nagmahal sa atin. Hindi dahil tayo ang unang tumawag sa Diyos, kundi siya ang tumawag sa atin. We are recipients of this promise not because we deserve it (we don’t!) and we are better than others (we are not!), but only because of the grace of God.

So dapat maging maingat ka na sabihin ito sa isang non-Christian na going through tough times like sickness or marriage problem. Kasi kung non-Christian siya, hindi mo pwedeng sabihing “all things work together for good.” So if you are not a Christian, hindi ito para sa ‘yo. Does it mean na hindi ito mapapasayo? If you are listening to this, paanyaya ito ng Diyos na talikuran mo ang lahat ng pinagtitiwalaan mo sa sarili mo at sa mundong ito at yakapin ang mga pangako ng Diyos na nakay Cristo. And by putting your faith in Christ, yun lang, wala kang ibang kailangang gawin o patunayan pa, this promise will also be 100% for you!

The Sovereign Goodness of God

What promise? **All things work together for good.** O sa ibang salin, probably to avoid ministerpretation, “God causes all things to work together for good” (NASB). Sa mga Tagalog translations ganun din, “Ang Diyos ang gumagawa...” Alangan namang may sariling mekanismo o sistema ang lahat ng mga bagay at pangyayari sa buhay natin para gumawa sa sarili nito para maisakatuparan ang layunin ng Diyos. Siyempre hindi. Merong gumagawa para matiyak na lahat ng nangyayari ngayon ay maging para sa ikabubuti natin. We cannot make it work. Wala tayong kapangyarihan para gawin yun. Hindi rin ito dahil sa swerte o luck. Nagtatoka nga tayo sa mga nangyari noon sa buhay natin – maybe financial troubles, o broken relationships, o church conflicts – kung paanong ngayon ay nararanasan natin ang mabuting dulot nito. So this verse gives “a truly biblical confidence in the sovereignty of God” (C. E. B. Cranfield, Romans [ICC], 1:427). So ang kumpiyansa natin na ang lahat ng ito ay magiging para sa ikabubuti natin ay wala sa ating mga kamay kundi nasa Diyos na sovereign sa lahat ng bagay: “Ginagawa ng Dios ang lahat ng bagay ayon sa plano niya at kalooban” (Eph. 1:11 ASD).

Sabi nga ni Jovi sa comment niya sa post ko, “Some people are only after the

promise but not the Promise Keeper.” Siyempre sino ba naman ang ayaw makaranas ng mabuting bagay sa buhay? But this promise is given para tayo na nagmamahal na sa Diyos ay mas uminit pa ang pagmamahal natin sa kanya. Tayo na ang kumpiyansa natin sa Diyos ay mas tumibay pa ang kumpiyansa sa kanya. At mangyayari yun kung panghahawakan natin na this promise can only become a reality dahil ang Diyos natin ay walang hangganan ang kapangyarihan na kumikilos para sa kabutihan ng kanyang mga anak. So the point of this promise is not just the “all things for good” part, but our good, good Father who will make sure na mangyayaring lahat yun.

All Things, Especially Sufferings

Isang ebidensya na ang Diyos natin ay all-powerful and sovereign over all, and perfectly good ay nandun sa pagkakagamit ni Pablo ng “*all things* work together for good.” Hindi sinabing ang ilang mga bagay, o maraming mga bagay, o yun lang mga mabubuting bagay, ang sabi, “lahat ng bagay.” Kapag sinabing lahat, ibig sabihin lahat. Totoo nga na ginagamit ng Diyos ang mga mabubuting bagay para sa ikabubuti natin. Yung mga material blessings, yung prosperity, yung pagkakaroon ng maayos na pamilya, yung maraming kaibigan, yung healthy local church na kinabibilangan mo, ginagamit ng Diyos para mag-increase ang joy natin ngayon, at matuto tayong magpasalamat dahil lahat ng mabuting bagay na meron tayo ngayon at nararanasan natin ay galing — hindi sa sarili nating sikap, o dahil sa pamilya o church natin, o dahil sa tulong ng gobyerno — kundi sa Diyos na ating mabuting Ama (James 1:17).

Pero pag sinabi ni Pablo na lahat ng bagay, hindi lang yung mga mabubuting natatanggap natin sa Diyos, kundi pati yung masasama na pinahintulutan at itinakda ng Diyos na maranasan natin. Ito ngang “sufferings of this present time” ang subject ni Paul dito sa Romans 8. Kaya sinabi ni Martyn Lloyd-Jones na “this is surely a staggering statement.” Kasi naman sinasabi dito ni Pablo na lahat ng bagay – mabubuting bagay, masasamang bagay, mga pagsubok, mga kahirapan, mga “aksidente,” mga disappointments, even failure. Kayang gawin ng Diyos ang lahat ng ito, at gagawin niya para ang lahat ng ito ay maging para sa ikabubuti natin in the end. Hindi ibig sabihin

na ang mga pagsubok at mga kahirapan at mga kasalanan ay “good in and of themselves,” at kahangalang akalain na mabuti ang mga yun. They are bad. Paano natin pasasabing itong mga bagay na ito ay working together for good? “The answer is that they are so used by God, and so overruled by God and employed by God that they turn out for our good” (MLJ, ch. 13).

Klaro sa Romans 8:28 na hindi nangako ang Diyos na kapag naging Cristiano ka, and if you are a child of God, wala ka nang sufferings na mararanasan at puro mabuting bagay na lang ang iexpect mo sa Panginoon lalo na if you have strong faith in him. No. Wag mong sabihing ipinangako ng Diyos ang hindi ipinangako ng Diyos. That is presumption. Lalo na kung sasabihin mo sa ibang tao, kasinungalingan yun. Hindi ipinangako ng Diyos na hindi ka tatablan ng coronavirus. He can protect you, sure. Pero pwede ka pa ring tablan kung di ka mag-iingat o di mag-iingat ang mga kasama mo. Pero ipinangako ng Diyos na anumang sakit ang dumapo sa ‘yo, gaano man katindi o kalala, God will turn everything for good, for your good.

It’s not just the good part that God will use for our good. Both the good and the bad, the blessings and the sufferings, the joys and the pains. Siya yung “Grand Weaver” (Ravi Zacharias), dakilang manlalala, bawat hibla gagamitin niya to form a beautiful tapestry. O isang dakilang pintor, kahit yung mga strokes na akala mo sa una ang pangit at meaningless, kapag nakita mo ang buong gawa niya, napakaganda pala! So, mahalagang maunawaan natin ano ibig sabihin ng “for good.”

For Good

All things work together *for good*. Malinaw na na hindi ibig sabihing mabubuting bagay lang ang mararanasan natin sa buhay. That goes against real experience. Hindi rin ibig sabihin na itong “good” ay hindi pwedeng limitahan sa mga materyal na bagay. Though that can happen. Nalugi ako o nascam sa negosyo, tapos papalitan ng Diyos nang mas malaki pa. O tulad ng nangyari kay Job na nawala ang mga property niya at namatay ang mga anak niya pero pinalitan ng doble. It can happen, yes. But it does not always happen. So, hindi yun ang point ng promise dito sa verse na ‘to.

So yung definition ng “good” ay dapat limitahan natin ayon sa sinasabi niyang “according to his purpose.” Kung tinawag tayo ayon sa layunin ng Diyos, so ibig sabihin ang gagawin ng Diyos para sa atin ay kung ano yung makakatupad sa mabuting layunin niya para sa atin. Hindi ikaw, hindi ako ang magdedefine ng “good.” Dun nga bumagsak ang tao nang kainin nila yung bunga ng Tree of the Knowledge of Good and Evil. Ang Diyos ang sukatan ng kung ano ang mabuti. Siya ang magsasabi kung ano ang mabuti. So minsan kasi, nagrereklamo tayo. Bakit ako pinagkaitan ng Diyos ng mas maginhawang buhay? Bakit ipinagkait sa akin ng Diyos ang asawa o ang anak o ang kagalingan sa sakit? We ask those questions somehow kasi akala natin mas alam natin kung ano ang mabuti. Maaaring mabuti ang mga bagay na yun, pero sa karunungan ng Diyos, hindi mabuti para sa ‘yo (so we learn to be content), o baka sa ngayon ay hindi pa mabuti para sa ‘yo (so we learn to be patient and wait).

Mabuti ang Diyos, at hindi ka niya pagkakaitan ng mabuti: “Oh, taste and see that the Lord is good...those who seek the Lord lack no good thing” (Psa. 34:8, 10). “For the Lord God is a sun and shield; the Lord bestows favor and honor. No good thing does he withhold from those who walk uprightly” (84:11).

Ano yung mabuti na yun? Sinabi ni Pablo sa Romans 8:29 kung ano yun, “to be conformed to the image of his Son.” Ang mabuti ay kung anuman ang makapagpapakilala sa atin kung sino ang Diyos, anumang makakatapyas sa mga natitira pang kasalanan sa puso natin (v. 13), at makapagtuturo sa atin na mas lalong magtiwala kay Cristo, yun ang mabuti.

It can refer to something na immediate o mangyayari in this life. Halimbawa, nung nascam kami twice, nagturo sa amin na ang sufficiency namin ay nasa Panginoon. Masama ang nangyari, but turned out for good. O kung meron kayong naranasang conflict sa marriage because of unfaithfulness, at ngayon natutunan n’yo na magtiwala sa Diyos na only faithful one, bad thing God turns for good. O yung malaking nalugi sa negosyo mo o isang mahal sa buhay na nawala o namatay na, at nasabi mo tulad ni Job, “The Lord gives, the Lord has taken away, blessed be the name of the Lord!” Inalis ng Diyos ang isang bagay na maaaring itinuturing mo na

security and satisfaction mo para siya lang ang sambahin mo. God turns losses for your good. O yung pagsasara ng mga churches at hindi makapaggather physically, kung naturuan tayo nito na mas dumepende sa Diyos, mas makinig sa salita niya, mas pahalahan ang local church at mas maipakalat ang salita niya sa mas marami, God turns pandemic into something good para maaccomplish ang kanyang redemptive purposes.

O yung nakasakit sa ‘yo, nanloko sa ‘yo, umabuso sa ‘yo, masaklap yun pero kung dahil dun natutunan mo kung ano ang ibig sabihin ng pagpapatawad ng Diyos sa ‘yo, masasabi rin natin tulad ni Joseph sa mga kapatid niya – matapos siyang ibenta, matapos siyang gawing alipin, matapos siyang paratangan ng kasalanang hindi naman niya ginawa, matapos siyang magdusa sa kulungan, itinanyag siya ng Diyos at ginamit na instrumento para sa ikaliligtas ng marami sa taggutom, “As for you, you meant evil against me, but God meant it for good, to bring it about that many people should be kept alive, as they are today” (Gen. 50:20).

For Our Good, Our Ultimate Good

Does it make our suffering any easier? No. Mahirap pa rin. Masakit pa rin. Magtatanong ka pa rin sa Panginoon, bakit? Bakit ako, bakit hindi na lang yung iba na unfaithful sa ‘yo? Bakit ito? Bakit ganito kabigat? Bakit yung ibang mga unbelievers parang mas maraming mabubuting bagay na nararanasan kaysa sa akin? Nasaan ang hustisya dun? Parang unfair. Mabuti ang Diyos at malaya siya to dispense his goodness even to people na nagrerebelde sa kanya araw-araw. At yan naman din ang kuwento ng buhay natin. Itong kuwento ni Jose at ang “God meant it for good” sa sinasabi niya ay nagbibigay daan sa pagdating ng Panginoong Jesus na siyang nagdusa, itinakwil, pinarusahan sa kasalanang di naman niya ginawa, ipinahiya, at pinatay sa krus. Those bad things happen to the only good person who ever lived. At lahat ng yun ay ginamit ng Diyos for good. To satisfy his justice, to accomplish salvation. For the glory of his Son. He rose again on the third day, at ngayon ay nasa kanang kamay ng Diyos.

And also for our good, our ultimate good. There is therefore now no condemnation para sa atin na nagtitiwala kay Cristo. That’s good, and better than human approval. Naninirahan na sa atin ang Espiritu. That’s good, and

better than the security this world can offer. Itinuturing na tayong Diyos na mga anak niya at tagapagmana. That's good, and better than the love and affirmation of any human family. And one day, we will see Christ face to face, and we will have pleasures forevermore in his presence. That's good, and infinitely better kaysa sa mga bagay na naeenjoy natin o hindi natin maeenjoy sa mundong ito.

Anuman ang nararanasan natin ngayon, Romans 8:28 is good news for us. Dahil ipinapaalala nito na meron tayong Diyos, and he is our Father!, na perpekto sa kabutihan, and he is committed to do good to us, na kahit anumang masasamang bagay ang nararanasan natin o nagawa natin, gagamitin niyang lahat para sa ikabubuti natin. Pruweba? Tumingin ka sa krus ni Cristo. "Kung ang sarili niyang Anak ay hindi niya ipinagkait, sa halip ay ibinigay para sa ating lahat, hindi kaya niya ibibigay nang masagana sa atin ang lahat ng bagay" (8:32)?

Sermon: The Golden Chain of Salvation (Rom. 8:29-30)

 treasuringchristph.org/2020/08/24/sermon-the-golden-chain-of-salvation-rom-829-30

All things for good?

Napakaganda naman talaga ng Romans 8:28, “And we know that for those who love God all things work together for good, for those who are called according to his purpose.” Yun bang anuman ang nangyayari sa buhay mo ngayon, if you are a Christian, lahat yan God will turn for your good. It sounds too good to be true. Kapag makarinig tayo ng mga ganyang news or promises, siyempre gusto nating makasigurado. Kaya kung sasabihin mo ‘yan sa kaibigan mo o kasama sa church na struggling right now, magbibigay ka ng proof. After saying Romans 8:28, baka sabihin mo, “O tingnan mo ang buhay ko ngayon. Dati ganyan din ako tulad mo, pero ngayon inayos na ni Lord lahat. All things work together for good. O tingnan mo kaming mag-asawa ngayon, dati pinagdaanan din namin yan, pero mas naging okay kami dahil dun.”

O kaya, “Di ba pag binasa mo ang story ni Joseph sa Bible, illustration yun ng Romans 8:28. Sabi niya sa mga kapatid niya sa Gen. 50:20, “You meant evil against me, but God meant it for good. Or look at Job, maraming nawala sa kanya, pero in the end doble pa ang binalik sa kanya ni Lord. O kaya si Ruth. O kaya si Mordecai sa book of Esther.” Totoo namang inspiring stories ‘yan. Unlike yung kwento ng buhay mo, itong mga kuwentong ito ay nasa Salita ng Diyos. Kailangan natin ‘yan. Pero our hearts are still prone to doubt. Bakit? Kasi sasabihin natin hindi naman yan ang kuwento ng buhay natin. Totoo namang hindi ka matutulad kay Joseph, or Job, or Ruth. Sa halip na ma-promote, mawalan pa ng trabaho, o tuluyang malugi ang negosyo, o hindi na makapag-asawa.

Kaya mahalagang maintindihan natin yung “for good” sa Romans 8:28 na “according to his purpose.” At kung maintindihan mo man yun, kailangan magkaroon din tayo ng assurance na para sa atin ba talaga ‘yan. Paano kung at a point in your life mawala na ang love mo for God, so hindi na totoo yang Romans 8:28 for you. O paano kung hindi pala ako “tinawag” ng Diyos? So sa susunod na verses, tuturuan tayo ni Pablo na tumingin hindi sa

buhay ng ibang tao para makasigurado na totoo itong v. 28, hindi rin tumingin sa sarili natin for proof, but look to God and to his eternal purposes. Ang Diyos na kumilos sa buhay ng mga anak niya in the past ay siya ring Diyos na kumikilos sa buhay mo para isakatuparan ang layunin niya. And this same God will not fail ever.

For those whom he foreknew he also predestined to be conformed to the image of his Son, in order that he might be the firstborn among many brothers. And those whom he predestined he also called, and those whom he called he also justified, and those whom he justified he also glorified.

Romans 8:29-30 ESV

Context Matters

Maraming pagtatalo sa meaning ng verses na ‘to. And when we fail to connect it sa context ng Romans 8, at sa purpose ni Paul for writing this, we will miss the point. Nagsimula ‘yan sa salitang “For...” o “Sapagkat...” Immediate connection nito ay sa verse 28 siyempre. Hetong paliwanag ni Pablo kung ano ba yung “according to his purpose.” Ang pagkakatawag sa atin ng Diyos, ang pangakong ito ng Diyos, ay nakakabit sa kanyang eternal purposes. Na kung ano yung ipinasya, binalak, pinlano niya sa simula’t simula pa, tutuparin niya, tatapusin niya. Hindi tulad natin. Ang dami na nating pinasyang gawin, binalak gawin, at pinlanong gawin. Pero hindi natutupad. Ibahin mo ang Diyos. Kapag sinabi niyang “for good,” for good talaga yun. For our ultimate, eternal good. “Ang Diyos ang gumagawa sa lahat ng bagay ayon sa layunin ng kanyang kalooban” (Eph. 1:11 MBB).

Sinusuportahan din ng vv. 29-30 ang mga nauna nang sinabi ni Pablo. Konektado rin ito sa v. 1, “There is therefore now no condemnation for those who are in Christ Jesus.” Sabi sa v. 30, “Those whom he called he also justified, and those whom he justified he also glorified.” Yung “no condemnation” pareho ng “justified,” at yung status mo na yan kay Cristo ay hindi mababago. Hindi maka-cancel ever. Kahit minsan akala natin babawiin yan ni Lord at irereject na tayo dahil sa patuloy na struggle natin sa kasalanan. God will make sure that you will be glorified.

So connected din ito sa sanctification natin, kaya siguro hindi na niya ito binanggit sa pagitan ng “justified” at “glorified.” Kasi proseso ito na pinagdadaanan natin ngayon. Tulad ng sinabi niya sa v. 13, na mabubuhay tayo kung papatayin natin ang kasalanan. Paano kung matalo tayo sa pakikipaglaban? Meron ba tayong katiyakan na magtatagumpay tayo? Yes, sabi ni Paul sa vv. 29-30.

Konektado rin ito sa adoption natin bilang mga anak ng Diyos (vv. 14-17). Ang layunin ng Diyos ay maging tulad tayo ng elder Brother natin na si Jesu-Cristo. Kabilang tayo sa pamilyang ito. Hindi tayo palalayasin, and one day we will receive yung inheritance na nakalaan sa lahat ng mga anak ng Diyos.

Pero bago yun, marami tayong sufferings na pagdadaanan, “provided we suffer with him in order that we might also be glorified with him” (v. 17). At sinabi din niya sa v. 18 na “our sufferings of this present time are not worth comparing with the glory that is to be revealed to us.” Talaga namang hindi maikukumpara yung future glory natin sa present sufferings natin. Pero how can we be so sure na makakarating tayo sa future na yun? Our sufferings today make us doubt that, baka hindi na natin kayanin, baka hindi na tayo magpatuloy. Sa v. 28 napag-aralan natin na itong mga sufferings na ‘to ay hindi hindrance, but more like God’s instrument to bring us to future glory.

At kasali yung vv. 29-30 na isinulat ni Pablo para bigyan tayo ng dagdag na assurance, na itong mga unang sinabi ni Pablo ay totoo, at magkakatatotoo, sigurado ang pangako ng Diyos, hindi mababali ang isa man lang sa mga salita niya dahil lahat ng ito ay nakasalalay hindi sa gawa natin, o mga nangyayari sa paligid natin, kundi sa unfailing purposes of God in our salvation.

The Golden Chain of Salvation

Itong verses 29-30 ay karaniwang tinatawag ng mga theologians na Golden Chain of Salvation. Although hindi exhaustive yan, selective yung mga nilagay ni Pablo, pero nandyan na yung kailangan natin para maintindihan kung ano ang hantungan na itinakda sa atin ng Diyos, at para magkaroon tayo ng katiyakan na titiyakin ng Diyos na mangyayaring lahat ito para sa

atin na mga nakay Cristo. Maraming big theological words dito – foreknew, predestined, called, justified, glorified. Pero mahalagang maintindihan natin.

Merong mga objections sa doktrina na maririnig nyo ngayon. Even many Christians ay merong mga disagreements sa meaning nito. So listen carefully. I-assess n’yo kung ito ba ay tugma sa itinuturo ng Salita ng Diyos, at sang-ayon sa layunin ng pagkakasulat ni Pablo dito sa Romans 8 specifically. I will anticipate some objections and questions, pero dahil wala tayong oras para pag-usapan lahat, pwede n’yo akong tanungin. At kung kailangan, I will deal with that sa ibang pagkakataon.

Some observations muna dito sa “golden chain of salvation” ng vv. 29-30.

This salvation is for you, Christian. Tulad ng sa v. 28, para sa mga nagmamahal sa Diyos, para sa mga tinawag ng Diyos. At sa mga napag-aralan pa natin sa Romans 8, para sa mga nakay Cristo, para sa mga anak ng Diyos, para sa mga pinananahanan ng Espiritu, para sa namumuhay ayon sa kalooban ng Espiritu at nagpapatuloy sa paglaban sa kasalanan, para sa mga Cristiano na nagtitiis ng maraming mga paghihirap ngayon. This salvation is for you. *“Those whom he foreknew...those whom he predestined...those whom he called...those whom he justified...”* Ikaw yung object ng “foreknowledge” ng Diyos, piniling mahalín ng Diyos, predestined, called, justified, and one day, will be glorified. If you are not a Christian, hindi ito sa ‘yo, pero mapapasayo if you will stop trusting in yourself at kung sasampalataya ka kay Cristo for your salvation.

This salvation is all of God’s work from beginning to end. “...he foreknew...he predestined...he called...he justified...he glorified...” Sino ang pumili sa atin? Ang Diyos! Sino ang nagtakda ng hangganan natin? Ang Diyos! Sino ang tumawag sa atin? Ang Diyos! Sino ang tumanggap sa atin? Ang Diyos! Sino ang magdadala sa atin sa walang hanggang kaluwalhatian? Ang Diyos! Isa itong dahilan marahil kung bakit hindi nakalagay dito yung conversion natin (when we responded to God in repentance and faith nung marinig natin ang gospel), kasi maging yun ay biyayang dulot ng pasya ng Diyos sa simula’t simula pa para iligtas tayo. Isa rin ito marahil sa dahilan kung bakit hindi nakalagay dito yung sanctification na isang aspeto rin ng

kaligtasan natin at nasa pagitan ng justification at glorification natin. Bagamat may participation tayo sa pakikipaglaban sa kasalanan at pamumuhay ayon sa kalooban ng Diyos, maging yun ay nakasalalay sa kapangyarihan ng Espiritu at work within us (v. 13).

Ang katiyakan ng kaligtasan natin ay nakadepende sa gawa ng Diyos, hindi sa gawa natin. Kung work natin ang pagbabasehan, paano ka naman makakasigurado sa sarili mo? Pero kung papakinggan mo ang sinasabi ni Pablo dito, na ang Diyos sa simula't simula pa, bago ka pa sumulpot sa mundo, bago pa nagkaroon ng mundo, sinimulan na ang mabuting gawa para sa 'yo, at nagpapatuloy na gumawa ng mabuti para sa 'yo, at hindi hihinto sa paggawa ng mabuti para sa 'yo. "Umasa ka sa kapangyarihan ng Diyos 9 na nagligtas at tumawag sa atin para sa isang banal na gawain. Ginawa niya ito, hindi dahil sa anumang nagawa natin, kundi ayon sa kanyang layunin at kagandahang-loob. Sa simula pa, ito ay ibinigay na niya sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus" (2 Tim. 1:8-9 MBB). At dahil ito ay gawa ng Diyos...

This salvation is sure and unbreakable. Kaya ito tinawag na "golden *chain* of salvation." Magkakarugtong ito. Yan ay kadenang hindi malalagot, hindi mapipigtas, hindi mapuputol. Every link in this chain is sure. Yung "foreknew," "predestined," "called," "justified," "glorified," lahat nasa aorist tense sa Greek, parang past tense din, pero merong ipinapahiwatig na definiteness, tiyak na nangyari. Mula "foreknew" hanggang "justified" nangyari na naman talaga sa 'yo kung Christian ka, past event na 'yan. Pero yung "glorified" di ba dapat, "will be glorified"? Hind pa naman nangyayari yun, pero para sa atin na nakay Cristo, sa isip at plano ng Diyos, it is "as good as done from Paul's perspective" (Wallace, *Greek Grammar*, 564), from God's perspective. And it is unbreakable, kung sino yung predestined, siya rin yung glorified. Kung sino yung justified, siya rin yung pinili ng Diyos. Kung sino yung mga tinawag ng Diyos para maligtas, sila talaga yung siguradong maliligtas hanggang sa dulo.

So, kapatid kay Cristo, wag mo lang tingnan ang mga nangyayari ngayon sa buhay mo. Look forward to your future, it is as good as done. Look back to the past, sa mga ginawa na ng Diyos para sa 'yo, bago ka pa ipanganak! Look

to God, and say, “The Lord is my salvation!” Mula pa sa simula’t simula, hanggang sa kadulu-duluhan, the Lord is at work to save you. Hindi siya hihinto, hindi siya mapapagod, hindi siya aayaw. Gaano man kahirap ang buhay mo ngayon, gaano man katindi ang mga struggles mo ngayon, your salvation is sure and unbreakable because it is the work of God from beginning to end.

Pwede na kong huminto dito, kasi kung maiintindihan mo yung point na yan ni Paul, pambihirang assurance and comfort na ang dulot nito sa puso natin. Pero kung mas maiintindihan mo pa kung ano ang kahulugan ng mga salitang ginamit ni Pablo when talking about that chain of salvation, talagang masasabi mong “golden” yan, precious ‘yan. Hindi ka lang magiging sure about your salvation, but the more you will be amazed at what God has done for you!

Foreknew

“For those whom he *foreknew*...” Literally, alam na ng Diyos dati pa. Kaya ang translation sa Tagalog, “Sa simula’t simula pa’y alam na ng Diyos kung sino ang magiging kanya” (MBB). Pero kung itong passage na ‘to ay tumutukoy sa gawa ng Diyos in his specific dealing with his children, ang meaning nito ay beyond God’s knowledge of the future. Kasi pati mga non-Christians alam naman ng Diyos ang kahahantungan nila. At ang object of God’s knowledge here ay hindi naman yung event, pero yung tao, tayong mga Christians. Sa Ang Biblia (2001), “...nakilala ng Diyos noon pa.” O kinilala ng Diyos.

Kasi yung “knowledge” of God kung tayo ang object, it is an intimate love language. Ginagamit ang salitang ito to refer to sexual intercourse (Gen. 4:1; Matt. 1:25), at sa special affection na meron ang Diyos sa kanyang mga anak. Sabi niya kay Jeremiah, “Before I formed you in the womb, I knew you” (Jer. 1:5). Sabi niya sa Israel, “You only have I known of all the families of the earth” (Amos 3:2). Alangan naman hindi alam ng Diyos ang ibang bansa. Ibig sabihin, sila ang bayang pinili ng Diyos. Maging kay Jesus din, “He was foreknown before the foundation of the world” (1 Pet. 1:20). At maging dito sa Romans, Paul showed the contrast ng foreknowledge sa rejection, “God has not rejected his people whom he foreknew” (Rom. 11:2).

So, “Paul’s point is that God has of His own initiative chosen the objects of His active, saving love” (*Reformation Study Bible*). Noon pa man, kinilala na tayo ng Diyos na para sa kanya. Pinili na niya tayong mahalín bago pa natin siya piliing mahalín. Ang pag-ibig natin sa Diyos na binabanggit sa Rom. 8:28 ay hindi basehan ng pag-ibig ng Diyos sa atin (Haldane, *Romans*). Para sabihing itong “foreknew” ay katumbas din ng “chosen” o “elect” ay tama lang kasi yun din naman ang description sa atin ni Paul sa v. 33, “Who shall bring any charge against God’s elect?”

Noong single pa ako, nasa college ata nun, nagkaroon ng discussion sa small group namin sa church, “Pinili ba tayo ng Diyos kasi alam niya na one day ay sasampalataya tayo kay Cristo (conditional election) o sumasampalataya tayo kay Cristo ngayon dahil pinili tayo ng Diyos (unconditional election)?” Dito nagsimula ang paglalakbay ko na pag-aralan ang doktrinang ito. Understanding Romans 8:29-30 is life-changing for me noon pa man. And I hope makita n’yo rin na ang pagpili sa atin ng Diyos ay hindi nakadepende sa nakita niyang magiging tugon natin sa kanya in the future. It doesn’t make sense sa argument ni Paul sa Romans 8, it doesn’t serve yung purpose niya to give us assurance in our salvation, and it contradicts other parts of Scripture.

Predestined

Heto pa, “For those whom he foreknew he also *predestined*...” Literally, ibig sabihin nito na siya ang nagset o nagtakda ng boundaries o hangganan. When talking about salvation, siya ang nagtakda ng tadhana o patutunguhan natin. Kung paanong ang mga nangyari sa kamatayan ni Jesus sa krus ay predestined o itinakdang mangyari ng Diyos (Acts 4:28), so yung salvation natin ay hindi lang may possibility o may probability, kundi may certainty dahil ayon ito sa plano ng Diyos para sa atin.

People will object sa ganitong doktrina kasi sinasabi nila na “God will not violate our free wills.” Mahabang usapin yan. Pero malaya nga tayong gawin ang gusto nating gawin, kaya nga nagkakasala’t mapapahamak tayo. Pero wag nating hayaan na itong mga assumptions natin tungkol sa kung ano ang pwede at di pwedeng gawin ng Diyos ang makahadlang sa atin para unawain ang itinuturo ng Bibliya tungkol dito. Sabi ni Leon Morris:

We must not allow ourselves to be sidetracked by modern notions of what is or is not possible for God...God is the author of our salvation, and that from beginning to end. We are not to think that God can take action only when we graciously give him permission.

Romans, 332.

Instead of our objections, this doctrine must stir our affections to worship God (Eph. 1:3, 6). Dahil, “Bago pa likhain ang sanlibutan ay pinili na niya (“he has chosen us”) tayo upang maging kanya sa pamamagitan ng ating pakikipag-isa kay Cristo at upang tayo’y maging banal at walang kapintasan sa harap niya. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, pinili niya tayo (“he predestined us”) upang maging anak niya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, ayon sa kanyang layunin at kalooban” (vv. 4-5 MBB).

Ano ang layunin ng Diyos sa pagpiling ito sa atin? “Upang tayo’y maging banal at walang kapintasan sa harap niya.” Sa Romans 8:29, ito ang itinakdang tadhana sa atin ng Diyos, “he predestined us to be conformed to the image of his Son.” Para maging katulad, maging ka-anyo, maging kalarawan ng Panginoong Jesus. This is the goal of our sanctification (2 Cor. 3:18). And no matter how hard we struggle to live like Christ sa buhay natin ngayon, this is great comfort sa atin na tatapusin niya itong proseso na ‘to hangga’t maging lubos tayong katulad ni Cristo. Ito yung glorification natin, yung ending and completion ng salvation natin, “Alam nating sa pagdating ni Cristo, tayo’y magiging katulad niya, sapagkat makikita natin kung sino talaga siya” (1 John 3:2).

Ano ang layunin ng Diyos sa ating election at predestination? “...in order that he (Jesus) might be the firstborn among many brothers.” Una, for the glory of his Son. Yung “firstborn” hindi lang panganay na para bang unang ipinanganak. But, first in rank, superior. Yan na naman si Cristo, pero mas makikita natin ang kadakilaan niya at yung ginawa niya para sa atin kung marerealize natin na yung salvation he accomplished on the cross ay talagang ginawa niya para sa atin na noon pa ay pinili na ng Diyos para maligtas. “Sa gayon ay purihin ang kaluwalhatian ng kanyang kagandahang-loob na sagana niyang ibinigay sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak” (Eph. 1:6)!

And not just for his glory and his Son’s glory, para makabahagi din tayo sa

pagpapalang ‘yan na galing sa Diyos. “Firstborn among many brothers,” ibig sabihin kabilang ka sa maraming yun na itinuturing na kapatid ni Jesus, na mga anak ng Diyos, kabilang sa pamilya ng Diyos. Kung miyembro ka ng pamilyang ito, hindi ka palalayasin. Yes, maybe you messed up big time, pero noon ngang kaaway ka pa ng Diyos minahal ka na niya (Rom. 5:8), paano pa ngayong anak ka na ng Diyos? The doctrine of election and predestination glorifies God and give assurance and comfort to us Christians.

Called

Yung calling dito ay hindi lang tumutukoy sa external calling, dun sa preaching of the gospel. Kasali naman yun, kailangan naman nating marinig yung gospel before we come to faith in Christ and be justified (Rom. 10:14-17). Pero obviously, hindi naman lahat tumutugon sa panawagang yun. So hindi lahat justified. So this “calling” refers to something more than that. Ito yung internal calling, o effective/effectual calling. Ito yung panawagan ng Diyos sa puso ng isang tao, sa pamamagitan ng Espiritu, convicting us of sin, illuminating our minds to see the glory of Christ in the gospel (2 Cor. 4:4-6), and giving life to our dead hearts to respond in faith (Eph. 2:1-5). Ito yung “called” na mabisang pagtawag ng Diyos sa atin na mga pinili niya noong una pa man na maligtas, at ang pagtawag na ito ng Diyos ay mabisa, makapangyarihang nagsasakatuparan ng layunin niyang dalhin tayo palapit kay Cristo.

- God is faithful, by whom *you were called* into the fellowship of his Son, Jesus Christ our Lord. (1 Cor.1:9)
- But when he who had set me apart before I was born, and *who called me* by his grace, was pleased to reveal his Son to me. (Gal. 1:15-16)
- He *who calls you* is faithful; he will surely do it. (1 Thess. 5:24)
- ...share in suffering for the gospel by the power of God, who saved us and *called us* to a holy calling, not because of our works but because of his own purpose and grace, which he gave us in Christ Jesus before the ages began (2 Tim. 1:8-9)

Tulad ni Lydia, binuksan din ng Diyos ang puso natin para tumugon sa mensahe ng mabuting balita ni Cristo at sa panawagan ng Diyos na

sumampalataya sa kanya (Acts 16:14). So itong pagtawag na ito ay hindi lang paanyaya. “It is a sovereign summons that draws the sinner from death to life” (*CSB Study Bible*).

Justified and Glorified

“And those whom he predestined he also called, and those whom he called he also *justified*, and those whom he justified he also *glorified*” (Rom. 8:30). Justified, itinuring na matuwid. Past event na ‘yan. Glorified, niluwalhati. Future event pa ‘yan, pero past event sa perspective ni Pablo. Sa isip ng Diyos, sa plano ng Diyos, it is as good as done. Hindi ito baka sakali, hindi ito umaasa lang, hindi ito pwedeng mangyari at pwede ring hindi. This is 100% sure.

Napag-usapan na natin at some length ang ibig sabihin nito sa mga nakaraang bahagi ng pag-aaral natin. Alam na nating dahil sa biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo kaya tinanggap tayo ng Diyos, pinatawad sa kasalanan, itinuring na matuwid. At ginagawang matuwid, hanggang maging lubos na matuwid sa pagbabalik ni Cristo, wala nang kasalanan, wala nang hirap at kamatayan. We will be fully conformed to the image of Christ. Tiyak na mangyayari yun. Nakataga yan sa Bato, sa katapatan ng Diyos, sa karakter ng Diyos, sa makapangyayaring plano at kalooban ng Diyos (sovereign will of God).

Kaya nga ang invitation sa atin ni Paul dito ay hindi lang tumingin sa present sufferings natin, kundi sa future glory natin, na nakaugat sa not-so-distant past ng calling at justification natin, kundi tumingin sa pinagmulan ng lahat ng ito, sa simula’t simula, in eternity past. Kung noon pa ay nagpasya na ang Diyos na iligtas ka, not because of anything you have done or will ever do for him, hindi mababago ang pasya niya. God’s plan of salvation will not fail. Siya ng author nito, siya rin ang finisher nito. Yung sinimulan niyang mabuti para sa atin, tatapusin niya. This is the golden chain of salvation. If you are a Christian, this is for you.

This is all [your] consolation and all [your] joy, for it is an indissoluble chain, which neither the world nor the powers of hell can break.

Robert Haldane, Romans, 408

Be assured and be amazed that you are recipient of this so great a salvation!

Kung hindi ako pinili ng Diyos, hindi ko siya pipiliin. Kung hindi ako minahal ng Diyos, hindi ko siya mamahalin. Kung hindi ako tinawag ng Diyos, hindi ako tatawag sa kanya. Kung hindi ako pinatawad ng Diyos, at itinuring na matuwid sa paningin niya dahil kay Cristo, hindi ako maliligtas. Kung hindi ako dadalhin ng Diyos hanggang sa dulo, malilihis ako ng landas. Buti na lang God is sovereign in salvation. Salamat sa Panginoon.

Dahil tinuturuan niya tayong tumingin hindi lang sa mga nangyari sa buhay ng ibang mga karakter sa Bibliya o sa mga kapatid natin sa Panginoon ngayon to assure us that all things will work together for our good. Lalong higit na dapat nating tingnan ang pagsasakatuparan ng layunin ng Diyos sa buhay at kamatayan ng Panginoong Jesus. At kung si Cristo ang titingnan natin, masasabi rin natin tulad ni Pablo,

What then shall we say to these things? If God is for us, who can be against us? He who did not spare his own Son but gave him up for us all, how will he not also with him graciously give us all things?

Rom. 8:31-32 ESV

That will be for next week.

Sermon: If God is for Us (Rom. 8:31-34)

 treasuringchristph.org/2020/09/01/sermon-if-god-is-for-us-rom-831-34

We are now nearing the end of our journey sa Romans chapter 8. Siguro ngayon, wala ka nang duda kung bakit tinawag ito ng maraming preachers na “the greatest chapter in the Bible.” Ang dami na nating magandang mga salitang narinig mula pa sa verse 1. Kung tayo ay nakay Cristo, wala nang kahatulan para sa atin. Nasa atin na ang Espiritu ng Diyos, nananahan sa atin, tumutulong sa atin na lumaban sa kasalanan, nagbibigay ng katiyakan sa atin na tayo nga’y mga anak ng Diyos, at kung anak ng Diyos ay tagapagmana na kasama ni Cristo.

Mahirap ang buhay, pero may pag-asa na gaano man kahirap ang nararanasan natin ngayon, hindi ito maikukumpara sa ganda ng buhay na nakalaan sa atin sa pagbabalik ni Cristo. At gagawin ng Diyos ang lahat, maging itong mga sufferings na nararanasan natin will work together for our good. At ano yung good na yun? Para tayo ay maging katulad ng kanyang Anak na si Cristo. Para matupad ang layunin niya para sa atin. And this salvation is sure and unbreakable. Mula pa sa simula, siya na ang pumili sa atin, nagmahal sa atin, out of his own free and sovereign grace. Siya ang tumawag sa atin, nagpatawad at tumanggap sa atin, at titiyak na magpapatuloy tayo hanggang sa wakas at makakasama natin siya, with fullness of joy in his presence forevermore.

Ang dami na nating magagandang salita na narinig mula sa Diyos mula verse 1 hanggang verse 30. At sapat na sana yan para bigyan ng katiyakan ang puso nating ang daling mag-alinlangan sa kabutihan at pag-ibig ng Diyos sa atin. Bakit nga? Sa mga panahon ngayon na kumakalat pa rin ang coronavirus, pati mga Christians nagkakasakit at namamatay din, prone tayo na magtanong kung mabuti nga ba ang Diyos, mahal nga ba talaga tayo ng Diyos. Lalo pa kung meron tayong mga sufferings na nararanasan dahil sa pagiging Christians natin, dahil sa faithfulness natin sa salita ng Diyos. At kung hanggang ngayon we are dealing with guilt dahil sa kasalanang nagagawa pa rin natin, at paulit-ulit na nagagawa. So we doubt, mamahalin

pa kaya ako ng Diyos sa ganitong kalagayan ko? Papatawarin pa niya kaya ako? Baka itakwil niya na ako at bawiin ang kaligtasang ibinigay niya sa akin?

Natatakot tayo na may mas masama pang mangyari sa atin. Nagdududa tayo sa pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos ng Diyos na tiyaking mapapabuti ang lahat para sa mga anak. Patuloy tayo sa pakikipaglaban sa kasalanan and at times, feeling natin failures tayo at talunan. Kaya nga mas dapat nating pakinggan ang salita ng Diyos, intindiing mabuti at ulit-ulitin hanggang maisaksak sa isip at puso natin. Kaya nga ang gagawin ni Paul mula verse 31 hanggang sa verse 39 is to drive home his point, para mas maranasan natin yung blessed assurance ng pagiging Cristiano—in Christ, children of God, and indwelt by the Spirit.

He introduced this last section ng Romans 8 with a question na sasagutin niya using a series of rhetorical questions, “What then shall we say to these things” (v. 31)? Ano daw ang masasabi natin, ano daw ang maaari o dapat na maging conclusions natin sa mga nauna niyang sinabi, and most probably hindi lang sa Romans 8, but the whole letter (ayon kay Charles Hodge, Romans). Hindi niya sinabing, “What then shall I say...?” But, “What shall we say...?” Inaanyayahan tayo ni Pablo sa paglalakbay na ‘to to make the same conclusions na meron siya. Because this is not just for him, para sa atin, para magkaroon tayo ng greater assurance lalo na sa mga feeling natin na uncertainties of the future.

Kailangan nating pag-isipang mabuti, to own these truths, para hindi lang si Pablo ang magsabi nito, kundi tayo din, na sabihin natin ito sa sarili natin hanggang maisaksak na nang mabuti sa puso natin. Yung assurance na kailangan natin ay hindi lang basta nanggagaling sa good emotional feelings, kasi pwedeng magbago yung feeling na yan. This assurance is a result of hard thinking about biblical realities.

In sum, parang ganito ang sinasabi ni Pablo kasunod nitong first question niya sa v. 31,

| If God’s love has led to all the good just specified, what have we to fear for the future?

| *Charles Hodge, Romans, 287*

Ang tawag sa ganitong tanong ay rhetorical question. Hindi ito questions sa isang exam na pag-iisipan mo pa ang sagot, at baka magkamali ka. Itong mga rhetorical questions ay obvious at implied yung mga answers. Alam na ninyo ito! Merong anim na ganitong questions sa vv. 31-39. Yung unang apat, sa vv. 31-34, ang pag-aaralan natin ngayon. Yung last two sa vv. 35-39 naman next week.

Alam kong may mga questions kayo sa sermon last week lalo na about election and predestination. At susubukan nating sagutin at pag-aralan yung mga questions na yun. But for now, I hope na yung teaching ng Scripture is clear, though we don't understand everything. So yung mga rhetorical questions ni Pablo dito ay para ma-train tayo kung paano i-apply yung biblical doctrines sa buhay natin. Ang goal nito ay hindi lang for intellectual discussion, but for our assurance, comfort and hope in times of sufferings tulad ng nararanasan natin ngayon.

#1 – If God is for us, who can be against us?

Romans 8:31 ESV

Kung ang Diyos ay para sa atin (o kakampi natin), sino ang maaaring lumaban sa atin? Rhetorical question 'to, so ang obvious answer: Ang Diyos ay para sa atin, so walang sinuman ang maaaring lumaban sa atin. Merong dalawang statements na nakapaloob dito. "If...then" ang construction nito. Yung una yung premise, na kung totoo ito, then yung second statement ang conclusion, siguradong totoo din ito. Halimbawa, kung may two on two basketball. Kung kakampi ko ay si LeBron James, at ikaw naman kakampi mo ang tatay mo, yun ang premise, ano ang conclusion? Sino ang panalo? Obvious, sigurado, kami ang panalo, unless mapilayan si LeBron na pwedeng mangyari because we are dealing here with human examples. Pero kung Diyos na ang pag-uusapan, ibang usapan na 'yan.

Ano yung premise? Base sa mga nakaraang mga pag-aaral natin sa Romans 8:1-30, totoo ito: "God is for us." Siya ay para sa atin, at hindi laban sa atin. Siya ang ating Ama, tayo ang kanyang mga anak. Lahat ng kanyang pinaplano at ginagawa sa buhay natin ay para sa ikabubuti natin. Ang kaligtasan natin sa simula't simula pa ay nasa isip at puso na niya. At

gumagawa siya ngayon para tiyaking makakarating tayo sa finish line. God is for us! Oo dati kaaway tayo ng Diyos, nilalabanan natin siya (vv. 7-8), pero noon din ay ipinakita na niya ang pagmamahal niya sa atin (5:8, 10) nang ipadala niya ang kanyang Anak para sa atin. Dahil kay Cristo, napanumbalik na tayo sa Diyos, napatawad, natanggap, itinuring na matuwid. Hindi ibig sabihing he is for us ay kinukunsinti niya pati mga kasalanan natin, pero dinidisciplina tayo because he is our loving Father. This all-powerful Creator, the One we have offended is our lover, and he loved us with an everlasting love. God is for you! So, ano ang ikakatakot mo?

Kaya nga ang conclusion o implication ng premise na God is for us ay ito, “No one can be against us.” Hindi ibig sabihing walang sinumang tao ang lalaban sa atin, magsasalita ng masama laban sa atin, at lahat ay papabor sa atin. That is not true to our experience. Sinabi din ni Cristo na we will be hated by the world dahil sa allegiance natin sa kanya. So, in a sense, people will be against us. But in the ultimate sense, no one can be successfully against us. Walang sinumang makapagbabagsak sa atin at makakasira ng buhay na bigay sa atin ng Diyos. Hindi ang sinumang kaaway mo, not your abuser, not your slanderer, not your critics, not our government, not anyone! Kahit gaano pa ka-powerful ang mga forces na ‘yan going against us, wala tayong dapat ikatakot.

Tulad ng sabi ng Diyos kina Moses, Joshua, Gideon, “Wag kang matakot, kasama mo ako.” Kasangga mo ang Diyos, kakampi mo ang Diyos. You are always in the majority kung nasa panig mo ang Diyos. You have guaranteed victory if God is on your side. Tulad ng sabi ni Elisha sa servant niya na natatakot dahil sa dami ng kalaban nila, “Wag kang matakot. Those who are for us are greater than those who are against us.” Tulad din ng assurance ni Isaiah kay King Hezekiah dahil sa threat of Assyrian invasion. Dahil kakampi nila ang Diyos, dumaan lang ang anghel ng Panginoon sa kampo ng mga kalaban, daang-libo ang namatay sa mga kalaban. So, kung feeling mo man ay nagsasabwatan ang mga tao sa paligid mo, pinagtutulung-tulungan ka, tinatabunan ka ng mga problema at mga kahirapan sa buhay, wag kang matakot, wag kang mabahala. If God is for us, who can be against us? Alam mo ang sagot.

#2 – He who did not spare his own Son but gave him up for us all, how will he not with him graciously give us all things?

Romans 8:32 ESV

Tinawag ni John Piper itong verse na ‘to na “the solid logic of heaven.” E tayo pa naman ayaw pinag-uusapan itong mga may kinalaman sa “logic” o yun bang kailangan mong mag-isip. Tulad ng mga pinag-aaralan natin sa theology. Mahilig tayo ngayon sa mga hugot na emotion-laden, basta nakakaantig ng puso tatanggapin na natin. Ito kailangang mag-isip, pero kung alam mo yung gospel, alam mo ang sagot dito sa rhetorical question na ‘to: “Kung ang sarili niyang Anak ay hindi niya ipinagkait kundi ibinigay para sa ating lahat, paano pang hindi niya ibibigay nang sagana sa atin kasama niya ang lahat ng bagay?” Obvious na sagot? Siyempre naman ibibigay niya ang lahat para sa atin.

Tinatawag itong *a fortiori* argument o argument from the greater to the lesser. Kung itong greater thing ay totoo at nagawa ng Diyos para sa atin, how much more these lesser things? Halimbawa, two years ago binigyan ako ng regalo ng kapatid ko na espresso machine. Medyo mahal ‘yan. Out of his generous heart. Paano kung isang araw, naubusan ako ng kape. At nagtext ako sa kanya na kung madadaan siya sa Starbucks ay ibili niya ako ng coffee beans. Ibibigay niya kaya? Mag-aalangan kaya ako sa sagot niya? Siyempre confident ako kasi kilala ko siya, kapatid ko siya, kayang-kaya niya yan at masaya siya na magbigay! Maliban na lang kung ayaw na niya, o feeling niya abusado na ko, o nagbago na siya at hindi na siya generous, o kaya naghirap na siya at wala nang trabaho. Pag tao pwedeng magbago, pero ang grace and generosity ni Lord sa atin, hindi magbabago.

Ano yung “greater thing” o mas mahirap na ginawa na ng Diyos na nagbibigay katiyakan na gagawin din niya yung “lesser things” o yung mas madaling gawin? God did not spare his own Son. Hindi niya ipinagkait si Jesus na minamahal niyang anak at lubos na kinalulugdan. Ibinigay para sa ating lahat, sa ating lahat ng pinili niyang maligtas bagamat hindi karapat-dapat. Tayo na mga pasaway, rebelde at ipinagpalit siya sa mga bagay na walang kabuluhan. Ginawa niya ‘to para sa atin!

Ipinapaalala sa atin ng mga salitang ito—at maaaring ito ang nasa isip din ni Pablo nung sinusulat niya ‘to—ang pagsakripisyo ni Abraham kay Isaac na kanyang minamahal na anak. But Isaac was spared nung papatayin na siya ni Abraham para ialay sa Panginoon. Ipinalit ang isang tupa in his place. Pero nung papatayin si Cristo sa krus, hindi pinigilan ng Diyos ang mga papatay kay Jesus. Hinayaan niya ang Anak niya na patayin. Para sa ‘yo. Para sa akin. Dahil sa pag-ibig ng Diyos inialay niya ang kanyang Anak para sa atin (John 3:16). Ultimately, hindi si Judas, hindi si Pilato, hindi ang mga Judio, hindi ang kasalanan natin ang nagdala kay Cristo sa krus, kundi ang plano ng Diyos sa simula’t simula pa. Noon pa man ay itinakda na ng Diyos na ililigtas niya tayo, at noon pa man ay itinakda na ng Diyos ang paraan para maligtas tayo—ang kamatayan ng kanyang minamahal na Anak. This is the greatest thing God has done for us. Ito ang pinakamalaking regalo na tinanggap natin sa Diyos.

Kung ito ay totoo, how much more yung mga mas madaling bagay kesa dito? How much more na ibibigay ng Diyos ang lahat ng kailangan natin? “...how will he not with him graciously give us all things?” Christ and his work on the cross is our assurance na hindi sasabihin ng Diyos sa atin kapag may hinihiling tayo na kailangan natin, “Hindi na, tama na! Sobra ka na! Bahala ka na! Abuso ka na! Kaya mo na yan!” Christ is our assurance that God will cause “all things to work together for good” (8:28). Tulad ng “all things” dito, yung “all things” na ibibigay ng Diyos sa v. 32 ay hindi yung lahat ng gusto natin, kundi lahat ng kailangan para matupad ang layunin ng Diyos para sa atin, for us to be conformed to Christ, for us to persevere and be brought home to glory. The faith you need to persevere, the endurance you need in times of sufferings, the contentment you need in times of losses and needs, the strength you need to say no to temptations, the repentance you need when you fall into sin. Kapag sinabing all things ibig sabihin all things!

At ibibigay ng Diyos ‘yan sa ‘yo not because you are better than others, o you are proving yourself now worthy of his love, or because you deserve it. No! “Graciously give us...” Wala ni isa mang mabuting bagay ang tinanggap natin sa Diyos ang masasabi nating deserving tayo. It is all of grace from beginning to end.

May mga times na pinagdududahan pa rin natin ang kabutihan ng Diyos lalo na sa kabila ng mga sufferings natin. Pinagdududahan natin ang generosity ng Diyos sa panahong feeling natin ay salat na salat tayo sa buhay. It is easy for us to doubt Romans 8:28. Eto yung opening line ng song ni Babbie Mason na “Trust His Heart” “All things work for our good / though sometimes we don’t see how they could...” Tapos sabi ng kanta sa chorus part:

God is too wise to be mistaken
God is too good to be unkind
So when you don't understand
When you don't see His plan
When you can't trace His hand
Trust His Heart

Wag mong pagdududahan ang puso ng Diyos para sa ‘yo. Si Cristo ang ebidensiya niyan. Wag mong sabihing pinagkakaitan ka ng Diyos ng mabubuting bagay kapag tinitingnan mo ang buhay ng iba, kung ano ang meron ang iba at wala sa ‘yo. He will not withhold good things from his children. Tingnan mo si Cristo na pinako sa krus, ang nag-iisang Anak ng Diyos binigay sa ‘yo, tapos sasabihin mong pinagkakaitan ka niya? This is “the solid logic of heaven”! This is gospel assurance indeed!

Yung ikatlo at ika-apat na rhetorical questions ay closely related (related naman lahat!), kaya pagsamahin na nating pag-usapan.

#3 – “Who shall bring any charge against God’s elect? It is God who justifies.”

Romans 8:33 ESV

#4 – “Who is to condemn? Christ Jesus is the one who died-more than that, who was raised-who is at the right hand of God, who indeed is interceding for us.”

Romans 8:34 ESV

Karaniwan din, sarili nating kasalanan ang nagiging dahilan ng mga pagdududa natin. Sa isip-isip natin, itong kasalanan na nagawa natin noon pa, o nitong nakaraang araw lang, ang ebidensiya na hindi tayo matatanggap ng Diyos. Kaya dito sa vv. 33-34 ginamit ni Pablo ang lenggwahe ng korte para ipaalala sa atin ang mabuting balita. Tanong niya, “Sino ang mag-

aakusa o magsasampa ng kaso laban sa mga pinili ng Diyos?” Oo nga’t merong nag-aakusa sa atin — Si Satanas, ang pangalan nga niya ibig sabihin Accuser/Adversary (Zech. 3:1). O ang ibang tao na nakikita ang mga pagkakamali natin at sinasabing, “Ganyan ba ang buhay ng mga pinili ng Diyos? You are not qualified.” O ang sarili nating guilty conscience, na hirap na hirap tayong paniwalaan ang pagpapatawad at pagtanggap ng Diyos.

Talaga namang nagkakasala pa tayo, at talagang pwedeng gamiting ebidensya iyan, Exhibit A, na tayo’y karapat-dapat lang na parusahan ng Diyos, and we don’t deserve heaven! But that’s the point! We don’t really deserve salvation. Kaya nagdududa tayo kasi akala natin nakabase sa atin ang pagliligtas ng Diyos. Kaya nga ginamit ni Pablo yung term na “God’s elect” to refer to us Christians. Ito rin naman yung point ng vv. 29-30, “Those whom he foreknew, he also predestined...” Pinili tayo ng Diyos na maligtas. Tapos magdududa ka, pinili nga ba ako ng Diyos? Baka hindi naman ako kasali dun. Paano ako magkakaroon ng assurance na recipient ako ng promise of salvation na nasa vv. 28-30?

Tanungin mo ang sarili mo, Do you believe in Christ, placed your trust in him alone for salvation? Do you see evident fruit of the Spirit in your life? Are you making war against sin, and growing in Christ-likeness? Marami pang struggles yes, pero meron ka bang nakikitang evidence of sanctification? Then you are “God’s elect”! Don’t base the assurance of your election on what you are doing, or your qualifications, or characteristics. At anumang nakikita mo sa buhay mo ngayon ay bunga ng gawa ng Diyos sa buhay mo. Election is by God’s own free, sovereign choice. Hindi mo kailangang patunayan ang sarili mo sa sarili mo o sa ibang tao o sa Diyos to make yourself worthy of his choice. Kasi we are not worthy, we are not deserving. That is why it is called grace.

But the point of Paul’s question is that no one can be successful sa pagsasampa ng kaso sa atin to reverse God’s verdict for us. Kaya followup question niya, “Who is to condemn?” Sino ang hahatol? Pwede kang hatulan at kundenahin ng ibang tao, pero walang bisa iyon. Bakit? Dito may paliwanag si Pablo bakit yun ang sagot. Kasi marahil ay isa ito sa mga bagay na hirap na hirap tayong tanggapin. Natural tayong gospel amnesiac. So Paul

reminds us of the basis of this conclusion. At expansion lang din naman ito verse 1, in case you forget that, heto yun: “There is therefore now no condemnation for those who are in Christ Jesus.”

“There is therefore now no condemnation” sa verse 1, “It is God who justifies” dito sa v. 33. Sa verse 30, “justified,” tapos na, tapos na naman talaga ‘yan, naibaba na ang hatol sa atin nung mismong oras na sumampalatay tayo kay Cristo. Anong hatol? May kasalanan ka, guilty ka, dapat kang parusahan, pero ang hatol ng Diyos sa ‘yo, “Not guilty. Forgiven. Righteous.” Tapos na ‘yan, pero ipinaalala sa atin sa verse 1 na ang status na ‘yan ay nagpapatuloy hanggang ngayon, “now no condemnation.” At ito marahil ang dahilan ng pagkakagamit ng present tense ni Pablo sa verse 33, “It is God who justifies.”

Pero ang emphasis nito ay nasa Diyos na naggawad ng hatol at hindi sa hatol na ginawad niya sa atin. Ibig sabihin, desisyon ito ng Supreme Court of the Universe. At ang desisyong ito ay final at irreversible. Kahit anong kaso ang isampa ni Satanas, o ng ibang tao, o ng konsensiya natin, wala nang court of appeals na makapagbabaligtad ng desisyong ito ng Diyos. Kapag nagpatawad siya, it’s a done deal. Tulad ng vision na nakita ni Zechariah. Nakita niya si Joshua the high priest at inaakusahan siya ni Satanas. Pero sabi ng Diyos kay Satanas, “The Lord rebuke you, O Satan!” Itong si Joshua may suot-suot na maruming damit. Pero itong anghel ng Panginoon ay binihisan siya ng malinis na damit at sinabi, “Tinanggal na ang kasalanan mo” (Zech. 3:1-5).

Paano naman magiging makatarungan ang Diyos dun? Nung naging Christian nga tayo mas nakita natin ang laki ng mga kasalanan natin sa Diyos. Kung sa human court, pwedeng bagong ebidensiya yan para makasuhan tayo ulit. Ang napapawalang-sala lang ay yung mapapatunayang walang sala. Pero tayo kahit na may sala (at napakarami ng kasalanan natin!) ay pinawalang-sala. Nasaan ang hustisya dun? Nakay Cristo! No condemnation for those who are in Christ Jesus (Rom. 8:1).

Tulad ni Christian sa *The Pilgrim’s Progress*, sa paglalakbay niya suot-suot niya ay maruming basahan, pero nang makita niya ang krus, kung saan hubad na ipinako sa krus si Cristo, tinanggal ang marumi niyang damit at binihisan ng bago. Sabi ng author nito na si John Bunyan, sa oras na

inaakusahan siya ng konsensya niya na di siya karapat-dapat sa buhay na walang hanggan,

It was not my good frame of heart that made my righteousness better, nor yet my bad frame that made my righteousness worse; for my righteousness was Jesus Christ Himself, the same yesterday, and today, and forever.

John Bunya, Grace Abounding to the Chief of Sinners, cited in F. F. Bruce, Romans, 170

Kay Cristo nakakabit, at hindi ito kelanman makakalag, ang katiyakan natin na final and irreversible ang justification na meron tayo sa Panginoon.

“Christ Jesus is the one who died—and more than that, who was raised—who is at the right hand of God, who indeed is interceding for us” (v. 34). Tulad sa v. 32, dito sa v. 34 ay inihaharap sa atin si Cristo na siyang patunay at nag-iisang ebidensiya na kailangan natin sa mga oras na nagdududa tayo sa pag-ibig at pagtanggap ng Diyos sa atin. At nakabatay ito sa apat na gawa ni Cristo.

Una, **ang kamatayan niya**. He is “the one who died.” Ang kamatayan niya ang pinambayad para sa mga kasalanan, pagkakautang at obligasyon na meron tayo sa Diyos. Dugo niya ang pinambayad para maalís ang pataw na parusa na nararapat para sa atin. Binayaran na niyang lahat. Wala ni isa mang kasalanang nagawa mo, o nagagawa mo ngayon, o gagawin mo bukas ang sasapat na magsakdal sa ‘yo para maibalik ang death penalty for you. Sa kamatayan ni Cristo sa krus, he “condemned sin in the flesh” (Rom. 8:3). Pinarusahan na ang kasalanan para hindi ka na maparusahan. Si Cristo na ang namatay, para hindi na ikaw ang hatulan. Masasayang ang dugo ni Cristo kung ikaw na pinili niyang maligtas ay tuluyang malilihis ng landas at hindi makakarating sa kaluwalhatiang nakalaan sa lahat ng mga anak ng Diyos. Ang patunay na ang sakripisyo ni Cristo ay tagumpay at mabisa?

Ikalawa, **ang kanyang muling pagkabuhay**. “...more than that, who was raised.” Inako niya ang kasalanan natin sa kanyang kamatayan, at sa kanyang muling pagkabuhay, by faith in him, ay mapapasaatin naman ang kanyang katuwiran. This is the gospel of “the great exchange.” Our sin for his righteousness.

It will be counted to us who believe in him who raised from the dead Jesus our Lord, who was delivered up for our trespasses and raised for our justification.

Romans 4:24-25 ESV

Ikatlo, **ang kanyang pag-upo sa kanan ng Diyos**. Sa theology, tinatawag itong “session.” Matapos na si Cristo ay umakyat sa langit, naupo siya sa kanan ng Diyos (Mark 16:19; Psa. 110:1; Heb. 1:3). Naupo siya, ibig sabihin tapos na ang ginawa niya. It is finished! It is done! Sa kanan ng Diyos to designate the highest authority in all the universe (Matt. 28:18). Sa kanan ng Diyos to designate din yun closeness at intimate relationship niya with God. Hindi kailangang tumingin ng Diyos sa malayo, hindi kailangang tingnan ng Diyos ang mga ebidensya ng gawa natin para pagbasehan ng pagtanggap niya sa atin. He always looks at the righteousness of his Son na nasa atin din. Wala na tayong dapat gawin to prove ourselves to him or to other people. Nakakapagod mamuhay nang ganyan. Kaya ang pag-upo ni Cristo sa kanan ng Diyos ang magbibigay sa atin ng kapahingahan sa katiyakan na meron tayo dahil kay Cristo. At hindi ibig sabihing wala na siyang ginagawa para sa atin at nakaupo na lang!

Ika-apat, **ang kanyang nagpapatuloy na panalangin para sa atin**. “... who indeed is interceding for us.” Ang Espiritu na nasa puso natin ay “interceding” din para sa atin (v. 26). Si Cristo na nasa langit ay nanalangin din para sa atin. Siya ang advocate natin sa Diyos whenever Satan accuse us dahil sa mga kasalanan natin (1 John 2:1). His sacrifice on the cross was so precious, kaya titiyakin niya by his intercessory work for us na wala ni isa man lang na patak ng kanyang dugo ang masasayang. Kung paanong pinagpray niya si Pedro na hindi bumagsak ang pananampalataya, at kung mahulog man sa kasalanan ay magbalik-loob sa Diyos (Luke 22:31-32), patuloy na ganyan din ang prayer sa atin ng Panginoon (John 17; Heb 7:25).

Mahalaga na ipagpray natin ang bawat isa and we encourage that sa church. But we fail to uphold each other in prayer. But we have a high priest in heaven who never fails in interceding for us. At lahat ng prayer ni Jesus para sa ‘yo dinidinig at sinasagot ng Diyos. Hindi ba’t malaking comfort ang dulot

niya sa puso natin? Marami tayong failures. Maraming disappointments tayo sa mga taong inaasahan natin na tutulong sa atin. But we have a Savior in heaven who will never ever fail us.

Napakasarap nang nakay Cristo. Napakasarap maging Cristiano. Nasaan ang katiyakan natin? Nakay Cristo! Nasaan ang patunay na ang Diyos ay para sa atin? Nakay Cristo! Nasaan ang patunay na ibibigay ng Diyos ang lahat ng kailangan natin? Nakay Cristo! Nasaan ang patunay na wala nang makapagsasampa ng kaso laban sa atin para muli tayong hatulan? Nakay Cristo. At dahil nakay Cristo ang assurance natin, wala tayong dapat ikatakot na anuman, at wala rin tayong dahilan para pagdudahan ang pag-ibig ng Diyos.

And we will talk more about that love of God for us in Christ Jesus sa huling bahagi ng pag-aaral natin sa Romans 8 next week.

Sermon: No Separation (Rom. 8:35-39)

 treasuringchristph.org/2020/09/07/sermon-no-separation-rom-835-39

Introduction

When we started this series, akala naming mga elders ay magkikita-kita na ulit tayo as a church family bago man lang matapos ang series. Hindi pa pala! Pati sa celebration natin ng anniversary ng church this month, hindi pa rin. Talaga namang pinaghiwa-hiwalay tayo nitong coronavirus na 'to. Napakalaking pinsala ang dulot sa atin. And not just sa church natin. Meron din tayong kasama at mga kakilala na nahiwalay sa asawa dahil hindi makauwi ang asawa nila mula sa ibang bansa o sa ibang lugar sa Pilipinas. Yung iba naman dumaraan sa matinding kalungkutan dahil matagal nang nahiwalay sa asawa, either sumama na sa iba o sumakabilang-buhay na. Yung iba naman sa halip na maging mainit ang relasyon dahil madalas magkasama sa bahay, parang mas lumalamig pa, at malayo ang loob sa isa't isa. Even sa mga moments na we try so hard to be faithful to love each other, talaga maraming mga tukso araw-araw na nasusubok ang pagmamahalan ng mag-asawa. Mahirap kung ang security at confidence natin ay nakakabit sa tao.

At totoo ito hindi lang sa mga may-asawa, kundi pati sa mga singles din. Every single one of us long for a love relationship that will last. Sa pamilya man o sa kaibigan o sa isang special someone. At itong pandemic na 'to ay nasusubok ang tibay ng relasyon natin sa ibang tao. Lalo na ang relasyon natin sa Diyos. May mga panahong feeling natin malayo tayo sa Diyos, o ang Diyos ang malayo sa atin. Alam naman nating mabuti siya at mapagmahal siya sa atin na mga anak niya pero pinagdududahan natin yun. In light of the many difficult things na nararanasan natin ngayon, paano naman yun makapagpapatunay ng kabutihan at pag-ibig ng Diyos? More than any human relationships, gusto nating mas tumibay pa ang kumpiyansa natin at security natin sa pag-ibig ng Diyos sa atin.

At ito naman ang layunin ni Pablo bakit merong Romans 8—para iapply yung mga gospel realities na nakasulat sa first seven chapters sa puso nating mga nakay Cristo at mga anak ng Diyos para bigyan tayo ng mas matibay na

assurance in light of “the sufferings of this present time” (v. 18). Anuman ang mangyari, gaano man kahirap ang maging kalagayan natin sa buhay sa mundong ito, anumang kaguluhan ang pumutok sa paligid natin, gaano man katindi ang maging mga struggles natin sa relasyon natin sa ibang tao, sa pakikitungo nila sa atin, sa hirap natin sa pakikipaglaban sa kasalanan, our status in Christ is secured.

Wala nang condemnation. Inako na ni Jesus ang lahat ng parusa na nararapat sa atin. Itinuring na tayo ng Diyos na matuwid (*justification*)—and more than that, tinanggap na tayo ng Diyos na mga anak niya (*adoption*). Habang nandito pa tayo sa mundo, ang Espiritu na naninirahan sa atin ang tumutulong sa atin para labanan ang kasalanan (v. 13), maging katulad ni Cristo (v. 29) at magpatuloy na magtiwala at umasa sa mga pangako ng Diyos (*sanctification*). Sigurado tayo na ang mana na tatanggapin natin bilang mga anak ng Diyos ay hindi maikukumpara sa anumang hirap na nararanasan natin ngayon (v. 18) (*glorification*). Paul was so sure about our future with Christ kaya sinabi na niya itong glorification in the past tense: “and those whom he justified, he also *glorified*” (v. 30). This is so sure kasi walang anumang hirap na nararanasan natin ngayon ang makahahadlang para matupad ang layunin ng Diyos. Sa katunayan nga, gagamitin pa yan ng Diyos to work for our good (v. 28).

Siguradong-sigurado si Pablo sa mga sinasabi niya sa atin. Gusto niya ring maging siguradong-sigurado tayo. Kaya naman gumamit siya ng mga rhetorical questions mula v. 31, para tulungan tayo na magkaroon ng greater personal assurance na masabi rin nating totoo nga ang lahat ng ito.

- v. 31—“What then shall we say to these things? If God is for us, who can be against us?” Ano’ng sagot mo? Wala! Walang sinuman ang magtatagumpay laban sa atin.
- v. 32—“He who did not spare his own Son but gave him up for us all, how shall he not with him graciously give us all things?” Ano’ng sagot mo? Siyempre naman, ibibigay niya ang lahat ng kailangan natin!

- v. 33—“Who shall bring any charge against God’s elect?” Sino nga naman ang makapag-aakusa pa sa atin para baligtarin ang no-guilty/righteous in Christ verdict sa atin ng Diyos? Wala! Bakit? “It is God who justifies.” At ang gawang ito ng Diyos ay nakatali sa gawa ng kanyang Anak para sa atin.
- v. 34—“Who is to condemn? Christ Jesus is the one who died—more than that, who was raised—and who is at the right hand of God, who indeed is interceding for us.”

Kung ang Diyos nga naman ang nasa panig natin—Diyos Ama, Diyos Anak, Diyos Espiritu—ano pa ang ikakatakot mo? Yung ibang tao? Yung mangyayari bukas? Wala na tayong dapat ikatakot pa. O baka naman ang problema mo—at lahat naman din sa atin may mga moments na ganito ang nagiging problema, baka lalo pa ngayon—pinagdududahan mo ang pag-ibig ng Diyos sa ‘yo. Paano kung huminto na ang pagmamahal ng Diyos sa akin? Paano kung sobrang laki ng kasalanan ang nagawa ko at magsawa na siyang magmahal sa akin? Paano ako makatitiyak na secured ako in the loving hands of God? Ang problema kasi sa atin dinadala natin sa Diyos ang mga karanasan natin sa relasyon natin sa ibang tao. Nakakalimutan nating ang Diyos ay hindi tao na tulad natin na may hangganan ang pagmamahal. We have a God whose love is everlasting, unfailing, unchangeable, unbreakable, sure and certain—for every one of his children.

The Love of Christ

At diyan magtatapos si apostol Pablo dito sa chapter 8. Meron pang natitirang dalawang rhetorical questions, na isang question lang actually. **“Who shall separate us from the love of Christ” (v. 35)?**

Ang tinutukoy niya dito ay yung pag-ibig ni Cristo sa atin. Hindi yung pag-ibig natin sa kanya. Ano nga ba namang security ang matatanggap natin kung klase ng pag-ibig natin sa kanya ang pagbabasehan nun? Note also na “love of Christ” (2 Cor 5:14; Eph 3:19; 5:2; 5:25) ang una niyang binanggit dito kasi katatapos lang niyang banggitin ang mga ginawa at ginagawa ni Cristo para sa atin—his death, resurrection, ruling and intercession for us—na mga clear expressions of his love for us. Mamaya “love of God” (Rom. 5:8; 2 Cor 13:14; 2 Thess 3:5; Jude 21) ang babanggitin niya sa v. 39. Sa v. 37

naman vague kung sino yung “him” sa “we are more than conquerors through *him* who loved us.” Pwedeng God the Father, pwedeng God the Son. Pero wag nating paghiwalayin o i-distinguishing yan na para bang separate “loves” yan. The love of God the Father is the love of God the Son for us. Actually sa 15:30, babanggitin naman niya yung “the love of the Spirit.” And this is the assurance we have in the love of God—kasali tayo sa pagmamahal at pagmamahalan ng tatlong persona sa Trinity—loved by the Father, loved by the Son, and loved by the Spirit. Hindi natin fully nare-realize ‘yan kaya naghahanap pa tayo ng ibang klaseng pagmamahal as if we can find the security we long for in any human love.

Even the most intimate of human relationships ay pansamantala lang. Kasi ang mag-asawa naghihiwalay din—merong sumasakabilang-buhay na, meron namang sumasakabilang-bahay na. Yung tanong ni Pablo na “Who shall separate us from the love of Christ?” ay merong larawan sa relasyon ng mag-asawa. Kasi yung salitang “separate” (Gk. *chorizo*) ay ginagamit din sa paghihiwalay o divorce ng mag-asawa (Matt. 19:6; Mark 10:9; 1 Cor. 7:10, 11, 15). Ang disenyo ng Diyos sa mag-asawa ay hindi maghiwalay, at kamatayan lang ang makapaghiwalay sa kanila para, para magsilbing shadow o reflection ng always faithful love ni Cristo para sa iglesia (Eph. 5:25). At ang tinutukoy niya dito ay yung love relationship natin kay Cristo. Meron daw bang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Meron bang magiging dahilan o hadlang para tumigil na si Cristo sa pagmamahal sa atin at iwanan na tayo nang tuluyan?

Obvious answer is—no one and nothing can separate us from the love of Christ. We are secured in his love for all eternity. Di tulad ng mga mag-asawa. Dahil sa prone tayo sa unfaithfulness, merong naghihiwalay. At kung hindi pa kayo naghihiwalay, praise the Lord for that. Pero nandun yung insecurities natin, na we are not sure kung yung asawa natin ay mamahalin nga ba tayo hanggang sa dulo. Hindi rin naman tayo sure sa sarili natin, hindi sila sure sa atin kung mamahalin natin sila hanggang sa dulo. Kahit mangako pa tayo sa isa’t isa—in sickness or in health, for richer or for poorer, for better or worse, til death do us part. Yung iba dahil sa sakit iniwan ang asawa. Yung iba naman kahit maayos naman, iniwan pa rin. Yung iba dahil sa hirap sa buhay, naghahanap ng iba na mapera na di tulad

ng asawa niya. Yung iba naman dahil sa trabaho at gahaman sa pera, kinalimutan na ang asawa. And eventually, even the best marriage will sa oras ng kamatayan. Pero ang relasyon natin kay Cristo? Yung pag-ibig sa atin ni Cristo? May katapusan ba yun? Kaya may follow up question si Paul sa v. 35,

“Shall tribulation, or distress, or persecution, or famine, or nakedness, or danger, or sword?” May isa-isang binanggit si Pablo.

- Tribulation o “kaguluhan” (MBB). Generally, tumutukoy sa anumang hirap na nararanasan natin sa buhay. Yang mga kaguluhan ba na nangyayari sa paligid natin ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Hindi!
- Distress o “kapighatian.” Ito naman panloob, hirap ng kalooban o damdamin. Literally, para kang nasa isang narrow space, naiipit, nagigipit, parang hindi makahinga sa bigat ng nararamdaman mo. Yang kapighatian ba o pait ng nararanasan mo ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Hindi!
- Persecution o “pag-uusig.” Maraming mga Christians sa panahon ni Pablo ang nakakaranas nito sa pang-araw-araw na buhay. Ngayon din sa iba nating mga kapatid sa Panginoon sa mga lugar na inuusig ang mga Christians. Sa atin, meron din, pero hindi lang ganun katindi. Paano kung lumala ‘yan? I-threaten ka ng gobyerno o ng ibang tao o maging ng pamilya mo na ikukulong ka o itatakwil o papatayin dahil sa pagsunod kay Cristo. Yang matinding pag-uusig na ‘yan ang magkapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Hindi!
- Famine, or nakedness, o “pagkagutom, kahirapan.” Literally, kahubaran. Walang makain, walang maisuot, walang matirhan dahil sa hirap sa buhay. Hindi lang ito yung walang aircon pag mainit, walang internet pang-online meetings. Poverty na ang pinag-uusapan dito. Paano kung ganun? ‘Yang hirap sa buhay ba ay sapat para makapaghiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Hindi!

- Danger o “panganib.” Hindi mo alam isang araw paglabas mo kung ano ang mangyayari sa ‘yo. Manakawan ka, mahawa ka ng virus, maaksidente ka sa motor. Hindi tayo sigurado kung ano ang mangyayari paglabas mo ng bahay, o kahit nga nasa loob ka lang ng bahay. ‘Yan bang panganib na ‘yan ay makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Hindi!
- Sword o “kamatayan.” Yan ang salitang ginagamit para tukuyin ang pagpatay sa mga Cristiano noon na inuusig sa kanilang pananampalataya. Yang kamatayan na yan ang makapaghihiwalay sa atin sa mga mahal natin sa buhay, pero yan ba ay makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Hindi!

Sa bawat tanong na yan, alam natin ang sagot. Alam natin na sigurado tayo sa pag-ibig ni Cristo sa atin. Kaso merong mga tao ngayon na dahil sure daw sila sa pag-ibig ni Cristo, kaya sure sila na hindi sila dadapuan ng anumang sakit o makakaranas ng anumang hrap. As if your comfort and convenience ang greatest proof of God’s love for you. No! Kaya nga sabi ni Paul sa **v. 36, “As it is written, ‘For your sake we are being killed all the day long; we are regarded as sheep to be slaughtered.’”** Galing ito sa Psalm 44:22, at ito ay paglalarawan ng karanasan ng mga sumasampalataya sa Diyos sa panahon pa ng Old Testament. Ito ay panalangin ng paghingi nila ng tulong, while also expressing their confidence and trust in God to hear their prayers. Sa dulo nito ganito ang prayer, vv. 24-26:

Kami'y huwag pagkublihan, pagtaguan ay huwag din,
ang pangamba nami't hrap, huwag mo pong lilimutin.
Halos kami ay madurog nang bumagsak na sa lupa;
sa bunton ng alikabok ay lupig na nabulagta.
Bumangon ka at tumulong, kami ngayon ay iligtas,
dahilan sa pag-ibig mong kailanma'y di kukupas!

Ang pangamba, hrap, pagbulagta, at halos madurog na karanasan normal na bahagi na ng buhay. Sure na mangyayari yan. Don’t expect na exempted ka sa mga yan. Expect even the worst. “Being killed” sa quotation ni Paul, pati “sheep to be slaughtered.” Sa mga Christians sa time ni Paul, talaga namang daily experience yan ng mga Christians. At reminder din ito sa atin na as we follow Christ, we also suffer for Christ, “for your sake.” Ang

panawagan niya sa atin as disciples is to take up our cross daily and follow him (Luke 9:23). Mahirap ang buhay para sa mga non-Christians at mga Christians. And don't expect na kapag naging Christian ka ay magiging mas madali ang buhay mo. Maaari pa ngang mas maging mahirap. Ang pagkakaiba natin sa mga non-Christians? Hindi kukupas ang pag-ibig ng Diyos para sa atin (Psa. 44:26).

Gospel Love

So if you are not a Christian, you are still outside of Christ, you are also outside of the security his love offers. Kung Christian ka, wag mo ring sasabihin sa mga unbelievers, kapag meron silang matinding pagsubok, “Kaya mo yan, mapagtatagumpayan mo ‘yan.” No, ang tagumpay sa anumang pagsubok sa buhay ay makakamit lang ng mga nakay Cristo. Kaya sabi ni Pablo sa v. 37, **“No, in all these things we (us who are in Christ) are more than conquerors through him who loved us.”**

Simula dito hanggang sa v. 39, sasagutin ni Pablo yung rhetorical question niya. Di naman conventional way yun ng gamit ng rhetorical question. Kasi obvious naman ang sagot. Alam naman natin ang sagot na walang anuman o sinuman ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos. Pero yung alam na natin pinagdududahan pa rin natin. This is not just a knowledge or intellectual issue. It is a matter of the heart. At kung puso ang pag-uusapan, marupok ang emotions and convictions natin lalo na kung nasasalanta tayo ng maraming trahedya sa buhay. Kailangan ng pundasyong nakatayo sa bato, kailangan ng reinforcement, kailangang lagyan ng bakal para tumibay ang assurance natin about the love of God for us.

Minsan feeling natin underdogs tayo. Wala pa sa labanan, talunan na agad ang mindset. Yes, marami nang pagkakataon na pinaghinaan tayo ng loob, nahulog sa tukso, naranasan ang pagkasira ng isang relasyon na para bang wala nang pag-asang maayos pa. Pero lagi rin nating alalahanin na walang anumang karanasan natin dati o ngayon, o mararanasan natin bukas ang may kakayahang isubsob tayo nang tuluyan. Kaya sabi ni Pablo, No, to emphasize yung sagot sa tanong na meron bang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Wala! Kasi sa lahat ng mga binanggit niya, kahit

magtulong-tulong pa yan, magsabay-sabay pa yan at masabi nating, “Ayoko na. Parang hindi ko na kakayanin!” dapat sabihin natin, “No, in all these things we are more than conquerors through him who loved us.”

Hindi lang tayo magtatagumpay o mananalo sa mga kalabang ito. We are more than conquerors, lalong higit na magtatagumpay (MBB). Hyper-conquerors. Super-conquerors. Hindi lang tayo mananalo ng isang puntos, tulad ng isang player ng Toronto Raptors na naka-buzzer beater 0.5s na lang ang natitira sa game clock vs Boston Celtics. Ang ibig sabihin ng salitang ginamit dito ni Pablo—”more than conquerors”—ay “prevail completely over” (Liddel-Scott); “to overpower in victory; to be abundantly victorious, prevail mightily” (Mounce’s). Hindi lang tayo mananalo at magtatagumpay. Tatambakan natin ang kalaban, mana-knockout ang kalaban.

Paano mangyayari yun? Dahil ba mas powerful tayo? Dahil ba sa sarili nating lakas o willpower? Dahil ba sa husay ng istrategiya natin? No. “Though him who loved us.” Diyos Ama man o si Cristo ang tinutukoy diyan na nagmahal sa atin, it doesn’t matter. Ang mahalaga magkaroon tayo ng katiyakan na itong pagmamahal ng Diyos sa atin ay over-powering, overcoming love of God. We overcome anumang pagsubok o challenges sa buhay because of Christ na siyang nagtagumpay na para sa atin (John 16:33). At ang tagumpay na ito ay evident sa kanyang kamatayan sa krus at muling pagkabuhay. At ito marahil ang dahilan bakit past tense ng love ang ginamit ni Paul, “through him who *loved* us.” Di ba dapat, “him who *loves* us,” para present tense, para nagpapatuloy? Hindi nagkamali ng grammar si Pablo dito. Sadya iyon para ipaalala sa atin na ang kumpiyansa natin sa pagmamahal ng Diyos ay nakatali sa pagmamahal niya sa atin na ipinakita na niya sa krus ni Cristo.

“Ngunit pinatunayan ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Cristo para sa atin noong tayo’y makasalanan pa” (Rom. 5:8). Ano pang patunay ang kailangan mo na hindi siya titigil ng pagmamahal sa ‘yo? Instead of focusing on your present sufferings, o yung mga bagay na sa tingin mo ay hindi ibinibigay ng Diyos sa ‘yo ngayon, focus on the suffering of Christ for you. That is God’s love for you. “...ang buhay ko ngayon sa

katawan ay ikinabubuhay ko sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos na *nagmahal sa akin at naghandog ng kanyang sarili para sa akin*” (Gal. 2:20).

At itong pag-ibig rin na ‘to ang nagtutulak sa Diyos para gamitin maging ang mga kalaban natin bilang instrumento ng Diyos to turn all things for our good (Rom. 8:28). “Christians are more than conquerors, because God turns everything—even suffering and death—into good” (*ESV Study Bible*). Kaya kung minsan feeling natin nakasubsob na ang pamilya ninyo, o ang church natin dahil sa epekto ng coronavirus, tingin tayo kay Cristo na hindi lang pinako sa krus at muling nabuhay, kundi siya ring nangako na, “I will build my church. And the gates of hell (so, not even this pandemic!) shall not prevail against it” (Matt. 16:18). We are more than conquerors, super-conquerors, through him who loved us.

The Unfailing Love of God

Paano nasabi ni Pablo na itong pag-ibig ng Diyos ay all-conquering love, lalo pa kung ang dami na nating failures and defeats na naranasan sa buhay? Wala naman na siyang bagong sasabihin pa sa vv. 38-39, except express yung kanyang deep conviction about the assurance na meron siya sa pag-ibig ng Diyos, “For I am sure that neither death nor life, nor angels nor rulers, nor things present nor things to come, nor powers, nor height nor depth, nor anything else in all creation, will be able to separate us from the love of God in Christ Jesus our Lord” (Romans 8:38-39 ESV). Heto rin yung expansion nung sagot ni Pablo sa tanong niya sa v. 35, with some slight differences na kailangan nating pansinin.

Una, yung love sa v. 35 ay “love of Christ.” Dito naman ay “love of God in Christ Jesus.” Wala namang pinagkaiba ang pag-ibig ng Diyos at pag-ibig ni Cristo. Pero ang emphasis dito ay “in Christ Jesus.” Ang security na meron tayo sa pag-ibig ng Diyos ay nakakabit kay Cristo at sa pakikipag-isa natin sa kanya. You will only experience genuine love through Christ. Outside of him, you are under his wrath (John 3:36). Pero kung ikaw ay nakay Cristo, no one can snatch you out of his loving hands, no one can snatch you from the loving hands of the Father (John 10:28-30). The love of God for us is secured by Christ, anchored in Christ, and indissoluble because our union with

Christ is unbreakable. Sa relasyon natin sa tao, walang forever. Pero ang pag-ibig sa atin ng Diyos, yun ang forever. Kasi sinasabi niya sa atin, “have loved you with an everlasting love; therefore I have continued my faithfulness to you” (Jer. 31:3). Ang pag-ibig ng Diyos sa atin ay mula pa sa simula’t simula (Rom. 8:29), and it will last for gazillion years in eternity.

Ikalawa, yung sa v. 35, “Who shall separate us...?” Dito naman sa v. 39, “...is able to separate us.” May focus dun sa power. Kasi yung salitang “able” (Gk. *dunamis*) ay pareho din nung “power” sa Rom. 1:16, “The gospel is the power of God for salvation.” As Paul closes this chapter, ipinakikita niya sa atin ang kapangyarihan ng pag-ibig ng Diyos, a love so powerful that nothing in all the universe can match. How can you not be secured in that kind of all-powerful love?

Ikatlo, yung sa v. 35 ay in the form of a question, dito sa vv. 38-39 ay expression ng strong conviction na meron siya. “For I am sure...” Sigurado siya na wala nang mas powerful enough to overpower the love of God we have in Christ. Eto yung assurance, conviction and confidence na meron siya. Not wishful thinking, not merely thinking about positive things. Hindi ito baka sakali, hindi ito yung itataya mo ang buhay mo, bahala na kung ano ang mangyayari but you’re hoping for the best outcome. In light of the gospel, in light of the promises of God, in light of the Word of God, dahil sa pagkilos ng Espiritu sa puso ni Pablo, kaya nagkaroon siya ng ganitong assurance. Sabi niya, “I am sure” about this. Hindi niya sinabing “we are sure.” Kasi yung iba namang Christians hindi “sure.” Merong mga doubts tungkol sa laki at lawak at lalim ng pag-ibig ng Diyos. Sigurado siya, ikaw ba sigurado ka rin sa pag-ibig ng Diyos sa ‘yo?

Are you sure? Do you have this strong assurance? Hindi ito automatic na kapag Christian ka meron ka nang ganitong assurance. So kapag nanghihina ang loob, o nag-aalinlangan ka, o nababalisa ka sa mangyayari bukas, pray to God na ipaunawa sa ‘yo ang mga salita niyang ito, na bumaon ito sa puso mo, para mas tumibay at lumalim at humigpit ang pagkapit mo sa kanya. At masabi mo rin tulad ni Pablo...

“Sapagkat natitiyak kong walang makapaghihiwalay sa atin sa kanyang pag-ibig. Kahit

- **ang kamatayan o ang buhay.** Oo nga't kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, pero para sa ating mga Cristiano, ito pa ngang kamatayan ang pasimula ng karanasan natin sa walang-hanggang pag-ibig ng Diyos sa langit. At kahit ano pang mangyari sa buhay natin ngayon, makatitiyak tayo sa pag-ibig ng Diyos hindi lang sa langit, kundi maging sa buhay natin sa mundong ito.
- **ang mga anghel o ang mga pamunuan at ang mga kapangyarihan.** Makapangyarihan ang mga anghel at mga demonyo, at ibang spiritual forces at work. Pero sila ay mga nilalang din ng Diyos at no match sa kapangyarihan ng Maylikha sa kanila. Walang anumang spiritual warfare ang dapat nating katakutan. Lalo naman ang mga nasa pwesto o kapangyarihan sa gobyerno ngayon. Kahit anong pang-aabuso, kahit anong pang-aapi, kahit anong kasakiman o karahasan ang ipakalat nila laban sa atin, the love of God is more powerful. ****
- **ang kasalukuyan o ang hinaharap.** Marami tayong iniintindi ngayon, maraming inaalala sa mangyayari bukas. Maraming difficulties, maraming uncertainties. Pero siguradong hindi mababawasan ang pag-ibig ng Diyos sa atin sa kabila ng lahat na mga 'yan. ****
- **ang kataasan o ang kalaliman.** Wala nang mas tataas pa, mas lalalim pa, mas lalawak pa, mas lalaki pa, mas makahihigit pa sa pag-ibig ng Diyos sa atin.
- **o alinmang nilalang.** Parang sabi ni Pablo, you get the point, alangan namang isa-isahin ko pa yan, pare-pareho naman ang sagot. Lahatin na natin, kahit magsama-sama na ang lahat ng pwersa sa buong mundo, o sa buong kalawakan, o sa buong sangnilikha, makatitiyak tayo na ang mga ito...

ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos na ipinagkaloob sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.”

Nais ni Pablo na magkaroon din tayo ng ganito katibay na assurance. And this is my prayer for our Romans 8 series. Na sa pagtatapos natin ngayon, bagamat hindi pa tapos itong pandemic na 'to, ay masabi rin niya sa puso ninyo ang mga salitang 'yan, at magkaroon kayo ng mas malalim, mas matibay na katiyakan ng security na meron tayo sa pag-ibig ng Diyos sa atin.

I already preached a lot of sermons about this—twelve sermons on Romans 8! Ginawa ko na ang lahat ng magagawa ko sa mga panahong ‘yan para ipaliwanag sa inyo ang Salita ng Diyos. That is why I pray now for you. Kasi hindi naman magkakaroon ng ganitong assurance sa puso n’yo kung hindi kikilos ang Espiritu ng Diyos na siyang mag-aapply ng Salita ng Diyos sa puso natin para matuto tayong palaging tumingin sa gawa ng Anak ng Diyos na si Cristo para sa atin.

Gawa ng Diyos sa puso natin itong assurance na ‘to. Pero siyempre may gagawin din tayo in response. Dahil si Cristo na tinitingnan natin ay siyang “ating Panginoon.” Our Lord. So we obey his word. Patuloy tayo sa pakikipaglaban sa kasalanan at sa pamumuhay nang may kabanalan. Paano ka magkakaroon ng assurance kung babalewalain mo naman ang lahat ng mga salita niya? Oo nga’t ang buhay natin ay secured dahil sa pag-ibig ng Diyos sa atin, pero ang pag-ibig ding ito ng Diyos ay powerful enough to change our hearts, to make us love him more and to obey him more fully. So, as you walk in obedience at makita mo ang paggabay ng Diyos sa yo, the more you will experience assurance.

At buti na lang hindi sariling kayod ang buhay Cristiano. Sapat ang tulong na galing sa Diyos. At isa sa tulong na ibinibigay niya ay ang church, ang pamilya ng Diyos. Kailangan din natin kasi ang tulong ng bawat isa sa church. Kaya mahalaga ang church membership. Our journey toward greater assurance is a community project. Sama-sama tayo sa labang ito. Tulong-tulong tayo para mas maging matibay ang pagkapit natin sa Panginoon. Sinabi ni Pablo na “I am sure,” kasi gusto niya ring masabi mo na, “I am sure.”

At itong mga huling talatang ito ay corporate language ang gamit niya, “Who shall separate *us...we* are being killed...*we* are more than conquerors through him who loved *us...*[nothing] shall be able to separate *us...* Christ Jesus *our* Lord.” Sa pagharap natin sa hiras ng buhay ngayon, oo nga’t magkakahiwalay tayo pero sama-sama tayo sa pagharap dito, sama-sama tayo sa pagtatagumpay, sama-sama tayo sa pagmamahalan sa isa’t isa, sama-sama tayo sa pagsunod.

Kaya kaming mga elders ng church sama-sama na nananalangin para sa

inyong lahat, at nagtutulungan kung paano namin kayo mas mapangangalagaan pa. Kasi kailangan n'yo mula sa amin ang panalangin at tapat na pagtuturo ng salita ng Diyos. Kailangan din namin kayo. Napapagod din kami, nanghihina rin, nagdududa rin, nahuhulog din sa tukso. We need you to help us finish well. Kailangan natin ang isa't isa. Marami tayong kasama sa church na nanghihina na rin, baka yung iba nanlamig na, yung iba parang sumusuko na, sino ang kukumusta sa kanila? Sino ang magpapaalala sa kanila ng mga pangako ng Diyos? Sino ang mananalangin para sa kanila?

Tulong-tulong tayo, mga kapatid. Matatapos ding lahat ito. At balang araw, itong inaasahan natin ay magiging realidad, our faith will turn to sight, and we will see Jesus face to face, Christ our hope in life and death.